

Ligtas na Pabahay sa San Francisco: Isang Pagtatasa sa Mga Pangangailangan ng Komunidad

Inihanda ng Safe Housing Alliance

Pagkilala

Ang pangunahing may-akda ng Pagtatasa sa Mga Pangangailangan ng Komunidad para sa Ligtas na Pabahay ay si Kris Billhardt, Director ng Inobasyon sa Programa at Pagsasanay sa Safe Housing Alliance (SHA). Nagbigay ng malaking kontribusyon at suporta ang mga kawani ng SHA, na kinabibilangan nina Jenny McKenzie, ang Tagapamahala sa Operations and Communications, Wyanet Tasker, Director ng Partnerships and Community Engagement, at Peg Hacskaylo, ang Tagapagtatag at CEO. May mga karagdagang kontribusyon sa ulat sina Raquel White, Executive Director ng Voices of Women (VOW), at Shobana Powell, CEO at Tagapagtatag ng Shobana Powell Consulting (SPC).

Talaan ng mga Nilalaman

- Panimula 9
 - Background ng Proyektong Pagtatasa sa Mga Pangangailangan ng Komunidad 10
 - Pambansang Konteksto para sa Pagpapahusay ng Access ng Survivor sa Pabahay 10
 - Konteksto ng San Francisco para sa Pagpapahusay ng Access ng Survivor sa Pabahay 10
 - Kasalukuyang Imbentaryo ng Mga Opsyon sa Pabahay para sa Mga Survivor..... 11
 - Kasalukuyang Proseso ng Nakakoordinang Paglahok..... 12
- Paglalarawan ng Proyekto 14
 - Mga Pagpapahalaga ng Proyekto..... 14
 - Mga Katuwang sa Proyekto 15
 - Mga Elemento ng Proyekto 15
- Mga Natuklasan 16
 - Mga Panayam sa Pangunahing Stakeholder 16
 - Mga Session ng Pakikinig sa Survivor..... 22
 - Working Group para sa Ligtas na Pabahay 27
 - Survey sa Komunidad..... 29
- Pagtalakay/Pagsusuri 52
 - Mga Kalakasan/Mga Asset..... 52
 - Mga Limitasyon at Hamon 54
- Mga Rekomendasyon 55
 - Buong system..... 55
 - Mga Access Point 58
 - Pag-screen..... 59
 - Access sa Shelter 59
 - Access sa Pabahay..... 60
 - Pag-iiba..... 62
- Mga Susunod na Hakbang 62
 - Karahasan sa Komunidad..... 62

Pagbuo ng Plano sa Pagpapatupad.....	63
Kongklusyon.....	64
Mga Sanggunian.....	65
Mga Apendise	67
Apendise A: Proseso ng Mga System sa Nakakoordinang Paglahok (ibinigay ng HSH)	67
Apendise B: Mga Tanong para sa Panayam sa Stakeholder	68
Apendise C: Mga Tanong para sa Session ng Pakikinig sa Survivor	70
Apendise D: Ulat sa Quantitative Data ng Focus Strategies	71
Apendise E: Mga Pagpapahalaga ng Working Group para sa Ligtas na Pabahay at Mga Kasunduan sa Grupo	96
Apendise F: Buod ng Pagmamapa ng Mga System.....	97
Apendise G: Memo tungkol sa Portfolio.....	sa
Pabahay Kaugnay ng Karahasang Dahil sa Kasarian para sa FY22-23 ng Departamento sa Kalagayan ng	
Mga Kababaihan 101	
Mga Pagkilala	105

Pangkalahatang Buod

Noong 2021, nakipag-ugnayan ang Departamento para sa Kawalan ng Tirahan at Suportang Pabahay (Homelessness and Supportive Housing o HSH) ng San Francisco sa Safe Housing Alliance upang magsagawa ng Pagtatasa sa Mga Pangangailangan ng Komunidad para masuportahan ang paninindigan nito sa pagpapahusay ng access sa at kaligtasan ng mga serbisyo sa mga walang tirahan at pabahay para sa mga survivor ng Karahasan sa Tahanan (Domestic Violence o DV), Sekswal na Pag-atake (Sexual Assault o SA), at Human Trafficking (HT).

Nilalayan ng HSH na matiyak na makakatanggap ang mga survivor ng mga serbisyo mula sa System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan (Homelessness Response System o HRS) na naa-access, ligtas, at kumpidensyal, habang nagbibigay din ng mapagpipilian. Ang pangalawang layunin ay mapahusay ang koordinasyon sa pagitan ng Mga Tagapagkaloob ng Serbisyo sa Biktima at ng System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan.

Binubuod at sinusuri ng ulat na ito ang mga natuklasan sa mga aktibidad ng Pagtatasa sa Mga Pangangailangan ng Komunidad at nagbibigay ito ng mga paunang rekomendasyon para sa pagpapahusay ng ligtas at pantay-pantay ng access ng mga survivor sa mga serbisyo sa mga walang tirahan at pabahay sa San Francisco. Ilalahad ang mga rekomendasyong ito sa Working Group para sa Ligtas na Pabahay, kung saan pagpapasyahan ang pinal para rito upang makatulong sa pagbibigay ng batayan para sa mga susunod na hakbang, sa mga lugar upang maisama ang:

- Disenyo ng mga proseso ng referral para sa mga survivor na nangangailangan ng access sa mga madudulugan sa loob ng System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan;
- Mga update sa Mga Nakasulat na Pamantayan sa Nakakoordinang Paglahok ng San Francisco kaugnay ng access at pagtugon ng mga survivor sa System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan; at
- Pagbuo ng mga protocol ng Information System sa Pamamahala ng Mga Walang Tirahan (Homeless Management Information System o HMIS) tungkol sa kung paano pangangalagaan ang impormasyon ng survivor.

Panimula

Ang mga survivor ng karahasan sa tahanan, sekswal na karahasan, at human trafficking ay may kinakaharap na malalaking balakid sa kaligtasan, pinansyal na katatagan, pagbangon mula sa karahasan at resultang idinulot nito, at paghilom. Ang pabahay ay isang kritikal na pundasyon sa plano ng isang survivor na matakasan ang karahasan at nagsisilbi itong proteksyon laban sa karahasan sa hinaharap. Mahirap at mapanganib ang pagtakas mula sa isang taong nananakit o ang pagtakas sa isang taong gumagawa ng masama o trafficker, at kailangang malaman ng mga survivor kung anong mga opsyon at tulong ang magagamit nila at ng kanilang mga pamilya. Kung walang ligtas at abot-kayang pabahay, madalas na napipilitan ang mga survivor na mamili sa pagitan ng pamumuhay pa rin sa mga sitwasyong may banta sa buhay o pagiging mga taong walang tirahan. Maaaring maging mahirap ang paghahanap at pag-navigate sa mga madudulugan para sa pabahay sa komunidad, at maraming programa sa pabahay ang may mga hadlang na nagbubukod sa mga survivor, na nakaranas ng mga natatanging epekto sa kaligtasan, pagkakumpidensyal, at trauma. Dapat samahan ang mga pangkalahatan at pang-indibidwal na serbisyo at suporta ng mga ligtas at abot-kayang opsyon sa pabahay. Nagbigay-daan ang proyektong Pagtatasa sa Mga Pangangailangan ng Komunidad na ito sa Departamento para sa Kawalan ng Tirahan at Suportang Pabahay (HSH) ng San Francisco na mangalap ng opinyon, perspektiba, at data na kritikal sa pagbuo ng mga patakaran at kasanayang naaayon sa mga pangangailangan ng mga survivor at sa mga hinaing nila.

Background ng Proyektong Pagtatasa sa Mga Pangangailangan ng Komunidad

May mithiin ang Departamento para sa Kawalan ng Tirahan at Suportang Pabahay (HSH) ng San Francisco na maging bihira, maikli, at isang beses lang ang kawalan ng tirahan sa San Francisco, sa pamamagitan ng probisyon ng mga nakakoordina, may malasakit, at de-kalidad na serbisyo. Naninindigan ang HSH sa pagpapahusay ng access sa mga ligtas na serbisyo sa mga walang tirahan at pabahay para sa mga survivor ng Karahasan sa Tahanan (DV), karahasan sa pakikipag-date, Sekswal na Pag-atake (SA), lihim na pagsubaybay, Human Trafficking (HT), at iba pang anyo ng karahasan.

Konteksto para sa Pagpapahusay ng Access ng Survivor sa Pabahay

Sa United States, ipinapakita ng pananaliksik na nasa pagitan ng 22% at 57% ng mga kababaihang walang tirahan ang nag-uulat ng Karahasan sa Tahanan (DV) bilang dahilan ng kanilang kawalan ng tirahan. Ang kawalan ng maayos na tirahan ay apat na beses na mas malamang sa mga kababaihang nakakaranas ng DV kumpara sa mga hindi nakakaranas nitoⁱⁱ, at may kahit isa man lang sa apat na babaeng walang tirahan ang nag-uulat ng karahasan sa tahanan bilang pangunahing dahilan ng kawalan nila ng tirahan.ⁱⁱⁱ Sa isang pag-aaral, 64% ng mga survivor ng trafficking ang nag-ulat na wala silang tirahan o maayos na tirahan sa panahong na-recruit sila sa kanilang sitwasyon sa trafficking.^{iv} Ayon sa datos na nakalap ng Focus Strategies^v sa isang quantitative na pagsusuri tungkol sa mga survivor ng karahasan sa mga system ng mga serbisyo sa pabahay at biktima sa San Francisco, ang mga survivor na naghanap o nakatanggap ng ligtas na pabahay sa San Francisco o nai-refer dito ay may kinaharap na mga

Terminolohiya

Ang karahasan sa tahanan ay isang pattern ng mga gawing ginagamit ng isang tao upang mapanatili ang kapangyarihan at kontrol sa kanyang kapareha sa isang romantikong relasyon.

Ang sekswal na pag-atake o sekswal na karahasan ay tumutukoy sa anumang sekswal na gawaing walang pahintulot, na kinabibilangan ng kapag walang kakayahan ang biktima na magpahintulot.

Ang human trafficking ay may kaugnay na pamimilit o pamumuwersa sa isang tao na magtrabaho o magserbisyo, o magsagawa ng mga pangkomersyong pakikipagtalik.

Ang pananamantala sa isang menor de edad para sa pangkomersyong pakikipagtalik ay human trafficking, anumang anyo ng pamimilit, pandaraya, o pamumuwersa ang ginamit.

Ginagamit ang terminong “Mga Survivor” para tumukoy sa mga taong nakaranas ng alinman sa mga ganitong uri ng karahasan.

balakid na katumbas ng mga natukoy sa buong bansa. Sa panahon ng 2019-2020, 2,150 survivor ang itinaboy mula sa mga serbisyong ito; para sa bawat survivor na nakatanggap ng pabahay na ligtas sa DV sa taong iyon, hindi bababa sa dalawang iba pa ang hindi nakatanggap nito.^{vi} Ang may pinakamaraming naiulat na limitasyon sa serbisyo para sa mga survivor ng human trafficking noong 2017 (ang pinakamakailang taon na may available na datos) ay sa pabahay at shelter.^{vii}

Sa sumunod na piskal na taon, 2020 - 2021, 4,966 na indibidwal na nakipag-ugnayan sa mga serbisyo sa pamamagitan ng System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan (HRS) ang nag-ulat na mga survivor sila ng karahasan (bagama't hindi alam ang uri ng karahasan).^{viii} Gayunpaman, gaya ng naitala sa ulat ng Focus Strategies, “Hindi hayagang isinasaprioridad ang mga survivor sa nakakoordinang paglahok”. Tinataya sa ulat na humigit-kumulang 750 ng 3,600 survivor na naghanap ng pabahay sa pamamagitan ng Nakakoordinang Paglahok sa 2021 ang nakatanggap ng mga permanenteng pabahay, kung saan nakasaad na, “malinaw na mas mataas ang demand para sa pabahay kaysa sa magagamit sa pamamagitan ng system sa pagtugon sa kawalan ng tirahan.”^{ix}

Kasalukuyang Imbentaryo ng Mga Opsyon sa Pabahay para sa Mga Survivor

Isinasaad ng data na katulad ng maraming komunidad sa bansa, kulang ng kapasidad ang Lungsod at County ng San Francisco upang sapat at ligtas na matugunan ang mga pangangailangan ng mga survivor na walang tirahan at walang maayos na matitirhan. Humigit-kumulang 80% ng mga survivor na naghahanap ng shelter sa pamamagitan ng Mga Programa ng Serbisyo sa Biktima (Victim Service Programs o VSP) ang itinataboy^x at ang rate ng pagtataboy sa 2020, para sa transisyunal at permanenteng pabahay, ay nagpakita ng 200% pagtaas sa nakaraang taon.^{xi} Gaya ng naitala sa ulat ng Focus Strategies, “limitado ang kapasidad na magbigay ng mga serbisyo [sa mga survivor], lalo na ng ligtas na pabahay.”^{xii}

Bagama't mas malaki ang kapasidad sa mainstream na System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan, hindi pa rin sapat na natutugunan ng system ang mga partikular na pangangailangan ng mga survivor. 21% lang ng mga survivor na nag-apply sa pamamagitan ng HRS ang nakatanggap ng mga pabahay noong 2021 sa panahon ng pandemyang COVID-19, kung kailan nahigitan ng pangangailangan sa pabahay ang supply nang mahigit sa 2 para sa 1 para sa bawat isang naghahanap nito.^{xiii} Kulang ang system ng parehong mga naaangkop na mapagkukunan upang sapat na mabigyan ng bahay ang mga survivor (at ang iba pa), at ng mga kinakailangang elemento ng serbisyo upang matugunan ang mga natatanging balakid – na kinabibilangan ng kaligtasan, trauma, at seguridad – na kinakaharap ng mga survivor sa proseso ng pag-access sa mga opsyon sa pabahay.

Kasalukuyang Proseso ng Nakakoordinang Paglahok

Ang Nakakoordinang Paglahok (Coordinated Entry o CE) ay ang prosesong idinisenyo upang matulungan ang mga kwalipikadong sambahayan sa San Francisco na walang tirahan, o napipintong mawalan ng tirahan, na humingi ng tulong upang malutas o mapigilan ang pagkawala ng matitirhan mula sa System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan (HRS), na nasa ilalim ng pangangasiwa ng Departamento para sa Kawalan ng Tirahan at Suportang Pabahay ng San Francisco.^{xiv} Nilalayon na ipatupad ang Nakakoordinang Paglahok (CE) sa mga komunidad upang mas mapadali ang access, mabawasan ang mga paikot-ikot at oras na ginugugol sa paglilibot sa system sa pabahay, at mapigilan ang “mga dead-end”. Gayunpaman, gaya ng ipapakita ng ulat na ito, mahirap pa rin para sa mga survivor na pumunta sa CE at mahirap pa rin para sa mga Tagapagkaloob ng Serbisyo sa Biktima (Victim Service Providers o VSP) na ipaliwanag ito. Madalas na kulang sa komunikasyon ang mga programa sa pabahay at mga VSP, na lumilikha ng maraming limitasyon sa kaalaman tungkol sa mga opsyon sa pabahay, pagkakumpidensyal, pagpapalano sa kaligtasan, at sa buong proseso ng Nakakoordinang Paglahok.

Mga Elemento ng Proyekto

Idinisenyo ang Pagtatasa sa Mga Pangangailangan ng Komunidad para sa Ligtas na Pabahay upang mangalap ng opinyon, mga perspektiba, at data na kritikal sa pagbuo ng mga patakaran at kasanayang

naaayon sa mga pangangailangan ng mga survivor gamit ang mga sumusunod na estratehiya:

- Mga Panayam sa Pangunahing Stakeholder: Mga masinsinang pag-uusap kasama ang 34 na miyembro ng komunidad
- Mga Session ng Pakikinig sa Survivor: Mga panggrupo at pang-indibidwal na sesyon na nagkolekta sa mga karanasan ng 20 survivor
- Online na Survey sa Komunidad para sa Ligtas na Pabahay: 101 serbisyo sa biktima at tagapagkaloob ng serbisyo sa walang tirahan/pabahay ang lumahok
- Working Group para sa Ligtas na Pabahay: Binubuo ng mga tagapagkaloob ng serbisyo at survivor
- Pagsusuri sa Data: Isinagawa ng Focus Strategies
- Ulat sa Pagtatasa sa Mga Pangangailangan ng Komunidad: Buod ng mga resulta at rekomendasyon

Mga Rekomendasyon

Ang mga sumusunod na rekomendasyon ay binuo mula sa impormasyong nakalap sa pamamagitan ng Pagtatasa sa Mga Pangangailangan ng Komunidad, Quantitative na Pagsusuri sa Data ng Focus Strategies, at mga pagpupulong ng Working Group para sa Ligtas na Pabahay. Tinukoy ng SHA, mga katuwang nito sa proyekto, at Working Group para sa Ligtas na Pabahay na sila ang mga pangunahing elemento sa pagsusulong ng proyekto sa pagpapalano at pagpapatupad.

Buong sistema

1. Sa pamamagitan ng Working Group para sa Ligtas na Pabahay bilang pundasyon at mga taong may aktwal na karanasan bilang sentro, dapat na bumuo ang HSH at DOSW ng nagpapatuloy na cross-system na komite o samahan upang gumabay at magbigay ng payo sa pagpapatupad ng sistematikong pagbabago.
2. Dapat na isagawa ng HSH ang paghikayat sa makabuluhang paglahok ng mga survivor at VSP sa mga pagpupulong ng HRS at proseso ng pagdedesisyon.
3. Dapat na magtulungan ang HSH, DOSW, at mga VSP upang bumuo ng plano ng proyekto para sa pagsasanay na kinabibilangan ng kurikulum, iskedyul, at proseso ng pagsusuri na sumasaklaw sa mga pangangailangan sa content na tinukoy ng parehong sistema.
4. Dapat na makipagtulungan ang HSH at DOSW sa mga tagapagkaloob ng legal na serbisyo (gaya ng BAYLA, NHLP, atbp.) upang magbigay ng pambuong sistemang pagsasanay sa pederal, pang-estado, at lokal na batas at mga legal na proteksyon sa pabahay.
5. Dapat na magtulungan ang HSH at DOSW upang bumuo ng mga mekanismo upang matiyak na available at naa-access ang impormasyon tungkol sa mga proseso sa ligtas na pabahay para sa mga survivor.
6. Dapat na bumubo ang HSH at DOSW ng mga estratehiya upang mamuhunan sa pagpapahusay ng kapasidad ng mga kawani, nang may higit na pagbibigay-pansin sa pagtanggap ng mga tao mula sa mga naapektuhang komunidad.
7. Dapat na mamuhunan ang HSH sa pagsasakatuparan ng Mga Layunin sa Pagkakapantay-pantay nito.
8. Ang HSH at DOSW ay dapat na bumuo at magbigay ng mga mapagkukunan upang matulungan ang mga tagapagkaloob ng serbisyo ng VSP at HRS sa isang pagsusuri ng mga patakarang at proseso sa pamamagitan ng pagtingin sa kaligtasan ng survivor, pagkakapantay-pantay, access sa wika, at LGBTQ+.
9. Dapat na magtulungan ang HSH at DOSW upang maghikayat at magtaguyod ng mga pagtutulungan, magkatulong na paglutas ng problema, at cross-referral sa pagitan ng mga tagapagbigay ng Serbisyo sa Biktima at HRS, kabilang ang sa pamamagitan ng co-advocacy at co-location.

10. Dapat na suriin ng HSH ang disenyo at lokasyon ng mga Access Point nang isinasaalang-alang ang kaligtasan, privacy, at pinagtutuunan ang mga natatanging pangangailangan ng mga survivor.
11. Bilang bahagi ng komprehensibong plano sa pagsasanay na binuo sa pakikipagtulungan sa DOSW, mga VSP, at mga survivor, dapat tiyakin ng HSH na makakatanggap ang mga kawani ng CE at Access Point ng pagsasanay sa mga pamamaraang naaangkop sa trauma, pag-screen para sa DV/SA/HT, at kung paano matutulungan ang mga survivor na magplano para sa kanilang ligtas na pakikilahok sa mga serbisyo.
12. Dapat na magpatupad ang HSH ng patakaran sa “pag-opt in” at mahusay na proseso ng may-kabatirang pahintulot para sa mga survivor na nag-a-access ng mga serbisyo para sa pabahay/walang tirahan at pagsasanay sa protocol para sa lahat ng tagatasa.

Pag-screen

13. Dapat na magpatupad ang HSH ng pangkalahatang pag-screen para sa DV/SA/HT bilang bahagi ng pagtatasa sa CE.
14. Dapat na tingnan ng HSH ang posibilidad ng paggamit ng alternatibong tool sa pagtatasa at/o prosesong gagamitin sa mga survivor na nag-a-access sa CE.
15. Dapat na pag-isipan ng HSH ang pagtataas ng score ng DV, SA, at HT bilang mga salik sa kahinaan sa proseso ng pagsasapriyoridad.

Access sa Shelter

16. Dapat na suportahan ng DOSW ang mga VSP upang suriin kung paano sila nalilimitahan ng mga kasalukuyang kahingian ng nagpopondo sa pagpapalawak ng pagiging kwalipikado para sa pang-emergency na pabahay upang maisama ang mga survivor ng sekswal na pang-aabuso at human trafficking.
17. Dapat na tugunan ng HSH ang mga alalahanin sa kaligtasan sa mga shelter na para sa pangkalahatang populasyon.
18. Dapat na tugunan ng HSH at DOSW ang mga alalahanin sa access sa wika sa mga shelter.

Access sa Pabahay

19. Bilang bahagi ng estratehiya nito sa pagpopondo para sa maraming taon, dapat na patuloy na tukuyin ng HSH ang mga pondo ng CoC na makakapagpalawak sa pagiging available ng pabahay na partikular sa survivor.
20. Bilang bahagi ng estratehiya nito sa pagpopondo para sa maraming taon at sa pakikipagtulungan sa mga tagapagkaloob ng serbisyo ng VS, dapat na patuloy na mangalap ng mga pondo ang mga departamento ng lungsod (kabilang ang HSH, MOHCD, at SFHA) upang madagdagan ang pangkalahatang halaga ng pondong nakalaan sa pabahay na partikular sa survivor.
21. Dapat na suriin ng mga departamento ng lungsod (HSH, OEWD, OFE) ang mga pamantayan sa tagal ng subsidiya para sa pag-upa sa mga programa ng RRH sa mga system ng VSP at HRS at dapat na humanap ito ng mga paraan upang magbigay ng mga suporta para sa pagpapalaki ng kita.
22. Habang patuloy na bumibili, nagde-develop, at nagli-lease ang mga ahensya ng Lungsod (HSH, MOHCD, at SFHA) ng mas maraming abot-kayang unit ng pabahay, dapat na bigyang-pansin ang kaligtasan ng kapitbahayan, pag-diversify sa mga kapitbahayan kung saan naroon ang PSH, pamumuhunan sa kalat-kalat na pabahay sa site, at pagdaragdag sa stock ng mga unit na nakakasunod sa ADA.

23. Dapat na magsagawa ang HSH, DOSW, at mga VSP ng pagsusuri ng mga patakaran sa pagwawakas upang paigtingin ang transparency at pag-unawa para sa mga kalahok at kawani ng pabahay.
24. Dapat na gumamit ang HSH ng data mula sa pinahusay na proseso ng CE upang mas detalyadong matasa ang mga limitasyon sa pabahay.

Pag-iiba

25. Dapat na mamuhunan ang HSH sa pagdaragdag sa availability ng mga serbisyo sa pag-navigate sa system at pagsusulong para sa mga survivor na hindi nabigyan ng pabahay.
26. Dapat na tingnan ng DOSW at mga VSP ang mga opsyon sa pagpopondo upang madagdagan ang availability ng flexible na pinansyal na tulong para makatulong na punan ang mga limitasyong idinulot ng mga paghihigpit sa pondo at kahingian sa pagiging kwalipikado.

Mga Susunod na Hakbang

Karahasan sa Komunidad

Bilang bahagi ng patuloy nitong proseso ng pagtatasa ng mga pangangailangan ng komunidad sa ligtas na pabahay, pinag-isipan ng HSH kung paano matutugunan ang mga pangangailangan ng mga survivor ng mararahas na krimeng ginawa sa labas ng konteksto ng mga ugnayang pampamilya at/o sa pagitan ng mga hindi magkaugnay na indibidwal at sa labas ng tahanan sa pangkalahatan. Batay sa isang survey na isinagawa sa 528 biktima ng krimen sa San Francisco noong 2021, 11% ng mga biktima (59) ang nag-ulat na nawalan ng kanilang tirahan dahil sa krimeng naranasan nila, at 26% (137) ang nag-ulat na kinailangan nilang lumipat dahil sa krimeng iyon.^{xv}

Tinitingnan ng HSH kung paaano maisasama ang mga pagsasaalang-alang na ito sa layunin nitong pahunayin ang mga opsyon sa ligtas na pabahay para sa mga survivor ng karahasan sa tahanan, sekswal na pang-aabuso, at human trafficking, at makikipagkontrata ito sa isang tagapagkaloob ng serbisyo sa pambansang pagsasanay na partikular sa kultura at TA, ang Ujima, na Pambansang Network sa Karahasan Laban sa Kababaihan sa Black Community upang makatulong na mas matukoy ang mga pangangailangan sa ligtas na pabahay ng mga survivor ng karahasan sa komunidad sa San Francisco. Sa pakikipagtulungan sa HSH, magsasagawa ang Ujima ng mga session ng pakikinig, outreach sa mga programa sa komunidad, at mga aktibidad sa pagsasanay na magsisimula sa 2023. Ilalathala ang mga resulta ng mga ito bilang addendum sa ulat na ito.

Pagbuo ng Plano sa Pagpapatupad

Sa pamamagitan ng mga masinsinang pakikipag-usap sa Working Group, kawani ng HSH, mga katuwang sa proyekto, at mga pangunahing stakeholder; pagsusuri ng mga sagot sa survey; at Quantitative na Ulat sa Data ng Focus Strategies, nagkaroon kami ng detalyadong larawan ng komunidad na may mga asset na magagamit upang buuin at palakasin ang mga pagtugon ng system sa mga pangangailangan sa ligtas na pabahay ng mga survivor. Kasunod ng pamamahagi ng ulat na ito sa HSH at iba pang kawani ng Lungsod, mga katuwang sa proyekto, mga survivor na lumahok sa mga session ng pakikinig, at mga miyembro ng Working Group, makikipagtulungan ang SHA sa HSH, mga katuwang sa proyekto, at sa Working Group para sa Ligtas na Pabahay upang bumuo ng naaaksyunang plano sa pagpapatupad na nakatuon sa pagsasagawa ng mga rekomendasyong ito.

Kongklusyon

Ipinapahiwatig sa mga natuklasan sa Pagtatasa sa Mga Pangangailangan ng Komunidad para sa Ligtas na Pabahay na mayroong mga hamong naghihintay sa pagkamit ng HSH sa mga layunin nito, at may mga maisasagawang ideya ang mga tao sa kung paano gawing mas mahusay ang mga bagay-bagay. Ayon nga

sa isang stakeholder sa VSP: “Naniniwala akong malulutas natin ito...mayroong batis ng kaalaman sa komunidad. Nakakatakot sa mga kalye ngayon, at nahaharap tayo sa isang madilim na panahon. Ngunit mahal ng mga tao ang San Francisco at manunumbalik ang ating sigla - ngunit kailangang maging buhay at masigla ang lungsod para sa LAHAT.”



"我们渴望安全，我们渴望一个安全的居住环境。"

(最初以普通话陈述)

"Gusto namin ng kaligtasan. Gusto namin ng ligtas na matitirhan."

- *Survivor, San Francisco (Orihinal na sinabi sa Mandarin)*

"Dapat na masagot ng pagtatasa sa mga pangangailangan na ito ang partikular na tanong: ano ang ginagawa natin ngayon, at ano pa ang mas mapapahusay natin? Makisalamuha sa mga tao sa komunidad at alisin ang panghuhusga.

Tanggapin kung ano ang totoo sa mga tao..."

- *Stakeholder, Organisasyong Pinangungunahan ng Survivor*

Panimula

Ang mga survivor ng karahasan sa tahanan, sekswal na karahasan, at human trafficking ay may kinakaharap na malalaking balakid sa kaligtasan, pinansyal na katatagan, pagbangon mula sa karahasan at resultang idinulot nito, at paghilom. Ang pabahay ay isang kritikal na pundasyon sa plano ng isang survivor na matakasan ang karahasan at nagsisilbi itong proteksyon laban sa karahasan sa hinaharap.

Mahirap at mapanganib ang pagtakas mula sa isang taong nananakit o ang pagtakas sa isang taong gumagawa ng masama o trafficker, at kailangang malaman ng mga survivor kung anong mga opsyon at tulong ang magagamit nila at ng kanilang mga pamilya. Kung walang ligtas at abot-kayang pabahay, madalas na napipilitan ang mga survivor na mamili sa pagitan ng pamumuhay pa rin sa mga sitwasyong may banta sa buhay o pagiging mga taong walang tirahan. Maaaring maging mahirap ang paghahanap at pag-navigate sa mga madudulugan para sa pabahay sa komunidad, at maraming programa sa pabahay ang may mga hadlang na nagbubukod sa mga survivor, na nakaranas ng mga natatanging epekto sa kaligtasan, pagkakumpidensyal, at trauma. Dapat samahan ang mga pangkalahatan at pang-indibidwal na serbisyo at suporta ng mga ligtas at abot-kayang opsyon sa pabahay. Nagbigay-daan ang proyektong Pagtatasa sa Mga Pangangailangan ng Komunidad na ito sa Departamento para sa Kawalan ng Tirahan at Suportang Pabahay (Department of Homelessness and Supportive Housing o HSH) ng San Francisco na mangalap ng opinyon,

Terminolohiya

Ang karahasan sa tahanan ay isang pattern ng mga gawing ginagamit ng isang tao upang mapanatili ang kapangyarihan at kontrol sa kanyang kapareha sa isang romantikong relasyon.

Ang sekswal na pag-atake o sekswal na karahasan ay tumutukoy sa anumang sekswal na gawaing walang pahintulot, na kinabibilangan ng kapag walang kakayahan ang biktima na magpahintulot.

Ang human trafficking ay may kaugnay na pamimilit o pamumuwersa sa isang tao na magtrabaho o magserbisyo, o magsagawa ng mga pangkomersyong pakikipagtalik. Ang pananamantala sa isang menor de edad para sa pangkomersyong pakikipagtalik ay human trafficking, anumang anyo ng pamimilit, pandaraya, o pamumuwersa ang ginamit.

Ginagamit ang terminong "Mga Survivor" para tumukoy sa mga taong nakaranas ng alinman sa mga ganitong uri ng karahasan.

perspektiba, at data na kritikal sa pagbuo ng mga patakaran at kagawiang naaayon sa mga pangangailangan ng mga survivor at sa mga hinaing nila.

Background ng Proyektong Pagtatasa sa Mga Pangangailangan ng Komunidad

Layunin ng Departamento para sa Kawalan ng Tirahan at Suportang Pabahay (HSH) na gawing madalang, panandalian, at minsanan lang ang kawalan ng tirahan sa San Francisco sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga nakakoordina, may malasakit, at de-kalidad na serbisyo. Naninindigan ang HSH sa pagpapahusay ng access sa mga ligtas na serbisyo sa mga walang tirahan at pabahay para sa mga survivor ng Karahasan sa Tahanan (DV), karahasan sa pakikipag-date, Sekswal na Pag-atake (SA), lihim na pagsubaybay, Human Trafficking (HT), at iba pang anyo ng karahasan.

Pambansang Konteksto para sa Pagpapahusay ng Access ng Survivor sa Pabahay

Sa United States, ipinapakita ng pananaliksik na nasa pagitan ng 22% at 57% ng mga kababaihang walang tirahan ang nag-uulat ng Karahasan sa Tahanan (DV) bilang dahilan ng kanilang kawalan ng tirahan.^{.xvi} Ang kawalan ng maayos na tirahan ay apat na beses na mas malamang sa mga kababaihang nakakaranas ng DV kumpara sa mga hindi nakakaranas nito^{.xvii}. Napag-alaman sa isang pag-aaral tungkol sa mga walang tirahang ina na may kasamang mga anak na mahigit 80% ang nakakaranas dati ng karahasan sa tahanan.^{.xviii} Para sa mga survivor ng DV na wala sa napipintong panganib, ang kawalan ng maayos na tirahan na resulta ng pang-aabuso ang pinakamalaking balakid sa kanilang pangmatagalang kapakanan.^{.xix}

Maaari ding maisapeligro ng sekswal na karahasan ang tirahan ng isang tao, kahit na hindi nangyari sa loob ng tahanan ng survivor ang pag-atake.^{.xx} Maraming kabataang walang tirahan ang nag-ulat ng paglalayas dahil sa sekswal na pang-aabuso.^{.xxi} Inilalagay din ng kawalan ng tirahan ang mga survivor sa mas malaking panganib ng karahasan. Sa isang pag-aaral, 64% ng mga survivor ng trafficking ang nag-ulat na wala silang tirahan o maayos na tirahan sa panahong na-recruit sila sa kanilang sitwasyon sa trafficking.^{.xxii} Mas matataas din ang rate ng pagiging biktima ng karahasan ng mga kababaihang walang tirahan kaysa sa mga babaeng may access sa pabahay.^{.xxiii}

Ang kakayahan ng mga survivor na magpanatili o magkaroon ng access sa ligtas na pabahay ay maaaring lubos na malimitahan ng maraming epekto ng sekswal na pang-aabuso, karahasan sa tahanan/pakikipag-date, at lihim na pagsubaybay. Dagdag pa rito, ang pang-aabuso ng isang kapareha sa pera ang maaaring dahilan ng pagkakaroon ng hindi magandang credit, mga dating pagpapaalis, hindi tuloy-tuloy na pagtatrabaho sa nakaraan, o maging ng kriminal na record ng mga survivor ng karahasan. Sa katunayan, ang dalawang pinakamatinding alalahanin para sa mga survivor ng karahasan ay ang pangangailangan para sa ligtas na tirahan at ang pangangailangan para sa mga mapagkukunan ng kabuhayan.^{.xxiv} Ngunit dahil sa bumababang bilang ng abot-kayang pabahay sa U.S.^{.xxv}, lalong nagiging mahirap ang access sa ligtas na pabahay.

Nakokompromiso ng mga salik na ito ang kaligtasan at katatagan ng survivor kahit na matagal na silang nakatakas sa pang-aabuso, lalo na sa mga survivor na may mga limitadong mapagkukunan at/o sa mga nagmula sa mga komunidad na dati nang nasa laylayan. Inilalarawan sa isang pananaliksik sa racial inequity at kawalan ng tirahan, na isinagawa ng Supporting Partnerships for Anti-Racist Communities ng Center for Social Innovation, ang pagiging maselan at, mahina ng mga social network ng mahihirap na people of color at ang malalaking limitasyon sa mga pang-emergency na opsyong available sa mga taong nakakaranas ng krisis.^{.xxvi} Maaaring maging salik sa “network impoverishment” na ito ang paglayo sa mga tao na nauugnay sa karahasan sa tahanan at sekswal na karahasan, dahil maaaring mabilis na

humantong sa sakuna ang ganitong napapamahalaang krisis na nagresulta sa kawalan ng tirahan at mas malala pa.

Konteksto ng San Francisco para sa Pagpapahusay ng Access ng Survivor sa Pabahay

Ang bumubuo sa at ang mga hamon para sa mga survivor ng karahasan sa tahanan at sekswal na karahasan at human trafficking sa Lungsod at County ng San Francisco ay gaya rin ng nasa pambansang antas. Ayon sa data na nakalap ng Focus Strategies^{xxvii} sa isang quantitative na pagsusuri tungkol sa mga survivor ng karahasan sa mga system ng serbisyo sa pabahay at serbisyo sa biktima sa San Francisco, ang karamihan sa mga survivor ng karahasang dahil sa kasarian na lumahok sa mga serbisyo sa biktima noong 2019-2020 ay mga babae (71%), kung saan binubuo ng mga kababaihan ang medyo lampas sa kalahati ng pangkalahatang populasyon (51%). Mas maraming racial at ethnic minority sa mga survivor (78%) kumpara sa kanilang bilang sa pangkalahatang populasyon (55%). Siyam na porsyento (9%) ng mga survivor na kinilala bilang transgender at labingsiyam na porsyento (19%) na kinilala bilang LGBTQ+, na lampas nang malaki sa tinatayang proporsyon nila sa mga residente ng lungsod.^{xxviii}

Ang mga survivor ng human trafficking na naserbisuhan noong 2017 (ang pinakamakailang taon kung saan mayroong data) ay nagpakita ng katulad na hindi balanseng representasyon ng kababaihan (71%) at mga BIPOC (70%) na indibidwal.^{xxix} Mas marami ring kabataan (70%) sa mga survivor na ito kumpara sa pangkalahatang populasyon (20%). Ang pinakamadalas na iniulat na limitasyon sa serbisyo para sa mga survivor ng human trafficking (noong 2017) ay pabahay at shelter.^{xxx}

Naharap ang mga survivor na naghanap, nakatanggap, o ni-refer sa ligtas na pabahay sa San Francisco sa mga balakid na gaya sa mga tinukoy sa buong bansa. Siyam na daang (900) survivor ang iniulat na nabigyan ng lugar sa mga programang partikular sa biktima noong 2019 - 2020^{xxxi} kung saan animnapung porsyento (532) ang sa mga pang-emergency na shelter at apatnapung porsyento (368) ang nasa mga programa sa transisyonal o permanenteng pabahay.^{xxxii} Gayunpaman, 2,684 na survivor ang tinanggihan sa Pang-emergency at Transisyonal na Pabahay noong panahong ito, na nagpapakitang sa bawat survivor na nakatanggap ng ligtas na pabahay noong taon na iyon, hindi bababa sa tatlo pa ang hindi nakatanggap nito.^{xxxiii} Ang mga pangunahing dahilan kung bakit tinanggihan ang mga survivor mula sa mga shelter ay, "...kakulangan ng espasyo para sa higaan, hindi ligtas ang lokasyon ng shelter para sa survivor, hindi kayang matugunan ng shelter ang mga pangangailangan ng survivor (hal., sakit sa paggamit ng substance, mga pangangailangan sa kalusugan ng pag-iisip, mga pangangailangan sa wika), hindi kayang tanggapin ng shelter ang mga anak ng survivor, at/o hindi gusto ng survivor na pumasok sa isang shelter."^{xxxiv} Dagdag pa rito, 93,159 na mga referral sa shelter para sa DV ang ginawa sa taon na iyon, na nagpapakita ng 114% pagtaas sa mga nasabing referral sa nakaraang taon.^{xxxv}

Sa sumunod na piskal na taon, 2020 - 2021, 4,966 na indibidwal na nakipag-ugnayan sa mga serbisyo sa pamamagitan ng System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan (HRS) ang nag-ulat na mga survivor sila ng karahasan (bagama't hindi alam ang uri ng karahasan).^{xxxvi} Ang kanilang kalagayan bilang mga minority ay katulad sa mga survivor na nakatanggap ng mga serbisyo sa biktima bago ang taong iyon. Karamihan sa kanila ay babae (55%) o transgender (3%), BIPOC (54%), at LGBTQ+ (17%). Sa mga survivor na pinaglingkuran sa pamamagitan ng HRS noong 2021, 21% ang nabigyan ng pabahay, habang ang natitira ay natukoy na pinaglingkuran sa pamamagitan ng mga serbisyo ng Nakakoordinang Paglahok, Pagpigiil na Mawalan ng Tirahan, at Outreach sa Lansangan. Gayunpaman, gaya ng isinaad sa ulat ng Focus Strategies, "Hindi malinaw na nabibigyang-prioridad sa nakakoordinang paglahok ang mga survivor ng karahasan." Tinataya sa ulat na humigit-kumulang 750 ng 3,600 survivor, o 21%, na naghanap ng pabahay sa pamamagitan ng Nakakoordinang Paglahok sa 2021 ang aktwal na nakatanggap ng mga permanenteng pabahay, kung saan nakasaad na, "malinaw na mas mataas ang demand para sa pabahay kaysa sa magagamit sa pamamagitan ng system sa pagtugon sa kawalan ng tirahan."^{xxxvii}

Kasalukuyang Imbentaryo ng Mga Opsyon sa Pabahay para sa Mga Survivor

Isinasaad ng data na katulad ng maraming komunidad sa bansa, kulang ng kapasidad ang Lungsod at County ng San Francisco upang sapat at ligtas na matugunan ang mga pangangailangan ng mga survivor na walang tirahan at walang maayos na matitirhan. Ang Mga Programa ng Serbisyo sa Biktima (Victim Service Programs o VSP) ay may kabuuang 72 higaan sa shelter para sa mga survivor at kanilang mga anak sa lungsod, kung saan tinatayang 80% ng mga survivor na naghahanap ng shelter ang tinatangihan.^{xxxviii} Mayroon pang 73 unit ng transisyonal na pabahay at 91 unit ng permanenteng pabahay na makukuha sa pamamagitan ng mga VSP,^{xxxix} at bagama't 3% lang ang rate ng pagtanggap noong 2020, nagpapakita pa rin ito ng 200% pagtaas sa nakaraang taon.^{xi} Gaya ng naitala sa ulat ng Focus Strategies, “limitado ang kapasidad na magbigay ng mga serbisyo [sa mga survivor], lalo na ng ligtas na pabahay.”^{xii}

Pinopondohan ng Departamento ng Kawalan ng Tirahan at Suportang Pabahay ng San Francisco ang mas malawak na System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan, na system ng pangangalaga at adbokasiya na ibinigay ng HSH at mga nonprofit na katuwang nito para sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan o nanganganib na mawalan ng tirahan. Bagama't mas malaki ang kapasidad sa mainstream na System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan, hindi pa rin sapat na natutugunan ng system ang mga partikular na pangangailangan ng mga survivor. Bagama't mas malaki ang kapasidad sa mainstream na System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan, hindi pa rin sapat na natutugunan ng system ang mga partikular na pangangailangan ng mga survivor. Dinagdagan ng San Francisco ang kapasidad ng shelter nang 24% sa pagitan ng 2019 at 2022 sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga bagong navigation center, bagong pampamilyang shelter at bagong opsyon sa non-congregate na shelter sa panahon ng pandemyang Covid-19. Ang pagpapalaki ng shelter ay hindi lamang tugon na nauugnay sa Covid, dahil mas nauna itong sinimulan bilang bahagi ng inisyatiba ng Alkalde na 1,000 higaan sa shelter, na natapos noong nagsisimula pa lamang ang pandemya. Ayon sa Pebrero 2022 Bilang ng Imbentaryo ng Pabahay (Housing Inventory Count o HIC), may 12,415 higaang available sa permanenteng pabahay, 555 higaan sa transisyonal na pabahay, at 3,767 higaan sa mga pang-emergency na shelter. Gayunpaman, gaya ng nakasaad sa itaas, 21% lang ng mga survivor na nag-apply ang nakatanggap ng mga pabahay noong 2021 sa panahon ng pandemyang COVID-19, kung kailan nahigitan ng pangangailangan sa pabahay ang supply nang mahigit sa 2 para sa 1 para sa bawat isang naghahanap nito, kabilang ang mga survivor.^{xiii} Ipinapahiwatig nito na kulang ang system ng parehong mga naaangkop na mapagkukunan upang

Portfolio sa Pabahay Kaugnay ng Karahasang

Dahil sa Kasarian Nakikipagkontrata ang Departamento ng Kalagayan ng Kababaihan ng San Francisco sa walong (8) tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima upang pondohan ang mga serbisyo para sa mga survivor ng karahasan at kanilang mga anak na nangangailangan ng pabahay. Tatlong (3) ahensya ang nagbibigay ng pang-emergency na shelter, apat (4) ang nagbibigay ng transisyonal na pabahay, at isa (1) ang nagbibigay ng mga serbisyo ng suporta at outreach sa mga survivor sa pakikipagtulungan sa Awtoridad sa Pabahay ng San Francisco.

Ang mga programa sa shelter at transisyonal na pabahay ay nagbibigay ng pagkain, damit, at iba pang kinakailangan kasama ng pagpapalano para sa kaligtasan, komprehensibong pamamahala sa kaso, emosyonal na suporta, pag-navigate sa adbokasiya at mga system, mga suportang serbisyo na naaangkop sa kultura at may naa-access na wika, at tulong sa pagkamit ng mga layuning nauugnay sa permanenteng pabahay.

Ang mga kahingian sa pagiging kwalipikado ay tinutukoy ng bawat ahensya alinsunod sa mga kahingian nito sa kontrata; dapat tandaang hindi ang DOSW ang natatanging pinagkukunan ng mga pondo para sa mga programang ito at hindi ito nagsisilbing lupong tagapangasiwa. Pangkaraniwan ang networking at cross-referral sa mga programa, bagama't madalas na dapat itaguyod ng mga survivor na tinanggihan ang kanilang sarili upang makahanap ng lugar sa iba pang programa. *Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Portfolio sa Pabahay na Nakabatay sa Kasarian, mangyaring tingnan ang Apendise G.*

sapat na mabigyan ng bahay ang mga survivor (at ang iba pa), at ng mga kinakailangang elemento ng serbisyo upang matugunan ang mga natatanging hadlang – na kinabibilangan ng kaligtasan, trauma, at seguridad – na kinakaharap ng mga survivor sa proseso ng pag-access sa mga opsyon sa pabahay.

Kasalukuyang Proceso ng Nakakoordinang Paglahok

Ang proseso para ma-access ng mga pamilya ang pabahay sa pamamagitan ng System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan ay maaaring maging magulo at nakakalito para sa mga survivor na tumatakas sa mararahas na sitwasyon at naghahanap ng ligtas at maayos na pabahay. Ang Nakakoordinang Paglahok (CE) ay ang prosesong idinisenyo upang matulungan ang mga kwalipikadong pamilya sa San Francisco na walang tirahan, o napipintong mawalan ng tirahan, na humingi ng tulong upang malutas o mapigilan ang pagkawala ng matitirhan mula sa System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan (HRS), na nasa ilalim ng pangangasiwa ng Departamento para sa Kawalan ng Tirahan at Suportang Pabahay ng San Francisco.^{xliii}

Naa-access ang Nakakoordinang Paglahok sa pamamagitan ng Mga Access Point sa komunidad. Ang Mga Access Point ay nagbibigay ng mapagkukunan sa paglutas ng problema, pagtatasa, pagsasaprioridad, at mga referral.^{xliv}

- Ang Paglutas sa Problema ang unang mapagkukunang ibinibigay upang tingnan at tukuyin ang mga posibleng solusyon sa labas ng HRS. Kabilang sa mga interbensyon para sa Paglutas sa Problema ang:
 - Mga pag-uusap kaugnay ng Paglutas sa Problema na nakakatulong na tukuyin ang mga real-time na solusyon sa krisis sa pabahay;
 - Tulong sa paghahanap ng pabahay upang matulungan ang mga sambahayang kumikita, ngunit walang nakahandang plano sa pabahay na maghanap ng marerentahang tirahan;
 - Suporta sa pagbiyahe at paglilipat sa labas ng San Francisco, kung saan kabilang ang tulong sa pagbiyahe at paglilipat na nagreresulta sa pagkonekta sa pabahay/plano sa ligtas na pabahay sa ibang komunidad;
 - Pagsasama-sama, pamamagitan, at paglutas sa hidwaan upang matulungan ang mga sambahayan na manatili sa kasalukuyan o kamakailang sitwasyon sa pabahay o bagong sitwasyon sa pabahay sa tulong ng suporta sa pamamagitan;
 - Pinansyal na tulong, kabilang ang mga flexible na pinansyal na mapagkukunan upang sagutin ang mga partikular na gastusin na tutulong sa mga sambahayan na manatili sa isang ligtas at indoor na lugar sa labas ng HRS;
 - Mga koneksyon sa pagkakaroon ng trabaho; at
 - Mga referral at link sa iba't ibang serbisyo sa komunidad.^{xlv}
- Binuo ang Pagtatasa sa Pagsasaprioridad sa Pampamilyang Pabahay at ang Pagtatasa sa Pangunahing Nakakoordinang Paglahok ng Nasa Hustong Gulang upang maunawaan ang kahinaan para sa pabahay, kasaysayan ng kawalan ng tirahan, at mga balakid sa pabahay. May katumbas na score ang bawat tanong, at binibilang ang score ng mga sagot. Ang mas mataas na score ay nangangahulugan ng mas mataas na “prioridad” ngunit hindi nito isinasaad kung aling uri ng opsyon sa pabahay ang pinakanaaangkop. Isinasaad ng Status ng Referral sa Pabahay na nakakuha ang sambahayan ng score sa antas na malamang na magbigay sa kanila ng referral sa pabahay na pinondohan ng HSH sa loob ng 2-3 buwan.^{xlvi}
- Ginagawa ang mga pagpapasya sa pagsasaprioridad batay sa pagkakaroon ng pabahay sa HRS at sa mga resulta ng Pangunahing Pagtatasa sa Pabahay. Nagbabago ang threshold score ng Status ng Referral sa Pabahay depende sa available na imbentaryo. Ang mga makakaabot sa threshold ay ipapares sa isang housing navigator upang maitugma sila sa mga available na

opsyon sa pabahay. Ang mga hindi makakaabot sa threshold ay hindi ire-refer sa pabahay ng HSH at aalukin lamang ng Paglutas sa Problema.

- Nagbibigay ng mga referral sa pabahay sa loob ng HRS batay sa paglilingkod muna sa pinakamahirang sambahayan (ayon sa tinukoy ng Pangunahing Pagtatasa sa Pabahay).
- Ang Administratibong Pagsusuri ay available sa mga indibidwal at pamilyang maaaring nahirapang iulat ang sarili nilang kasaysayan ng kawalan ng tirahan at mga balakid at nakatanggap ng mababang score sa Pagbibigay-prioridad sa pabahay o Pangunahing Pagtatasa sa CE. Ang Administratibong Pagsusuri ay maaaring pasimulan ng tagapamahala ng kaso, clinician, o tagapagkaloob ng serbisyo na malapit na nakikipagtulungan sa isang indibidwal at makakapagbigay ng impormasyon tungkol sa mga balakid sa pabahay, kahinaan, at tagal at dalas ng kawalan ng tirahan ng indibidwal. Hindi maaaring hilingin ng mga mismong indibidwal ang administratibong pagsusuri.

Kasalukuyang mayroong tatlong lokasyon para sa mga pamilya, apat na lokasyon para sa mga nasa hustong gulang, at tatlong lokasyon para sa mga Access Point ng CE na partikular sa kabataan sa San Francisco. Mayroong isang Pangkabataan at isang para sa Nasa hustong gulang na Access Point na matatagpuan sa mga organisasyong may misyong magbigay ng ligtas na access para sa mga kabilang sa komunidad ng LGBTQ+y (Lyric, at ang SF LGBT Center). Walang ibang Access Point na matatagpuan sa mga organisasyong partikular sa kultura, at wala ring matatagpuan na ganito sa mga organisasyon sa serbisyo sa biktima. Hindi pare-pareho ang mga oras ng pagpapatakbo ng Mga Access Point, ang mga ito ay maaaring nangangailangan ng mga appointment, at sa pangkalahatan ay hindi bukas sa labas ng karaniwang oras ng trabaho. Gayunpaman, available ang mga mobile response team upang puntahan ang mga pamilya saanman sa lungsod kung hindi makakabisita ang mga ito sa isang Access Point, at maaari ding tumawag at makatanggap ng pagtatasa ang mga sambahayan sa pamamagitan ng telepono. Maaaring makatanggap ng mga diskwento sa multa at bayarin ang mga bumibisita sa mga Access Point kung may nakumpletong Pagtatasa sa loob ng nakalipas na anim na buwan, at hinihikayat ang mga ito na magtanong tungkol sa mga libreng Muni pass, isang one-time na waiver sa bayarin sa tow at storage, isang one-time na waiver ng “boot” fine, at mga may diskwentong citation.”^{xlvii}

Napag-alaman sa kamakailang ulat na sa San Francisco, “Mayroon nang 17,111 taong tinasa sa pamamagitan ng Nakakoordinang Paglahok mula nang sinimulan ang programa noong 2018 hanggang Hulyo 1, 2021. Humigit-kumulang isang katlo ng mga single na nasa hustong gulang na dumaraan sa Nakakoordinang Paglahok ang naitatalaga sa isang pabahay, at humigit-kumulang one fifth ng mga pamilya o kabataan. Ang mga hindi nakakakuha ng pabahay ay nakakakuha ng “Paglutas sa Problema.” Mayroon lang 6.9% rate ng resolusyon ang Paglutas sa Problema noong FY 21-22,^{xlviii} na nangangahulugang karamihan sa mga taong dumaraan sa Nakakoordinang Paglahok ay nananatiling walang tirahan.

Paglalarawan ng Proyekto

Ang Safe Housing Alliance (SHA), dating kilala bilang National Alliance for Safe Housing (NASH) ay isang pambansang organisasyon sa teknikal na tulong at pagsasanay na inilunsad noong 2015. Sinusuportahan ng SHA ang mga komunidad na nagsisikap na bumuo ng posibleng pinakamahusay nilang tugon sa mga pangangailangan sa pabahay ng mga survivor ng karahasan sa tahanan, sekswal na pang-aabuso, at human trafficking.

Layunin ng Departamento para sa Kawalan ng Tirahan at Suportang Pabahay (HSH) na gawing madalang, panandalian, at minsanan lang ang kawalan ng tirahan sa San Francisco sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga nakakoordina, may malasakit, at de-kalidad na serbisyo. Noong 2021, nakipag-ugnayan ang HSH sa SHA upang magsagawa ng Pagtatasa sa Mga Pangangailangan ng Komunidad para masuportahan ang

paninindigan nito sa pagpapahusay ng access sa at kaligtasan ng mga serbisyo sa mga walang tirahan at pabahay para sa mga survivor ng Karahasan sa Tahanan (DV), Sekswal na Pang-aabuso (SA), at Human Trafficking (HT).

Nilalayan ng HSH para sa proyekto na matiyak na makakatanggap ang mga survivor ng mga serbisyo mula sa System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan (HRS) na naa-access, ligtas, nagpoprotekta sa privacy, at nagbibigay ng mapagpipilian. Ang pangalawang layunin ay mapahusay ang koordinasyon sa pagitan ng Mga Tagapagkaloob ng Serbisyo sa Biktima at ng System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan.

Mga Pagpapahalaga ng Proyekto

Ang Pagtatasa sa Mga Pangangailanga ng Komunidad para sa Ligtas na Pabahay ay ginagabayan ng mga sumusunod na pagpapahalaga:



Pagtuon sa mga karapatan, boses, at karanasan ng mga survivor
Sa pamamagitan ng proseso ng pinagtutulungang disenyo, natukoy ng proyekto ang mga balakid na kinakaharap ng mga survivor sa pagkakaroon ng ligtas na pabahay. Kabilang dito ang pakikipagtulungan sa mga organisasyong pinangungunahan ng survivor, mga masinsinang panayam at session ng pakikinig sa survivor, at 50% survivor na miyembro sa lupon ng pagpapayo ng proyekto (na kasamang pinangangasiwaan ng isang survivor).



Paggamit ng mga pagpapalitan ng pananaw sa lahat ng aktibidad ng proyekto at sa pagtatasa ng data at mga natuklasan

Lubos na nababatid ng HSH, SHA at mga katuwang sa proyekto na nagpapatong-patong ang maraming isyu at pagkakakilanlan ng mga survivor na lumilikha ng mga karagdagang hamon sa pag-access at pagpapanatili sa ligtas na pabahay. Kabilang sa mga ito ang mga hindi pagkakapantay-pantay sa kita, diskriminasyon sa pabahay, mga epekto ng dating trauma, at sistematikong racism. Nagsikap ang proyekto na pagtuunan ang mga karanasan at pangangailangan ng LGBTQ+, mga imigrante, iba't ibang kasarian, mga nonnative na nagsasalita ng Ingles, Black, Indigenous, and People of Color (BIPOC), mga taong may kapansanan, at iba pang marginalized na grupo.



Pagsasagawa ng Radikal na Pakikinig (Radical Listening) at pagpapakumbaba
Sa pagsisikap na maunawaan at mapagtuunan ang mga perspektiba ng mga survivor, binigyang-diin ang paggawa ng ligtas na lugar, masinsinang pakikinig, pagtatanong ng mga makabuluhang follow-up, at pagtitiyak na ganap na maibabahagi ng mga tao ang kanilang mga karanasan at pakikinggan sila nang may malasakit at nang walang panghuhusga.

Mga Katuwang sa Proyekto

Nakipagtulungan ang SHA sa mga katuwang na may malawak na kaalaman at makakatulong sa pagsasagawa ng mga aktibidad sa proyekto:

- [Voices of Women](#): Isang programa sa pag-oorganisa ng komunidad na pinangungunahan ng survivor na nagsisikap na makagawa ng malaking pagbabago sa patakaran sa karahasan sa tahanan
- [Shobana Powell Consulting](#): Isang pambansang consulting firm na binubuo ng mga tagapagkaloob ng serbisyo at survivor/ekspertong may aktwal na karanasan na nag-aalok ng pagsasanay at teknikal na tulong sa interseksyon ng trauma, trafficking, at sistemikong pang-aapi.

Nakipag-ugnayan din ang HSH sa mga katuwang sa ibaba upang magsagawa ng mga aspeto ng mas malalawak na pagsusuri sa System ng Nakakoordinang Paglahok:

- [Homebase](#), na nakikipagtulungan sa mga sektor na pampubliko, non-profit, at nakabatay sa paniniwala upang matukoy ang mga balakid at pangunahing mapagkukunan, gawing pulido ang kanilang mga ideya at layunin, at magdisenyo ng mga nasusukat na solusyon sa serbisyo bilang pagtupad sa kanilang misyong bumuo ng kapasidad sa komunidad upang mawakasan ang kawalan ng tirahan, mabawasan ang kahirapan, at magpanatili ng mga masigla at inklusibong komunidad.
- [Focus Strategies](#), isang pambansang consulting firm na matatagpuan sa West Coast na nakatuon sa pagtulong sa mga komunidad na pahusayin ang mga pagsisikap na wakasan ang kawalan ng tirahan sa pamamagitan ng pagpapalano sa komunidad na nakabatay sa lokal na data at pinakamahuhusay na kagawian sa buong bansa, kabilang ang pagdidisenyo at pagsusuri ng Mga System ng Nakakoordinang Paglahok.

Mga Elemento ng Proyekto

Idinisenyo ang Pagtatasa sa Mga Pangangailangan ng Komunidad para sa Ligtas na Pabahay upang mangalap ng opinyon, mga perspektiba, at data na kritikal sa pagbuo ng mga patakaran at kasanayang naaayon sa mga pangangailangan ng mga survivor gamit ang mga sumusunod na estratehiya:

- Mga Panayam sa Pangunahing Stakeholder: Mga pakikipag-usap sa mga pangunahing contributor sa pagtugon ng San Francisco sa mga survivor at mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan. Nilayon ang mga tanong upang mangalap ng opinyon na nakatulong sa pagbuo ng pangkalahatang-ideya ng mga hamong kinakaharap ng mga survivor sa kasalukuyang System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan at upang tumuklas ng mga limitasyon na makakapagbigay-alam sa mga kinakailangang sistemikong pagbabago.
- Mga Session ng Pakikinig sa Survivor: Katulong sa pangangasiwa ang mga survivor, ang mga session na ito ay nakapagbigay ng malawak na pagkatawan sa boses ng mga survivor. Binayaran ang mga survivor para sa kanilang oras at inalok sila ng de-briefing support at mga koneksyon sa mga mapagkukunan. Mahalaga para sa makabuluhang pagtugon ang pag-alam sa mga karanasan ng mga survivor sa loob at labas ng mga system ng pagtugon, kung ano ang epektibo at kung ano ang hindi, at kung anong pagbabago ang pinaniniwalaan nilang kinakailangan.
- Online na Survey sa Komunidad para sa Ligtas na Pabahay: Nangolekta ang Survey ng impormasyon mula sa mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima at walang tirahan at kawani sa iba pang organisasyong para sa mga survivor upang makatulong na tasahin ang mga patakaran at gawi at pagsunod sa pinakamahuhusay na kagawian. Kabilang sa mga pangunahing kinalap ang kaligtasan, pagiging kumpidensyal, pagtatasa, access, pagsasanay, mga proteksyon sa pabahay, mga pamamaraang naaangkop sa trauma, racial equity, at mga estratehiyang nakatuon sa survivor.
- Working Group para sa Ligtas na Pabahay: May matatag na representasyon ng survivor at kasamang pinamumunuan ng mga survivor at tagapagkaloob ng serbisyo, ang ad hoc na komiteng ito ay nakapagsagawa ng mga buwanang pagpupulong upang tasahin ang mga kasalukuyang system, suriin ang mga natuklasan, at bumuo at magsaprioridad ng mga rekomendasyon.
- Pagsusuri sa Data: Sinuri ng Focus Strategies ang available na HMIS at iba pang data ng istatistika upang magbigay ng quantitative na pagsusuri ng kasalukuyang sistema. Kabilang sa mga data point ang: demograpiko ng mga survivor na kasalukuyang nag-a-access sa System ng Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan; kung anong mga programa ang kasalukuyang ginagamit ng mga survivor; at mga resulta nito kumpara sa ibang nag-a-acces ng mga serbisyo. Tinutukoy sa seksyong Panimula sa itaas, nakalakip ang buong ulat bilang Apendise E.
- Ulat sa Pagtatasa sa Mga Pangangailangan ng Komunidad: Binubuod at sinusuri ng ulat na ito

ang mga natuklasan sa mga aktibidad ng Pagtatasa sa Mga Pangangailangan ng Komunidad at nagbibigay ito ng mga paunang rekomendasyon para sa pagpapahusay ng ligtas at pantay-pantay ng access ng mga survivor sa mga serbisyo sa mga walang tirahan at pabahay sa San Francisco. Ilalahad ang mga rekomendasyong ito sa Working Group para sa Ligtas na Pabahay, kung saan pagpapasyahan ang pinal para rito at makakatulong ang mga ito sa pagbibigay ng batayan para sa mga susunod na hakbang, sa mga lugar upang maisama ang:

- Mga update sa Mga Nakasulat na Pamantayan sa Nakakoordinang Paglahok ng San Francisco kaugnay ng access ng mga survivor sa at mga tugon sa System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan;
- Pagbuo ng mga protocol ng Information System sa Pamamahala ng Mga Walang Tirahan (MIS) tungkol sa kung paano pangangalagaan ang impormasyon ng survivor;
- Disenyo ng mga proseso ng referral para sa mga survivor na nangangailangan ng access sa mga madudulugan sa loob ng System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan.

Mga Natuklasan

Mga Panayam sa Pangunahing Stakeholder

Sa simula ng proyekto, malapit na nakipagtulungan ang SHA sa HSH upang bumuo ng listahan ng mga stakeholder na tinukoy na may malalim na pag-unawa sa mga isyung nauugnay sa ligtas na pabahay para sa mga survivor sa San Francisco na kakapanayamin nang one-on-one, sa loob ng average na isang oras. Kabilang sa mga kakapanayamin ang mga kinatawan mula sa mga lokal na non-profit na organisasyon para sa walang tirahan/pabahay, human trafficking, karahasan sa tahanan, at sekswal na karahasan, pati na rin ang lokal na pamahalaan, mga legal na serbisyo, at pang-advokasyang organisasyon na partikular sa kultura. Mahalaga ang mga pakikipag-usap sa mga miyembrong ito ng komunidad upang magkaroon ng pangkalahatang-ideya ng mga pangangailangan, dynamics, hamon, at mapagkukunan ng komunidad. Ang impormasyon at mga pananaw na nakalap mula sa mga indibidwal na ito ay sumasalamin sa marami sa mga tema at natuklasan sa Mga Session ng Pakikinig sa Survivor at sa Survey. Nagsagawa ang SHA ng kabuuang 26 na panayam na nagbigay-daan sa amin na mapakinggan ang kabuuang 34 na tao.

Mga Tema sa Panayam sa Stakeholder

Sinuri ang mga tala sa panayam upang matukoy ang mga mahalaga at umuulit na tema sa bawat panayam at sa lahat ng panayam. Nasa ibaba ang buod ng mga pangunahing tema na lumitaw.

1) Mayroong kapansin-pansing pagkalito sa parehong mga tagapagkaloob ng serbisyo at survivor tungkol sa kung paano gumagana ang system ng pabahay. Maraming stakeholder ang nagpahayag na hindi nila ganap na nauunawaan at/o hindi ganap na nauunawaan ng mga kawani sa kanilang organisasyon kung paano dapat gumana ang system ng pabahay, kabilang ang Nakakoordinang Paglahok at Access. Bilang resulta, nahihirapan silang tulungan ang mga survivor na matagumpay na makapag-navigate dito, magbigay ng mga kapaki-pakinabang na referral, ihanda ang mga survivor sa kung ano ang dapat asahan, at suportahan ang mga ito na i-access ang mainstream (hindi VSP) na pabahay. Napansin din ng mga tagapagsulong at tagapagkaloob ng serbisyo na sa pangkalahatan ay “nangangapa sa dilim” ang mga survivor at nagpahayag din sila ng pag-aalala sa mga mas matinding balakid na kinakaharap ng mga survivor kung hindi matutulungan ang mga ito ng mga programa at tagapagsulong. Binanggit ng ilang stakeholder na mula noong binuo ang Nakakoordinang Paglahok, mukhang naging mas organisado at sistematiko ang pagtugon sa kawalan ng tirahan kaysa dati, gayunpaman, nakakalito ito at hindi ito naa-access ng mga survivor.

“Magandang ideya ang Nakakoordinang Paglahok at mga entry point sa komunidad ngunit labis itong nakakalito at hindi pa ito ganap na epektibo.”

“Kailangan natin ng malinaw na mapa ng kung sino ang lahat ng kalahok, kung ano ang mga pamantayan sa pagiging kwalipikado, kung ano ang mga proseso sa pag-access.”

2) Hindi nagiging matagumpay ang mga survivor sa system ng CE – o sa pangkalahatan ay iniwasan nila ito. Nag-ulat ang mga stakeholder na marami silang naririnig na pag-aalangan mula sa mga survivor na nakakausap nila tungkol sa pagkuha ng mga serbisyo sa HRS. Ang mga nabanggit na halimbawa ng dahilan kung bakit ganap na iniwasan ng mga survivor ang sistema ay kinabibilangan ng mga takot ng mga survivor tungkol sa pagiging kumpidensyal, kawalan ng kaligtasan sa mga Access Point, kawalan ng access sa wika, at alalahanin na humantong sa pagkakakulong nila ang pagpapakilala sa kanilang bilang walang tirahan (lalo na kapag may bata sa sambahayan). May ilang VSP na hindi nakikita ang CE bilang epektibo para sa mga survivor at humahanap sila ng iba pang paraan upang tumulong, na kadalasan ay sa pamamagitan ng pagkikipagtulungan sa isang partikular na ahensya para sa walang tirahan upang gumawa ng mga direktang referral.

“Hindi pa ako kailanman nagkaroon ng matagumpay na referral sa isa sa mga programa sa system ng Lungsod. Sa palagay ko ay natin natutulungan ang mga tao na mabigyan ng tirahan. Kaya kong ipasok ang mga survivor sa Permanenteng Suportang Pabahay sa iba pang komunidad, ngunit hindi rito.”

Sa pangkalahatan, ibinahagi ng mga stakeholder na mukhang bihirang nagreresulta ang pagtatasa ng CE sa Status na Referral para sa mga survivor, dahil sinusukat nito ang mga bagay (gaya ng kung gaano katagal nang walang tirahan) na kadalasang hindi bahagi ng kasaysayan ng survivor. Walang naalalang pagkakataon ang ilang stakeholder kung saan nagkaroon ng referral sa pabahay ang survivor na idinirekta nila sa system ng CE. Sinabi ng isang tagapagkaloob ng serbisyo na: “Walang naibibigay na pag-asa sa mga tao ang karanasan sa CE.”

“Maliit na porsyento lang ng mga survivor ang nakapasok sa system; ang pinakapektibong gawin ay huwag dumaan dito at makipagtulungan na lang sa mga katuwang na organisasyon.”

- 3) Nadaragdagan ang mga balakid sa access para sa mga BIPOC, LGBTQ+, imigrante, survivor na may Limitadong Kahusayan sa Ingles (LEP), at mga taong may kapansanan.

“Ang mga serbisyo sa shelter para sa mga Black na kababaihan ay ipinasok sa ‘Big Black Ask’ na isinama para sa pagpopondo, ngunit hindi ito pinondohan.”

“Nakikita sa San Francisco ang pinakamatitinding kawalan ng balanse sa dami ng Black/Latinx na tao sa Criminal Justice System; hindi rin ma-access ng [mga Indigenous na kababaihan] ang mga serbisyo. Bago ang taon na ito, walang organisasyong pinangungunahan ng black o indigenous na tao na naglilingkod sa mga survivor; talagang iisang wika lang ang sinasalita sa system.”

“Totoong may transphobia at diskriminasyon sa system ng pabahay. Maraming tao ang hindi na sumusubok dahil napakaraming balakid at pagtangi sa kanila.”

Ayon sa obserbasyon ng isang stakeholder: “Ang pangmatagalang pabahay ay nangangailangan ng pagkamamamayan o kwalipikadong legal na status. Ang pagiging LGBTQ+, queer, o trans ay nagpapakita ng iba't ibang layer. May iba pang balakid sa access para sa mga taong may kapansanan, at may kakulangan sa mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip bago, habang, at pagkatapos makatanggap ng mga serbisyo sa pabahay.” Ang access sa wika ay isa pang malaking balakid; ang katotohanan na 40% ng mga taga-San Francisco ay nagsasalita ng ibang wika bukod sa Ingles sa kanilang mga tahanan ay nagbibigay ng malalaking hamon sa mga tagapagkaloob ng serbisyo at kawani sa mga access center. Ang resulta: “Para sa mga taong LEP, nahahadlangan ang kanilang access sa LAHAT ng kinakailangan para makakuha ng pabahay.”

Ginawang layunin ng System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan ang racial equity sa kanilang plano upang mawakasan ang kawalan ng tirahan, gaya ng ginawa ng ilang inihalal na opisyal, ngunit sa palagay ng mga stakeholder ay hindi nagagamit ang pera upang maisakatuparan ito. Bagama't may ilang nakapansin ng pag-unlad sa representasyon sa mga kawani, hindi pa rin sapat ang mga staff of color upang epektibong makapaglingkod sa sari-saring populasyon. Pinalala pang lalo ng pandemya ang mataas nang rate ng pagka-burnout at pag-turnover sa mga direktang tagapagkaloob ng serbisyo, at dapat magkaroon ng tulong-tulong na pagsisikap upang ma-diversify ang mga kawani at matiyak ang pananatili.

Nabanggit ng ilang stakeholder ang kasalukuyang sitwasyon kung saan natatabunan ng mga pampulitikang alalahanin tungkol sa krimen at droga ang mga isyu ng mga dati nang nasa laylayang komunidad; at ibinahagi ng isang stakeholder na: “Nangingibabaw ang pag-abuso sa substance sa pag-uusap tungkol sa kawalan ng tirahan.” Ang posibilidad na isulong ang mga pagtugon sa hustisya sa krimen upang “malutas” ang kawalan ng tirahan at paggamit ng substance ay hindi lamang umiiwas sa pagtugon sa mga napapailalim na problema, nagdudulot din ito ng mas maraming hindi kaaya-ayang epekto sa BIPOC at iba pang marginalized na grupo. Isinulong ng ilang nakapanayam ang higit na pantay-pantay na pamamahagi ng mga mapagkukunan sa pabahay upang matiyak ang access para sa mga mas maraming apektado ng kawalan ng tirahan. Ang diskriminasyon sa lahi sa mga system ay kadalasang nakikita bilang magkakaibang epekto sa mga populasyon sa halip na pangkabuuang racism sa mga programa.

- 4) Wala gaanong indikasyon na pinagtutuunan ang populasyon ng survivor sa Sistema ng Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan, at kadalasang naisasantabi sa pag-uusap ang mga survivor ng sekswal na pag-atake. Sa palagay ng mga stakeholder, hindi binuo ang system upang matiyak na mahusay na natutugunan ang mga natatanging pangangailangan ng mga survivor. Isinaad ng isang stakeholder na walang



pagmemensaheng partikular sa survivor sa

website ng HSH na magdidirekta sa isang survivor sa tamang daan. Sumang-ayon ang mga stakeholder na sa panahon ng mga pagtatasa, maaaring hindi ihayag ng mga survivor ang pang-aabusong naranasan nila dahil walang insentibo sa paggawa nito, dahil hindi pinapataas ng pagiging survivor ang kanilang score o hindi sila nito ginagawang kwalipikado bilang priyoridad na populasyon.

“Walang masyadong makukuha ang mga survivor ng DV sa labas ng mga shelter para sa DV, at maaaring hindi makapasok ang mga survivor ng SA sa shelter para sa DV depende sa kung sino ang salarin.”

Lumalabas na kagawian ang kakulangan ng pansin sa DV/SA/HT bilang salik sa kawalan ng tirahan. Ibinahagi ng isang stakeholder na: “Ang mga tagasuri ng CE ay may mataas na turnover at nangangailangan ng higit pang pagsasanay sa sensitibong pag-screen... para sa DV. Minamadali at ginagawa sa mga bukas na lugar ang pag-screen... Walang mabigat na malawakang kasaysayan sa kalusugan at kawalan ng tirahan ang mga survivor kung kaya hindi sila nakakakuha ng mataas na score; hindi maisusumite nang mag-isa ang form upang maisaayos ito – dapat ay mayroon silang tagapagsulong na gagawa nito para sa kanila.”

“Kapag pumupunta ang aming mga kliyente sa CE, sinasabihan sila na hindi sila ang pangunahing priyoridad para sa pagbibigay ng pabahay at kwalipikado lamang sila para sa paglutas sa problema. Kapag dinadala namin ang mga kliyente sa mga access point ng CE, sinasabi sa amin ng kawani sa frontline na hindi priyoridad ang DV.”

(Stakeholder ng VSP)

Ipinahayag ng ilang stakeholder na hindi kasama sa kasalukuyang pagsasapriyoridad sa nakatira sa kalye ang mga pinakaapektadong populasyon, kabilang ang mga survivor. “Hindi nakatira sa kalye ang ilang tao na nasa pinakamalaking panganib – nakikipagtalik sila kapalit ng pabahay o humahanap sila ng ibang paraan upang maiwasan ang pagtira sa kalye, at dahil wala sila sa kalye, hindi sila

“Hindi nagbabahagi ng impormasyon ang mga tao; hindi napapataas ng pagiging survivor ang kanilang score kaya ano ang insentibo nila?”

(Stakeholder ng VSP)

naisasapriyodad. At may posibilidad na pumunta ang POC sa pamilya at mga kaibigan, pansamantalang nakikitulog sa mga bahay-bahay, nagdo-double up... kaya hindi sila naisasapriyodad.” Ipinahayag din na hindi direktang ibinibigay ang pondo sa pabahay at mga serbisyong partikular sa survivor, partikular na para sa mga pangmatagalang solusyon na bukod pa sa shelter at transisyonal na pabahay.

- 5) Karaniwang hindi nakakaramdam ng kaligtasan ang mga survivor sa mga access center at shelter. Nagpahayag ang ilang stakeholder ng mga alalahanin na higit pa sa napapansin nilang hindi ganap na natutugunan sa HRS ang mga natatanging pangangailangan ng mga survivor. Nagbahagi sila ng mga karanasang kinuwento ng mga survivor tungkol sa kawalan ng pisikal at sikolohikal na kaligtasan sa mga access point at sa loob ng ilang programang nagbigay sa kanila ng tirahan o shelter. Kabilang sa mga napansin sa obserbasyong ito ang kawalan ng mga kumpidensyal na lugar kung saan nila

maibabahagi ang kanilang mga kuwento, pakiramdam na minamaliit at/o hinuhusgahan sila ng kawani, paghiling ng mga kawani ng mga sekswal na pabor mula sa kanila bilang kapalit ng pabahay o mga benepisyo, pagdinig na ibinabahagi ang kanilang mga personal na kuwento sa shelter, takot na iulat sila sa CPS o INS, at pagbalik sa pagtira sa labas dahil hindi sila makaramdam ng kaligtasan sa mga shelter o sa mga komunidad kung nasaan ang kanilang tirahan at/o dahil sa pagtratong natanggap nila habang naroon sila.

“Maaraming trans woman na nagtatrabaho bilang mga sex worker ang nakaranas ng DV/SA/HT. Kung minsan ay sinasabihan sila na ‘bahagi nito’ ang mga bagay na iyon. Ang kanilang pinakamalaking hamon sa pag-access sa pabahay ay ang kaligtasan; hindi nila maramdamang ligtas sila kapag nakikipag-ugnayan sila sa mga mainstream na tagapagkaloob ng serbisyo; at mas pinipili nilang matulog sa kanilang sasakyan kaysa sa pumunta sa shelter.”

- 6) Idinisenyo ang CE nang walang opinyon ng mga VSP, at marami pang kailangang gawin upang mas matiyak ang sapat na pagsasanay at pagpapalano sa maraming system na mahalaga sa epektibong pagtugon sa mga survivor.

Walang sapat na pagsasanay at komunikasyon sa pagitan ng HRS at mga system ng serbisyo sa biktima upang magbigay-kaalaman tungkol sa mga programa ng H/H sa mga problema ng kawalan ng tirahan ng mga survivor, kung paano epektibong matutulungan ang mga survivor, kung paano matitiyak ang kaligtasan at pagiging kumpidensyal nila, o iba pang isyung nakakaapekto sa mga pangangailangan ng mga survivor sa ligtas na pabahay. May pakiramdam ang ilang kinapanayam na sa ilang paraan ay binabawasan ng CE ang access ng mga survivor dahil kulang sa pagsasanay ang mga tagatasa at hindi nagreresulta ang mga pagtatasa sa referral sa pabahay dahil sa mababaw na pagkaunawa sa mga pangangailangan ng mga survivor. Ibinahagi ng isang stakeholder na sa mga pagpupulong ng mga tagapagkaloob ng serbisyo noong panahon ng pandemya, nababalitaan ng mga tagapagkaloob ng serbisyo ang tungkol sa mga kabataan, beterano, at pamilya, ngunit wala tungkol sa mga populasyong biktima ng DV/SA/HT. Binanggit ng isa pa na nakagawa ng sapat na pagsisikap ang HSH sa mga kamakailang taon upang pagbutihin ang komunikasyon at magsagawa ng mga magkasamang pagpupulong upang maisulong ang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga tagapagkaloob ng serbisyo. “Isa itong simula.”

- 7) Hindi na pinondohan ang mga inobatibong pagtugon na nabuo dahil sa COVID. Bagama't maraming problema ang lumala noong panahon ng pandemya, mabilis na nakapagtatag ang lungsod ng mga programa sa shelter-in-place (SIP) na, kasabay ng pagluwag ng mga limitasyon sa pagpapapasok at sama-samang pagsisikap sa pag-abot, ay nagbigay-daan sa paglilingkod sa mas maraming iba't ibang survivor sa pabahay kaysa dati. Hindi na pinondohan ang mga programang iyon, na nagreresulta sa pagkawala ng mga serbisyo at access sa ligtas na pabahay para sa maraming survivor. Higit pa rito, ang mga survivor na kalahok sa mga programang iyon, noong panahong inalis ang mga ito, ay kinailangang ikompromiso ang kanilang pagiging kumpidensyal upang makatanggap ng patuloy na tulong sa pabahay.

8) Malaking salik ang matinding kakulangan sa abot-kayang pabahay sa San Francisco, ngunit may iba pang nakakadagdag sa kakulangan ng sapat na ligtas na pabahay para sa mga survivor, lalo na para sa mga may marami at marginalized na pagkakakilanlan.

Itinuro ng halos lahat ng stakeholder matinding kakulangan sa abot-kayang pabahay sa San Francisco, na isang kapansin-pansing salik sa kakulangan ng mga opsyon para sa mga survivor. Hindi nakasabay ang pag-develop ng abot-kayang pabahay sa pangangailangan para rito, at hindi itinuloy ang mga iminungkahing proyekto dahil sa matinding pagtutol ng mga residente sa mga pinaplanong lokasyon. Nagresulta rin ang pabago-bagong badyet at stream ng pagpopondo sa mas kaunting higaan at serbisyo para sa mga survivor; ipinahayag ng mga stakeholder na walang sapat na ligtas na lokasyon na mapupuntahan ang mga survivor, at kakaunting survivor lang ang nakakatanggap ng mga referral sa pabahay sa pamamagitan ng CE. Mariing ipinahayag ng mga stakeholder ang pangangailangan para sa mga “naka-customize” na serbisyong direktang tumutugon sa mga natatanging pangangailangan ng mga survivor - lalo na ng mga survivor na queer, trans, at woman of color na nakakaramdam na hindi idinisenyo para sa kanila ang system at binibigo sila ng mga ito.

9) Tumaas ang positibong pananaw na maaari pang gumanda ang sitwasyon, ngunit nananatili pa rin ang mga agam-agam. Nagpahayag ang mga stakeholder, nang may ilang pagbubukod, ng kumpiyansa na posibleng magbago ang mga sistema, partikular na ang pagbabago sa pamumuno sa HSH at sa mga aktibong pagsisikap ng Program Manager ng Nakakoordinang Paglahok upang maabot at maengganyo ang maraming stakeholder.

Ang mga dating problema sa pagitan ng HSH at Departamento ng Kalagayan ng Kababaihan, na nakitang nakaapekto sa kakayahan ng lungsod upang epektibong maplano at mabuo ang mga system para sa mga survivor, ay nakitang humupa na, at nagbibigay-daan sa oportunidad ng magkatulong na pagpaplano at cross-system na komunikasyon. Binanggit ng ilang stakeholder na “masarap sa pakiramdam” ang pakikipagtulungan sa mga ahensya sa iba pang system upang mas matulungan ang mga survivor na makakuha ng pabahay. Sa kasamaang palad, ang mataas na rate ng pagka-burnout at pag-turnover ay nagresulta sa pagkawala ng ilan sa mga ugnayang iyon.

“Kilalanin ang kasalukuyang sitwasyon ng mga tao at isama ang kanilang mga opinyon sa proseso!”

“Ang lahat ay pulitika – tumanggap ang HRS ng napakaraming kritisismo mula sa alkalde, publiko, atbp. Mahirap kapag nakapaloob ka sa sistemang nasa kalagitnaan ng mga mapanghamong isyu – hindi mukha ng kawalan ng tirahan ang mga pamilyang walang tirahan at hindi sila nauunawaan.”

Kasabay ng pangkalahatang positibong pananaw na ito, nagbanggit ang ilang stakeholder ng ilang babala, kung saan binigyang-diin nila ang kalahagahan ng pagsuporta at pakikinig sa mga kawani sa linya at mga taong may aktwal na karanasan, na tinukoy nilang mga eksperto sa system. Ang karamihan sa mga pagbanggit ay tungkol sa pangangailangan ng higit pang komunikasyon, mga regular na nakaiskedyul na pagpupulong, at outreach sa mga organisasyong hindi bahagi ng HRS. Iminungkahi rin ng mga stakeholder na mahalaga para sa San Francisco na hindi matapakan ang progresibong reputasyon nito, at nababahala sila na maaaring maging mitsa ng kawalan ng tiwala sa pagitan ng mga tagapagkaloob ng serbisyo at ng lungsod ang pagsasakrimen ng kawalan ng tirahan at pagkabigong maisapriyoridad ang pag-develop ng abot-kayang pabahay.

“Kailangan nating wakasan ang pagkakahiwalay natin at magpakumbaba.”

10) Mayroong nakitang posibilidad na magsagawa ang mga departamento ng Lungsod ng mga proseso sa pagpapalano at gumawa ng mga desisyon sa pagpopondo nang nakahiwalay. Maraming stakeholder ang gumamit sa pahayag na “Sagana sa mapagkukunan, ngunit kulang sa koordinasyon” o nagparating ng sentimyentong iyon upang ilarawan ang "motto ng lungsod" ng San Francisco. Sa mga stakeholder bilang isang grupo, nagkasundo ang lahat na bagama't mayroong pera na maaaring gamitin upang mapabuti ang epekto at availability ng mga suportang serbisyo at pabahay para sa mga survivor, hindi sapat na naikoordina ang mga system upang makarating ang perang iyon sa mga tamang lugar at matiyak na nagtutulungan ang mga system upang hindi maisantabi ang mga survivor. Mayroon ding mga pulitikal na dynamic na lalong nagpapahirap dito. Kinilala ng mga stakeholder na tinitingnan ang SF nilang isang pulitikal na prograsibong lungsod, ngunit ang mga magkakasalungat na interes ng mga inihalal na opisyal sa pagtugon ng mga isyung partikular sa distrito ay nagresulta sa patsi-patsing tugon na hindi nakakahikayat sa pagtutulungan sa at sa lahat ng sistema.

11) Dahil binubuo ng mga survivor ang malaking porsyento ng mga nakakaranas ng kawalan ng tirahan, dapat na bumuo ang San Francisco ng sama-samang pagtugon, kung saan magiging responsable ang parehong system. Inilarawan ng mga stakeholder ang trabaho ng dalawang system na ito bilang magkakahiwalay. Bagama't ang ilan sa mga ito ay maaaring makapagbigay ng halimbawa ng pinapahalagahang hindi pormal na pakikipagtulungan sa iba pang ahensya, sa palagay nila ay walang sapat na pagsasanay at komunikasyon sa pagitan ng mga system ng pabahay/walang tirahan at system ng serbisyo sa biktima upang magbigay sa mga programa ng kaalaman tungkol sa mga problema ng kawalan ng tirahan ng mga survivor, kung paano epektibong matutulungan ang mga survivor, kung paano matitiyak ang kaligtasan at pagiging kumpidensyal ng mga ito, o iba pang isyung nakakaapekto sa mga pangangailangan ng mga survivor sa ligtas na pabahay. Isa nang simula ang mga kamakailang pagsisikap ng HSH na mapahusay ang komunikasyon at magsagawa ng mga magkasamang pagpupulong na nagbibigay-daan sa cross-system na komunikasyon, ngunit hindi pa ito sapat, at sumasang-ayon ang mga stakeholder na hindi lang dapat ang HSH ang responsable sa pagsasakatuparan nito. Nagpahayag ang mga tagapagbigay ng serbisyo ng pangangailangang magpasimula ng mas maayos na komunikasyon sa mga system sa halip na magtrabaho nang magkakahiwalay, at upang mapaingting ang transparency.

“Ang system ng mga serbisyo sa biktima at system para sa walang tirahan...ay ganap na magkakahiwalay na system, at hindi nagsasama sa anumang pagpupulong. Sa mga pagpupulong ng system para sa walang tirahan, walang tagapagkaloob ng serbisyo para sa DV - iniimbitahan lang ang mga ito para sa paminsan-minsang konsultasyon.”

“Dapat na maging mas magkakakonekta ang mga system – iisang populasyon lang ang pinaglilingkuran ng mga ito!”

Mga Session ng Pakikinig ng Survivor

Ang boses ng survivor ang pangunahing elemento ng Pagtatasa sa Mga Pangangailangan ng Komunidad. Ang mga katuwang sa proyekto ng SHA, na Voices of Women at Shobana Powell Consulting, ay nangasiwa ng apat na panggrupong session at limang one-on-one na session sa pakikinig kasama ang mga eksperto sa survivor, na mayroong mga karanasan lahat sa kawalan ng tirahan at karahasan sa tahanan, sekswal na pag-atake, o human trafficking. Lumahok sa mga session na ito ang dalawampung (20) survivor, kung saan anim sa kanila ang naging mga miyembro ng Working Group para sa Ligtas na Pabahay. May ibinigay na access sa wika sa Mandarin, Spanish, at Ingles. Kabilang sa mga kalahok ang mga survivor na tinukoy ang kanilang mga sarili bilang mga imigrante, trans, LEP, lalaki, BIPOC, namumuhay nang may mga kapansanan, at namumuhay nang may mga isyu sa kalusugan ng pag-iisip. Ang mga pakikipag-usap sa mga survivor na ito ay nagbigay ng firsthand na impormasyon tungkol sa kung paano naranasan ng mga taong nakatakdang matulungan ng mga system ng VSP at H/SH ang mga system na ito; ang kanilang sama-samang pananaw ay mahalagang salik sa pagbuo ng mga rekomendasyon para sa mga pagbabago ng system.

Mga Tema sa Session ng Pakikinig

Sinuri ang mga tala sa panayam upang matukoy ang mga mahalaga at umuulit na tema sa bawat session ng pakikinig at sa lahat ng session. Nasa ibaba ang buod ng mga pangunahing tema na lumitaw.

- 1) Nararamdaman ng mga survivor na hindi sila ligtas sa mga Access Point at sa mga shelter para sa walang tirahan at serbisyo para sa biktima.
Inilarawan ng mga survivor ang pakiramdam na hindi ligtas— nang pisikal at pati sikolohikal – sa mga Access Point at sa mga shelter. Ang mga Access Point at shelter ay nasa mga lokasyong may talamak na paggamit ng droga at mayroong “karahasang nangyayari sa lahat ng pagkakataon,” nang may partikular na pagtukoy sa Tenderloin District. Tinukoy ng halos lahat ng kalahok sa session ng pakikinig ang pagtatasa sa mga shelter bilang hindi ligtas; nakaranas ang mga survivor ng pagnanakaw, panliligalig mula sa iba pang residente ng shelter, pagmumungkahi ng mga kawani para sa mga sekswal na pabor, at potensyal na panganib sa kanilang mga anak dahil sa presensya ng mga droga at karahasan. Ibinahagi ng isang survivor ang karanasan na nakakita ang kanyang anak ng mga hiringgilya sa shelter; may isa pang nagsabi na lango mismo ang mga kawani ng shelter at binabalewala ng mga ito minsan ang pang-aabuso sa loob ng mga shelter.

Nararamdaman din ng mga survivor na nagpapalaki ng kanilang panganib sa karahasan at/o pang-aabuso ang impormasyong hinihiling na ibahagi nila sa mga panahon ng pagtanggap. Ibinahagi ng ilan ang takot sa taong nanakit sa kanila dahil alam nito ang lokasyon ng mga Access Point at iyon ang nakakapigil sa kanilang humingi ng suporta mula sa system.

“Busqué una organización de violencia doméstica para servicios de VD y me dijeron que fuera a un refugio, pero mi pareja me amenazó con que si iba a un refugio, me deportarían.”

(Originalmente dicho en Español)

“Naghanap ako ng organisasyon para sa DV para sa mga serbisyo para sa DV at sinabihan akong pumunta sa isang shelter, pero pinagbantaan ako ng aking kapareha na kapag pumunta ako sa shelter, made-deport ako.”

(Orihinal na ipinahayag sa Spanish)

2) Ang pakikipag-ugnayan sa system ng pabahay ay kadalasang hindi nagresulta sa pagkakaroon ng pabahay, dahil sa maraming taon ng paghihintay sa mga waiting list at paikot-ikot na proseso ng referral. Iniulat ng ilang survivor na nag-apply sila para sa mga serbisyo sa pamamagitan ng System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan ngunit hindi nila nakuha ang tulong na kailangan nila. Sa kanilang palagay, nakakalito at hindi nagsusulong ng kaligtasan ng kliyente ang system. Marami ang nagkuwento na pinagpabalik-balik sila sa maraming iba't ibang organisasyon at programa sa pabahay o binigyan sila ng



“Hindi tama na tinanong ako kung kailangan ko ng shelter at hindi ako kailanman nakakuha nito.”

“我想要看到像我这样的人获取到更多的资源，我还是在等待表上并且这
让我在等待期间感到非常不安，这
里仍然住房紧缺。庇护所不是一个
选项，因为我并不想让孩子成长
在这些有可能发生暴力的地方”

(最初以普通话陈述)

“Gusto kong makakita ng higit pang mapagkukunan para sa mga survivor na gaya ko. Wala pa ring pabahay para sa akin, dahil nasa mga waitlist pa ako, at nararamdaman ko ang kawalan ng kasiguraduhan habang naghihintay.”

(Orihinal na ipinahayag sa Mandarin)

- 3) Ilang beses na kinakailangang ulitin ang pag-navigate sa mga system ng pabahay at mahirap at nakakalito ito - lalo na kung walang tagapagsulong. Para sa karamihan ng mga kalahok sa session ng pakikinig, napakahirap ng pag-navigate sa mga system, at nakadepende ito sa mga dahilan ng inyong kawalan ng tirahan, maaari pang mas maging kumplikado ang mga proseso. Mahalaga ang paghahanap ng tamang taong tutulong sa pag-navigate sa mga system, ngunit limitado ang mga opsyon at maaaring maging “mayayamutin” ang mga kawani. Ibinahagi ng mga survivor na kahit na nakahanap sila ng matulunging caseworker, madalas na napakarami ng mga caseload nito kung kaya hindi rin ito makatulong talaga. Ibinahagi ng isang survivor na pagkatapos nilang mapalayas, wala nang pangalawang pagkakataon o gabay sa kung ano ang susunod na dapat gawin.

“Maaaring maging bastos at walang respeto ang mga kawani. Nakadepende sa pakiramdam nila ang tulong na matatanggap mo.”

“Huwag mo lang akong bigyan ng mga direksyon; gabayan mo ako rito upang malaman ko kung saan ako papunta.”

“Mas pinapahirap nila ang mga panuntunan at pinapanatili lang nila ang mga pahirap nang pahirap na panuntunan. Kapag napalayas ka, hindi ka na nila matutulungan...”

- 4) Nakaranas ang mga survivor ng mga balakid sa pag-access sa mga programa sa mga serbisyo sa biktima, kabilang ang pagbubukod ayon sa uri ng pang-aabuso, kung gaano kadalas itong nangyari, at ang pangangailangang magkaroon ng ulat sa pulisya bilang patunay ng pang-aabuso. May isang kalahok sa session ng pakikinig na hindi kailanman narinig ang tungkol sa mga serbisyo sa biktima; ang mga survivor na nakatanggap ng tulong mula sa mga VSP ay may magkakaibang karanasan sa pag-access sa mga ito. Sinabi ng isang survivor na may status na beterano na maraming serbisyo ang available para sa mga Beterano na may DV intersection. Naranasan ng iba pang respondent na hindi mabigyan ng mga serbisyo sa pamamagitan ng mga serbisyo sa biktima; sinabi ng isa: “Upang makapasok sa shelter ng Mga Serbisyo sa Biktima o pabahay sa ilalim ng mga serbisyo sa biktima, kailangan ay mayroon kang nakukumpirma at napapatunayang patunay na biktima ka ng karahasan sa tahanan, na nangangahulugang pisikal na pang-aabuso, mga ulat sa pulisya, at pati DA na nagtatrabaho sa iyong kaso.” Sumang-ayon ang ilang survivor na naging mga salik ang kawalan ng dokumentasyon at uri ng pang-aabuso na lalong nagpapahirap sa paghahanap ng mga serbisyo. Sinabi ng isang survivor na bagama't naging mas maayos na ang mga serbisyo kumpara sa nakalipas na 10 taon, noong naghahanap sila ng ligtas na shelter, “walang masyadong mapupuntahan para sa mga sex worker at biktima ng human trafficking,” partikular na kung kasalukuyan ang sex work o ang pagiging biktima ng trafficking. Sinabi ng isang survivor na walang suporta para sa mga single na tao na sumusubok na makapasok sa isang ligtas na bahay: “Sinubukan kong makakuha ng shelter para sa DV, ngunit para lang ang mga iyon sa mga babaeng may anak.”
- 5) Nakaranas ang mga survivor ng diskriminasyon, kabilang ang transphobia, xenophobia, anti-Blackness at racism, diskriminasyon batay sa kapansanan, victim-blaming/pagsasantabi ng pang-aabuso, at stigma sa mga dating karanasan ng kawalan ng tirahan.


“Debido a la falta de información, las barreras del idioma y la transfobia, pasé 20-25 años en las calles.”

(Originalmente dicho en Español)

“Dahil sa kakulangan sa impormasyon, mga balakid sa wika, at transphobia, 20-25 taon akong nanirahan sa kalye.”

(Orihinal na ipinahayag sa Spanish)

Nagkuwento ang mga survivor ng maraming pagkakataon kung saan nakaranas sila ng diskriminasyon o hindi pantay na pagtrato dahil sa kanilang pagkakakilanlan. Ibinahagi ng isang survivor ang karanasan ng pag-apply para sa mga apartment na biglang naging “hindi na available” nang maging malinaw na trans ang aplikante. Naglarawan ang mga survivor ng maraming balakid batay sa kakulangan ng akomodasyon para sa mga pangangailangan para sa kapansanan at/o kalusugan ng pag-iisip. Binanggit din ng mga survivor ang racism, diskriminasyon laban sa mga imigrante, at anti-Blackness sa kanilang mga pagtatangkang humanap ng ligtas na pabahay. Dagdag pa rito, nag-ulat ang mga survivor na naranasan nilang masisi para sa pang-aabuso sa kanila at pahinain ang kanilang loob dahil sa mga dating karanasan ng kawalan ng tirahan.



“Mi asistente social dijo que las personas como usted tendrán problemas para conseguir un apartamento, le pregunté qué quiere decir con 'personas como yo' y ella dijo que las personas que han vivido en un refugio en el pasado.”

(Originalmente dicho en español)

“Sinabi ng aking worker na mahihirapan ang mga taong gaya ko na makahanap ng apartment, tinanong ko kung ano ang ibig niyang sabihin sa ‘mga taong gaya ko’ at sinabi niyang mga taong dati nang tumira sa shelter.”

(Orihinal na ipinahayag sa Spanish)

6) Mayroong hindi patas na pagtrato batay sa wika at status sa imigrasyon, kung saan hindi sapat ang impormasyon at mga serbisyo sa ibang wika at pagbubukod mula sa mga serbisyonang nangangailangan ng dokumento.

“大部分时候能看到用我的母语提供的资讯，但是直译会变的非常难以理解

，比如到底什么是需要完成的？究竟是什么资源？

(最初以普通话陈述)

“Maraming impormasyon ang available sa aking katutubong wika ngunit madalas, mahirap ding maunawaan mula sa mga direktang pagsasalin kung ano ang eksaktong kailangang gawin/ano ang mga mismong mapagkukunan.”

(Orihinal na ipinahayag sa Mandarin)

Ang wika at status sa imigrasyon ang malalaking balakid para sa mga survivor. Kung walang ID o dokumeto, maraming opsyon sa pabahay ang sarado para sa mga survivor. Ibinahagi ng mga non-native na survivor na nagsasalita ng Ingles na hindi sila kailanman nakakita ng anumang mapagkukunan na nasa kanilang wika, at kung mayroon man silang nakitang flier o piraso ng papel na may mapagkukunan na nasa kanilang wika, magpapatulong sila para rito. Maraming survivor ang walang natanggap na serbisyo dahil hindi sila makahanap ng mga tagapamahala ng kaso na nagsasalita ng kanilang wika at hindi available, hindi sapat, o hindi naaangkop ang interpretasyon nito; may isang survivor na nagbahagi na gumamit ang isang tagapagbigay ng serbisyo sa pabahay ng isang custodian upang mag-interpret.

"Usé Google Translate por mi cuenta para solicitar vivienda en lugar de recurrir a mi asistente social porque pensó que los apartamentos eran demasiado elegantes para mí y no me aceptarían".

(Originalmente dicho en español)

“Gumamit ako ng Google Translate nang mag-isa upang mag-apply para sa pabahay sa halip na dumaan sa aking caseworker dahil sa palagay ng aking caseworker ay masyadong magara ang mga apartment para sa akin at hindi nila ako tatanggapin.”

(Orihinal na ipinahayag sa Spanish)

7) Binanggit ng mga survivor ang iba pang hamon na nauugnay sa pabahay na nagmumula sa epekto at resulta ng pang-aabuso.

Ang DV, SA, at HT ay nag-iiwan ng napakalaking epekto sa maraming bahagi na nakakahadlang sa tagumpay sa pagkakaroon ng pabahay. Kabilang sa mga ito ang mga epekto sa kabuhay (hindi magandang credit, dating pagpapalayas, pagkasira ng mga apartment na dulot ng pang-aabuso, hindi sapat na kitang kinakailangan upang mapangalagaan ang pabahay, atbp.); mga problema sa kalusugan ng katawan at pag-iisip (kabilang ang pinsala, trauma, atbp.); mga legal na hamon (mga isyu sa kustodiya, pagkakasangkot sa CPS, nagpapatuloy na legal na pagkakasangkot, atbp.); access sa maaasahan at abot-kayang transportasyon; at kawalan ng impormasyona at/o koneksyon sa isang network para sa suporta.

8) Nakatanggap ang mga survivor ng suporta mula sa labas ng mga system ng VS at HRS – at mula sa isa't isa. Maraming survivor ang nagbahagi na kapag kailangan nila ng tulong, ang iba pang survivor, na mga indibidwal na walang dokumento o taong walang tirahan ang tumutulong sa kanila, sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon para sa kapaki-pakinabang na mapagkukunan o sa pamamagitan ng pagtugon sa direktang pangangailangan. Ibinahagi rin ng mga survivor na nahanap nila ang mga mapagkukunang nakapaskil o ibinabahagi sa mga paaralan ng kanilang mga anak, daycare center, o sa pamamagitan ng iba pang magulang.



“Otra persona sin hogar indocumentada me dijo dónde podía ir a bañarme y así fue como encontré el centro de recursos, me dijeron que podía hablar con un administrador(a) de casos, pero no sabía qué significaba eso... Siempre creía que la ayuda era solo para personas documentadas/residentes/ ciudadanos. Fui allí durante mucho tiempo para comer y bañarme, pero no me di cuenta de que podía recibir administración de caso”.

(Originalmente dicho en Español)



“Itinuro sa akin ng isa pang taong walang tirahan at walang dokumento kung saan ako maaaring maligo at doon ko nalaman ang tungkol sa drop-in center. Sinabi nila sa akin na maaari akong makipag-usap sa isang tagapamahala ng kaso, ngunit hindi ko alam kung ano ang ibig sabihin noon...akala ko ay mga taong may mga papeles lang ang tinutulungan ng mga tagapamahala ng kaso. Akala ko noon na mga taong may dokumento/residente/mamamayan lang ang tinutulungan, matagal akong pumupunta roon para sa pagkain at para maligo ngunit hindi ko napagtantong maaari akong makakuha ng pamamahala ng kaso.”

(Orihinal na ipinahayag sa Spanish)

Mga Rekomendasyon mula sa Mga Survivor

Noong tinanong kung anong mga pagpapahusay ang kinakailangan upang mas matiyak ang mga epektibong serbisyo sa ligtas na pabahay, maraming iminungkahi ang mga survivor, na kinabibilangan ng:

Kapasidad at Kultura ng Mga Kawani
<ul style="list-style-type: none"> • Bawasan ang mga caseload upang mas mahusay na masuportahan ng mga caseworker ang mga survivor. • Pigilan ang mga pagpapalagay at panghuhusga; itrato ang mga aplikante nang may malasakit at tingnan sila bilang mga tao.
Pagsasanay
<ul style="list-style-type: none"> • Dapat na may kaalaman ang mga caseworker sa trauma at dapat nilang tulungan ang mga survivor sa proseso ng pag-apply sa pabahay. • Magbigay ng higit pang pagsasanay sa DV at kung paano magiging inklusibo para sa lahat ng miyembro ng LGBTQ+. • Bigyang-kaalaman ang publiko tungkol sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan.
Pagkakapantay-pantay at Hustisya sa Wika
<ul style="list-style-type: none"> • Tugunan ang mga ipinahihwatig na pagkiling, racism, at transphobia sa sistema. • Dagdagan ang pagiging available ng pabahay para sa mga imigranteng walang dokumento. • Tumanggap ng mas maraming bilingual na tauhan at gawing available sa iba pang wika ang impormasyon.

Kaligtasan

- Seryosohin ang kaligtasan sa mga pagtanggap at entry point kapag may ibinabahaging karahasan at pang-aabuso; mag-alok ng suporta at mga serbisyo.
- Paigtingin ang kaligtasan sa mga kapitbahayan ng abot-kayang pabahay at dagdagan ang abot-kayang pabahay sa mga ligtas na kapitbahayan.

Pagpapaunlad ng Mapagkukunan

- Dapat na mas pangmatagalan ang mga subsidiya.
- Magbigay ng higit pang oportunidad sa pabahay para sa mga taong may mga kapansanan.
- Magbigay ng higit pang permanenteng suportang pabahay at suporta sa kalusugan ng pag-iisip.
- Dagdagan ang mga grupo ng suporta upang matulungan ang mga survivor sa kanilang pakikipagsapalaran.
- Ayusin ang mga abandonadong gusali
- Palawakin ang Rapid Rehousing.

Modelo ng Serbisyo

- Bigyan ang mga survivor ng malinaw na pag-unawa sa proseso ng pabahay ayon sa pamamaraan ng survivor para magkaroon ng pabahay.
- Magkaroon ng isang lugar kung saan maa-access ng mga tao ang lahat ng impormasyon.
- Gumawa ng mga koneksyon sa mga organisasyon at programa sa pabahay at magbigay ng higit pang tulong sa pag-navigate sa mga sistema upang hindi kailanganin ng mga survivor na gawin ito nang mag-isa
- Paikliin ang tagal ng paghihintay para sa pabahay.
- Magbigay ng higit pang tulong sa mga survivor kung napalayas sila.
- Dagdagan ang presensya ng kababaihang namumuno sa mga shelter at ahensya ng HRS (may ilang survivor na hindi gustong magkuwento sa lalaki).

Pagsasama ng mga Survivor sa Pagpapalano

- Magkatulong na gumawa ng proseso ng pagtanggap kasama ang mga survivor.
- Tingnan ang mga kalakasan ng mga komunidad ng mga taong walang dokumento at walang tirahan at matuto mula sa kanilang mga rekomendasyon sa kung paano magbahagi ng impormasyon at mga mapagkukunan.

Working Group para sa Ligtas na Pabahay

Ang Working Group para sa Ligtas na Pabahay ay binubuo ng mga survivor at tagapagkaloob ng serbisyong kinakausap sa pamamagitan ng mga Panayam sa Stakeholder at mga Session ng Pakikinig, kasama ng mga kawani ng HSH. Pinili ang mga miyembrong tagapagkaloob ng serbisyo alinsunod sa isang pagsusuri sa pagkakapantay-pantay ng representasyon. Binayaran ang mga survivor para sa kanilang oras at kaalaman sa lahat ng aktibidad, kabilang ang paghahanda, pagsusuri ng materyal, tagal ng pagbiyahe kung kinakailangan, at oras ng pagpupulong. Bago sinimulan ng grupo ang trabaho nito, lumahok ang mga miyembro sa mga session ng oryentasyon (isa para sa mga survivor at isa pa para sa mga tagapagkaloob ng serbisyo) noong Marso 2022 na sumaklaw sa mga paksang kinabibilangan ng:

- Pangkalahatang-ideya ng proyekto
 - Mga layunin, pagpapahalaga, at elemento
- Paglinang ng ligtas at epektibong kultura ng grupo
 - Power dynamics

- Pangangalaga sa sarili at vicarious trauma
- Mga pagpapahalaga at layunin

Buwan-buwang nagpupulong ang Working Group mula noong Abril 2022. Tatlong survivor at isang tagapagkaloob ng serbisyo ang nagsilbing mga co-chair at tumulong sa pagbuo ng agenda at pangangasiwa ng bawat pagpupulong. Ang pagpupulong noong Abril ang nagtakda sa mga gagawing trabaho at kabilang dito ang mga pagtalakay sa mga pagpapahalaga at kasunduan ng grupo (tingnan ang Apendise F); pagkatapos ay nagpakita ang HSH ng pangkalahatang-ideya ng proseso ng Nakakoordinang Paglahok ng San Francisco upang magbigay ng konteksto para sa gagawin sa buong proyekto at mga layunin nito. Ang mga kasunod na pagpupulong ay nagbigay ng mga oportunidad sa mga katuwang sa proyekto at Co-chair ng Work Group na mapangunahan ang grupo sa pamamagitan ng talakayan at palitan ng mga ideyang mahalaga sa kalaunang pagbuo ng mga rekomendasyon ng grupo para sa sistemikong pagbabago.

Kabilang sa mga paksa ang:

- Mga Natuklasan mula sa Mga Panayam ng Stakeholder at Session ng Pakikinig (tingnan ang mga nakaraang seksyon ng ulat na ito)
- Online na Survey sa Komunidad para sa Ligtas na Pabahay ng mga kawaning humaharap sa survivor na nagtatrabaho sa mga tagapagkaloob ng serbisyo para sa biktima at HRS: Nagbigay ang SHA ng mga napakahalagang pangkalahatang-ideya ng mga paksa at linya ng tanong sa survey at nagawa ng mga miyembro ng Working Group na masuri at magbigay ng input upang mabuo ang pinal na pag-uulit.
- Ang malamang na daraanan sa mga “pagmamapa” ng mga survivor sa kasalukuyang system ay: Ang mga sitwasyong ginamit sa aktibidad ay ginawa kasama ang survivor at mga co-chair ng tagapagkaloob ng serbisyo at nakatuon sa pagbibigay-daan sa Working Group na tuklasin ang mga posibleng pathway at potensyal na hadlang na maaaring harapin ng mga survivor sa iba't ibang sitwasyon habang sinusubukang mag-access ng ligtas na pabahay dahil sa kanilang karanasan bilang survivor at iba pang kaugnay na isyu, gaya ng access sa wika, pagkakakilanlan bilang LGBTQ+, paggamit ng substance, komposisyon ng pamilya, dating trauma, atbp. (tingnan ang Apendise G para sa buod ng pag-uusap ng grupo).
- Pagsasanay sa “pagbuo ng mithiin” tungkol sa tatlong paksang nakasentro sa pagbabago ng disenyo: Mula sa data na nakalap sa kasalukuyan sa panahon ng aktibidad na ito, lumabas ang mga pangunahing isyu. Sinuri ng maliliit na grupo na pinamumunuan ng mga co-chair ng survivor 1) Kung paano tutugunan ang iba't ibang pangangailangan sa pabahay ng mga survivor; 2) Kung paano matitiyak ang ligtas na access; at ang 3) Pagsasapananaw ng proseso sa pagsasapriyordad nang isinasaalang-alang ang mga survivor. Kasama sa mga inihaing ideya ang:
 - Pagbibigay ng tuloy-tuloy na pagsasanay sa mga serbisyo at komunikasyon na partikular sa kultura at naaangkop sa trauma;
 - Pagpapalawak ng Mga Access Point at mobile na serbisyo;
 - 24/7 access sa mga pang-emergency na shelter;
 - Pag-encrypt ng data ng survivor at pagsasama ng pagsasanay sa pagiging kumpidensyal at pagkakaroon ng pananagutan;
 - Pagtiyak ng sapat na access sa wika;
 - Pag-iwas sa mga “checkbox” na disenyo ng pagtatasa na hindi tiyak na nagbibigay ng konteksto;
 - Pagtutugma ng mga survivor sa pabahay na ligtas at hindi muling nakaka-trauma; at
 - Pagbibigay ng bayad sa mga taong may aktwal na karanasan upang suriin, makasamang gawin, at mabigyan ng konteksto ang buong proseso ng pagbabago.


Patuloy na magpupulong ang Working Group para sa Ligtas na Pabahay hanggang Disyembre 2022, na may pangunahing layuning gawing pinal at isapriyordad ang mga rekomendasyon para sa sistemikong pagbabago na magresulta sa isang plano sa pagpapatupad. May kumpiyansa ang SHA at ang mga katuwang nito na mananatiling pangunahing aspeto ng proyekto ang input ng survivor at komunidad habang kumikilos ito sa pagpapatupad.

Survey sa Komunidad

Sino ang Sumagot sa Survey?


Isang daan at isang (101) tao ang sumagot sa Survey. Pitumpu't walong porsyento (78%) ng mga respondent ang nagtatrabaho sa system para sa walang tirahan/suportang pabahay (homeless/supportive housing o H/SH), na kumakatawan sa 45 natatanging organisasyon. 22% ng mga respondent ang nagtatrabaho sa system para sa mga serbisyo sa biktima, na kumakatawan sa 15 natatanging organisasyon. Nagpatuloy ang malawak na representasyon sa mga natatanging organisasyon sa kabuuan ng survey, at sa kabila ng pagkabawas sa survey, habang umuusad ang survey sa mga tanong na nangangailangan ng higit pang kaalaman sa mga legal na proteksyon, pinakamahuhusay na kagawian, at mga patakarang nauugnay sa paghahatid ng mga pangangailangan sa pabahay ng populasyon ng survivor. Nabubuo ang kolaborasyon sa pagitan ng dalawang system na ito sa San Francisco, at partikular na sa system para sa walang tirahan/suportang pabahay, bagong isinasagawa rito ang pagtuon sa populasyon ng survivor. Nawala sa atensyon ng ilang respondent ang mga tanong na nangangailangan ng mas detalyadong kaalaman.

Uri ng Tagapagkaloob ng Serbisyo



- Pabahay para sa walang tirahan/suportang pabahay
- Mga serbisyo para sa survivor/biktima


Uri ng Organisasyon ng Respondent sa Survey



Naglilingkod ang Mga Organisasyon sa Iba't Ibang Komunidad at Populasyon

Dahil sa populasyon sa San Francisco na may iba't ibang kultura at lahi, nagtanong kami sa mga respondent tungkol sa mga populasyong pinaglilingkuran nila at napag-alaman naming ginagamit ng iba't ibang lahi, kultura, at iba pang populasyon ang mga serbisyo. Ang mga respondent ay inanyayahan na magdagdag ng mga komunidad na hindi nakalista, at 20% ang nagbigay ng mga detalye tungkol sa kung sino pa ang kanilang naaabot sa kanilang mga serbisyo, kabilang ang mga kabataang may matitinding isyu sa kalusugan ng isip, nakatatanda, Queer women of color, mga dating nakakulong at nakakulong na Indibidwal, mga indibidwal na may mga kapansanan, mga beterano, mga taong may mga hamon sa kalusugan ng isip at pagkagumon, mga survivor na may mga kapansanan, pagiging magulang sa mga kabataan, mga trans folk, at mga sex worker.

Mga Pangunahing Komunidad na Pinaglilingkuran



Mas Karaniwan ang Mga Serbisyo sa Pabahay sa Mga Respondent mula sa H/SH

Sa mga respondent ng Mga Serbisyo para sa Biktima, bahagyang lampas sa 20% ang nagsabing nagbibigay ang kanilang organisasyon ng pabahay o shelter, kung saan ang pinakakaraniwang uri ay shelter, na sinusundan ng transisyonal na pabahay at Rapid Rehousing. Isang respondent mula sa VSP lang ang nagsaad na nagbibigay ang kanilang programa ng permanenteng suportang pabahay. Sa mga respondent mula sa H/SH, mahigit sa 71% ang nagsabing nagbibigay ang kanilang organisasyon ng pabahay o shelter, kung saan shelter ang pinakakaraniwang uri, na sinusundan ng transisyonal na pabahay, permanenteng suportang pabahay, at Rapid Rehousing. Ang mga opsyon sa pangmatagalang pabahay ay mga mas karaniwang elemento ng serbisyo sa grupo ng H/SH. Isinama rin ng grupo ng H/SH ang Transition-Age Youth sa mga populasyong pinaglilingkuran, na hindi nakita sa mga respondent mula sa VSP, na nagsaad na nagseserbisyo lang sa mga pamilya at indibidwal.

Pinakakaraniwan sa Shelter ang Low Barrier Approach

Ibinigay sa mga respondent ang kahulugan ng mga low-barrier approach at tinanong sila kung nalalapat ito sa mga programa ng pabahay na iniaalok sa kanilang mga organisasyon. Sa lahat ng uri ng pabahay, ang mga low barrier approach ang nangibabaw na estratehiya, na may pinakamaraming representasyon (76%) sa mga programa ng pang-emergency na shelter. Mahigit sa 50% ng iba pang uri ng pabahay ang inilarawan bilang low barrier, ngunit hindi ito gaanong karaniwan sa mga programa ng mas pangmatagalang pabahay tulad ng transisyonal na pabahay, Rapid Rehousing at permanenteng suportang pabahay.

Mataas na porsyento ng mga respondent mula sa VSP (mahigit 40%) ang hindi sigurado kung inilalarawan ng estratehiyang low barrier ang mga programa ng pabahay na iniaalok ng kanilang mga organisasyon; mas maliit pang porsyento ng mga respondent sa grupo ng H/SH (15-20% sa lahat ng uri ng pabahay) ang hindi sigurado. Naaayon ang natuklasang ito sa naunang paggamit ng konsepto ng low barrier approach sa larangan ng kawalan ng tirahan.

Mas Karaniwan Din ang Harm Reduction Approach sa Mga Programa ng Shelter

Sa lahat ng uri ng pabahay, ang harm reduction approach ang nangibabaw na estratehiya sa mga organisasyon ng respondent, lalo na sa mga programa ng pang-emergency na shelter (82%). Tulad ng mga low barrier approach, maaaring hindi gaanong karaniwan ang mga harm reduction approach kapag sinusubukan ng mga taong walang tirahan na mag-access ng mga opsyon sa mas pangmatagalang pabahay, na gumagamit ng mga modelo ng pagpapababa ng panganib sa mas mababang antas. 68% ng

transisyonal na pabahay at humigit-kumulang 60% ng Rapid Rehousing at mga programa ng permanenteng suportang pabahay ang inilarawan na gumagamit ng mga modelo ng pagpapababa ng panganib. Gaya sa mga low barrier approach, mas malaking porsyento ng mga respondent mula sa VSP ang hindi sigurado kung mga modelo ng pagpapababa sa panganib ang mga programang iniaalok ng kanilang mga organisasyon; naaayon ito sa naunang paggamit ng pamamaraang ito sa larangan ng kawalan ng tirahan.

Mga Kahingian sa Pagiging Kwalipikado: Mga Organisasyon para sa Mga Serbisyo para sa Biktima

Itinanong sa mga respondent kung anong mga kwalipikasyon ang dapat matugunan ng mga kalahok upang maging kwalipikado para sa mga serbisyo sa pabahay. Isinaad sa mga sagot mula sa grupo ng VSP na isang salik ang uri at pagiging kamakailan ng interpersonal na karahasan at maaaring magkakaiba ang mga ito sa bawat programa sa halip na magkakapareho sa buong system.

Nasa ibaba ang mga halimbawa ng mga salik na isinasaalang-alang upang matukoy ang pagiging kwalipikado:

Para sa Pang-emergency na Shelter ng VS:

- Dapat ay nangyari ang karahasan sa nakalipas na 30 araw
- Dapat ay biktima/survivor ng karahasan sa tahanan o karahasan ng romantikong kapareha (karahasang may kinalaman sa kasarian gaya ng tinukoy ng VAWA)
- Sinumang survivor na may kasaysayan ng sekswal na pag-atake
- Mga survivor na may karanasan sa DV o HT

Para sa Transisyonal na Pabahay ng VS:

- Nangyari ang DV sa nakalipas na 12 buwan
- Mayroong kita
- Survivor ng HT o sekswal na pananamantala

Para sa Rapid Rehousing, idinagdag ng mga respondent ang pangangailangan sa referral sa pamamagitan ng CE.

Mga Kahingian sa Pagiging Kwalipikado: Mga Organisasyon para sa Kawalan ng Tirahan/Suportang Pabahay

Para sa pang-emergency na shelter, binanggit ng mga respondent mula sa organisasyon na naglilingkod sa mga partikular na populasyon ang pangangailangan ng tao na maging bahagi ng populasyong iyon (gaya ng kabataan, kinikilalang babae, pamilyang may mga anak, sex-trafficked na indibidwal, pagkakasangkot sa system para sa hustisya sa krimen, atbp.). Nabanggit din ang:

- Kakayahang alagaan ang sarili
- Kung pamilya: may hindi bababa sa 50% kustodiya sa mga anak
- Pagtatasa sa paglutas ng problema o plano sa pabahay
- Mga batang pumapasok sa isang paaralan sa Pinagsama-samang Distrito ng Paaralan sa SF
- Referral sa pamamagitan ng CE
- Nasa isang mapanganib na sitwasyon kung saan wala nang mapupuntahan
- Negatibong pagsusuri para sa COVID

Para sa transisyonal na pabahay, inilista ng mga respondent ang pangangailangang matasa at maiugnay sa pamamagitan ng Access Point, at nagbanggit ang isa ng prerequisite na pakikilahok sa isang programa ng edukasyon o pagtatrabaho.

Para sa Rapid Rehousing, mas naging partikular ang mga kahingian, at kinabilangan ng:

- Kalahok sa aming mga serbisyo
- Nakahanda ang dokumento
- Dalawang buwan ng pagtatrabaho

- Referral sa pamamagitan ng CalWorks program
- Kumpirmasyon na walang tirahan
- Natasa
- Kita

Isinaad ng mga respondent na bukod sa pagtatasa at referral sa pamamagitan ng CE, maaaring kailanganin sa Permanenteng Suportang Pabahay ang mas maraming dokumento, kabilang ang “patunay ng SSI, SSDI, DSP, diagnosis ng sakit sa isip, California ID card, at pagpapatala sa mga benepisyo kung kwalipikado.”

Hindi Gaanong Malinaw ang Patakaran sa Pagwawakas sa Mga Programa ng Mas Pangmatagalang Pabahay Matataas na bilang ng mga respondent sa parehong grupo ang nag-ulat na malinaw ang nagti-trigger ng hindi boluntaryong pag-alis sa programa para sa mga programa ng shelter/pang-emergency na pabahay, kung saan mahigit sa 70% ang pumili ng sagot na “oo”. Inanyayahan ang mga respondent na magbigay ng impormasyon tungkol sa patakaran sa pagwawakas ng kanilang organisasyon. Sa pang-emergency na pabahay/shelter sa parehong respondent mula sa VSP at H/SH, kasama sa mga dahilan ng pagwawakas ang:

- Karahasan o banta ng karahasan sa iba pang residente o kawani (pinakamadalas na nabanggit na dahilan)
- Mga paglabag sa curfew o hindi pagbalik sa shelter
- Paglabag sa pagiging kumpidensyal
- Pagkasira ng ari-arian

Binanggit din ng mga respondent mula sa H/SH ang mga sumusunod:

- Hindi pakikibahagi sa mga serbisyo o hindi pagsunod sa plano ng kaso
- Illegal na pag-uugali (pagkakaroon, paggamit o pagbebenta, pagnanakaw ng ipinagbabawal na gamot)
- Pag-inom ng alak
- Paggamit ng mga racial o homophobic na nakakainsultong pananalita

Ang porsyento ng mga respondent na nag-ulat na may ipinapatupad na malinaw na patakaran sa pagwawakas ay bumaba sa 54% para sa transisyonal na pabahay, at sa humigit-kumulang 48% para sa Rapid Rehousing at permanenteng suportang pabahay. Iminumungkahi nito na medyo naiiba ang pamamaraan ng mga programa sa pagwawakas para sa mga programa ng mas pangmatagalang pabahay. Pinakamadalas muling nabanggit na dahilan ang karahasan o banta ng karahasan, kung saan nabanggit din ang mga paglabag sa pagiging kumpidensyal, kriminal na aktibidad o paggamit ng substance, at hindi pakikibahagi sa mga serbisyo. Ang mga karagdagang dahilan ng pagwawakas sa mga programa ng mas pangmatagalang pabahay na ito ay:


- Pag-abot sa limitasyon sa tagal ng subsidiya
- Hindi pagbabayad ng upa
- Mga paglabag sa pag-upa
- Hindi pagsunod sa plano sa pamamahala ng kaso
- Mga hindi awtorisadong bisita
- Pangangailangan sa mas naaangkop na antas ng pangangalaga

Hindi Karaniwan sa Mga Programa sa H/SH ang Pagsusuri sa Patakaran Tungkol sa Epekto sa Survivor Sinabi ng karamihan sa mga respondent sa grupo ng VSP na sinuri ng kanilang mga organisasyon ang mga patakaran at pamamaraan sa pang-emergency na shelter nang isinasaalang-alang ang epekto sa survivor (80%). Mas mababa ang pagsuri sa mga patakaran para sa transisyonal na pabahay at Rapid Rehousing (50% at 37.5% ayon sa pagkakabanggit).

Sa grupo ng H/SH, hindi sigurado ang karamihan sa mga respondent (58%) kung may naisagawang pagsusuri sa epekto sa survivor, na nagmumungkahi na kahit na nagkaroon ng naturang pagsusuri, hindi

natanggap ng mga kawani ang impormasyon tungkol sa anumang patakaran o kagawian na nangangailangan ng pagbabago. Tatlungpu't apat na porsyento (34%) sa H/SH ang nagsabi na nagsagawa ng pagsusuri sa patakaran sa shelter tungkol sa epekto sa survivor, kung saan mas mababa ang pagsuri sa mga patakaran para sa transisyonal na pabahay, Rapid Rehousing, at permanenteng suportang pabahay (26%, 13.5%, at 16.7% ayon sa pagkakabanggit). Kaunting respondent ang nakakaalam kung nagsama ng mga eksperto sa survivor sa anumang pagsusuri sa patakaran.

Mga Patakarang Sinuri para sa Mga Isyung Partikular sa Survivor




Mas Malinaw ang Pagsusuri sa Patakarang Partikular sa Pagkakapantay-pantay ng Lahi/Kultura sa Mga Programa sa H/SH

Tinanong ang mga respondent kung sinuri ang mga patakaran at pamamaraan ng kanilang organisasyon sa pagtanggap, pagpapalano sa kaligtasan, at pagbibigay ng serbisyo sa pamamagitan ng lenteng partikular sa pagkakapantay-pantay ng lahi at kultura, at kung tumulong ang isang eksperto sa Pagkakaiba-iba, Pagkakapantay-pantay, at Pagkakasama (Diversity, Equity, and Inclusion o DEI) sa pagsusuring iyon. May malinaw na pagkakaiba sa pagitan ng mga respondent sa dalawang grupo, kung saan isinaad ng karamihan sa mga respondent mula sa VSP na hindi sila sigurado kung nagkaroon ng ganitong pagsusuri o hindi (71% sa lahat ng uri ng pabahay), at 20% lang sa lahat ng uri ng pabahay ang nagsaad na nagkaroon ng ganito.

Sa mga respondent mula sa H/SH, 45% ng mga respondent sa lahat ng uri ng pabahay ang hindi sigurado, ngunit 46% ang nagsabing nagsagawa ng pagsusuri sa patakaran at pamamaraan kaugnay ng pagkakapantay-pantay,

na nagmumungkahing gumawa ng mga hakbang ang sektor na ito para magawa iyon na nakita ng kanilang mga kawani. Kaunting respondent lang ang nagsaad na alam nila kung nakonsulta ang mga eksperto sa DEI bilang bahagi ng pagsusuring ito.


Mga Patakarang Sinuri sa Lenteng Partikular sa Pagkakapantay-pantay ng Lahi at Kultura



Hindi Karaniwan ang Pagsusuri sa Patakarang Partikular sa LGBTQ+ sa Parehong System

Tinanong ang mga respondent kung sinuri ang mga patakaran at pamamaraan ng kanilang organisasyon sa pagtanggap, pagpapalano sa kaligtasan, at pagbibigay ng serbisyo sa lenteng partikular sa LGBTQ+, at kung tumulong ang eksperto sa LGBTQ+ sa pagsusuring iyon. Nagpahayag ang parehong grupo ng respondent ng mataas na antas ng kawalan ng katiyakan kung nagsagawa ba ng naturang pagsusuri o hindi, kung saan pinakamadalas na napiling sagot ang “hindi sigurado” sa lahat ng uri ng pabahay (74% sa grupo ng VS at 56.4% sa grupo ng H/SH). Humigit kumulang isang-katlo sa mga respondent sa parehong grupo ang nagsabing naganap ang naturang pagsusuri (30.4% sa grupo ng VS at 37% sa grupo ng H/SH sa lahat ng uri ng pabahay). Kaunting respondent lang ang nagsaad na alam nila kung mayroong eksperto sa LGBTQ+ na tumulong sa anumang pagsusuri sa patakaran na maaaring isinagawa.

Mga Patakarang Sinuri para sa Mga Isyu sa LGBTQ+



Mas Maraming Iba't Ibang Representasyon sa Mga Kawani kaya sa Mga Pinuno ng Organisasyon

Tinanong ang mga respondent tungkol sa kung nasa anong antas na kinatawan ng iba't ibang populasyon sa San Francisco at ng mga taong pinaglilingkuran nila ang mga kawani at pamunuan ng kanilang mga organisasyon. Nasa ibaba ang mga weighted average batay sa four-point scale, kung saan ang isa ay "Lubos na Hindi Sumasang-ayon" at ang apat ay "Lubos na Sumasang-ayon". Sa lahat ng item, ni-rate ng mga respondent na mas maraming kumakatawan sa pagkakaiba-iba sa mga kawani kaysa sa pamunuan.

"Nahihirapan kami sa pag-hire at pagpapanatili ng mga bilingual na kawani. Ipinapahayag namin ang pagtanggap sa mga may kapansanan ngunit hindi pa namin napapahusay ang aming imprastruktura dahil sa kakulangan ng pondo. Wala kaming sapat na resource na partikular sa kultura para sa mga komunidad ng Native American at East Asian."

-Respondent mula sa H/SH

Pagkakaiba-iba sa Organisasyon

Ang komposisyon ng mga kawani sa aming organisasyon ay sumasalamain sa demograpiko ng lahi/etnisidad sa komunidad na pinaglilingkuran namin.


Ang aming pamunuan sa organisasyon ay sumasalamain sa demograpiko ng lahi/etnisidad sa komunidad na pinaglilingkuran namin.

Ang komposisyon ng mga kawani sa aming organisasyon ay sumasalamain sa demograpiko ng LGBTQ+ sa komunidad na pinaglilingkuran namin.

Ang aming pamunuan sa organisasyon ay sumasalamain sa demograpiko ng LGBTQ+ sa komunidad na pinaglilingkuran namin.

Ang komposisyon ng mga kawani sa aming organisasyon ay sumasalamain sa pagkakaiba-iba ng wika sa komunidad na pinaglilingkuran namin.

Ang aming pamunuan sa organisasyon ay sumasalamain sa pagkakaiba-iba ng wika sa komunidad na pinaglilingkuran namin.



Mga Organisasyon (SV)

Mga Organisasyon (H/SH)

Kabuuan

Mga Kasanayan sa Pagkakaiba-iba, Pagkakapantay-pantay, at Pagsasama (DEI) Hiniling sa mga respondent sa parehong grupo na pag-isipan ang antas na naipapakita ang paninindigan ng DEI sa mga pagpapahalaga at pagsasanay sa kanilang mga organisasyon. Nasa ibaba ang mga weighted average batay sa four-point scale, kung saan ang isa ay "Lubos na Hindi Sumasang-ayon" at ang apat ay "Lubos na Sumasang-ayon." Napakakaunti lang ng pagkakaiba sa pagitan ng dalawang grupo maliban sa pagtuon sa access sa wika, kung saan mas mataas halos ng isang puntos ang average sa grupo ng VSP. Sa lahat ng item, natasa ng mga respondent na

"Kasalukuyan kaming sumasailalim sa hiwalay na pagsusuri sa DEI kasama ang external na ikatlong partido at umaasa kaming malaman pa ang tungkol sa mga hadlang sa mga sarili naming panloob na patakaran."

-Respondent mula sa VSP

ang pagtuon sa mga pagpapahalagang ito ay “malakas”, na mayroong medyo mas mababang pagtatasa sa mga pagsasanay (pagsubaybay at pagsusuri sa mga resulta).

Paninindigan sa Pagkakapantay-pantay at Access



Kumusta ang Mga Survivor na May Mga Sanga-sangang Pagkakakilanlan?

Inanyayahan ang mga respondent na ibahagi ang mga bagay na naobserbahan o nalaman nila mula sa mga survivor tungkol sa mga pagkakaibang naranasan nila batay sa kanilang lahi at/o iba pang pagkakakilanlan. Nasa ibaba ang ilang sagot:

Mula sa grupo ng respondent sa Mga Serbisyo para sa Biktima:

- “Ang mga survivor ng sekswal na pag-atake (SA) sa cis at transgender women of color ay kadalasang hindi maka-access sa pang-emergency shelter at/o shelter para sa DV pagkatapos ng SA. Marami sa mga kababaihang ito ang walang tirahan/nakabukod ang tirahan at may mga kapansanan (ibig sabihin, mga kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, hindi gumagaling na karamdaman, cognitive na kapansanan/kapansanan sa paglaki). May maliit na posibilidad pa rin ang mga survivor ng SA na iyon sa interseksyon ng maraming sistema ng pang-aapi na maka-access sa mga opsyon sa ligtas at abot-kayang pabahay.”

- “Ang Lao at Thai na nangangailangan ng pabahay ay kadalasang limitado ang Ingles at kaalaman tungkol sa kung paano mag-apply para rito at malamang na mauna ang mas malalaking iba pang sinusupportahang grupo. Paghambingin ang Russian at Chinese sa pabahay na may mababang kita at Lao at Cambodian.”
- “Napag-alaman ko na nagrereklamo ang mga survivor ng karahasan sa tahanan na sumusubok maka-access sa mga shelter tungkol sa pagsasantabi sa kanila dahil sa kanilang lahi, sekswalidad o kasarian, partikular na ang mga transgender na survivor na hindi sigurado kung tatanggapin sila ng shelter para sa karahasan sa tirahan. Mukhang mas mataas din ang pangangailangan sa shelter at transisyonal na pabahay para sa mga marginalized na komunidad.”

Mula sa grupo ng respondent sa Kawalan ng Tirahan/Suportang Pabahay:

- “Sa kabila ng mga pagsubok naming masalamin ang demograpiko sa pagitan ng mga kliyente at kawani, madalas na nararamdaman ng mga kliyenteng LGBTQ+ na nadidiskrimina sila sa sheltered at transisyonal na pabahay.”
- “Ang dating pagpapaalis o mga ‘mga isyu sa pag-uugali’ ng mga kliyente ay maaaring nagmumula sa racism ng mga tagapagpasya.”
- Ang SF ay walang sapat na opsyon sa shelter para sa walang tirahan para sa komunidad ng LGBTQ+, at hindi palaging mainam sa komunidad ang mga kasalukuyang opsyon.”
- “Ang pagtatalaga sa pabahay ay nangangailangan ng pagkakakilanlan, patunay ng kita, patunay ng tirahan, atbp. kung saan kinakailangan ng taong mag-navigate sa mga kumplikadong system kung saan nakakaranas sila ng diskriminasyon kung may mga problema sila sa hygiene, maayos na kasuotan sa paa, mga isyu sa kalusugan ng isip, atbp.”

Pagtugon sa Mga Pangangailangan ng Mga Apektadong Grupo

Hiniling sa mga respondent na tukuyin ang mga pamamaraang ginagamit ng kanilang mga ahensya upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga marginalized na grupo. Sa parehong grupo ng respondent, ang pinakahigit na pinagkakatiwalaang estratehiya ay ang pagbibigay ng mga serbisyo na nakatuon sa partikular na pangkulturang grupo o populasyon, na sinusundan ng pagbibigay ng ilang programang partikular sa kultura bilang bahagi ng buong serbisyo. Ang ilan ay may mga pormal na kontrata sa mga interpreter o katuwang sa komunidad, at ang iba ay umaasa sa mga donasyong serbisyo. Ipinahayag ng ilan (5) sa mga respondent sa bawat grupo na walang resource ang kanilang organisasyon upang makapagbigay ng mga serbisyonang partikular sa kultura.

Magkuwento Pa Tungkol sa Kung Ano ang Sinusubukan Ninyo!

Inanyayahan ang mga respondent na sabihin sa amin ang anupamang sa tingin nila ay makakatulong upang malaman namin ang tungkol sa mga serbisyo sa mga marginalized na apektadong grupo.

“Mayroon kaming access sa 24/7 na lahat ng interpreter ng wika; bagama't hindi ganap na kinakatawan ng mga kawani ang pagkakaiba-iba sa kultura ng mga kliyente, nagsisikap kaming magawa iyon hangga't maaari. Patuloy na nakikibahagi ang mga kawani sa mga pagsasanay/webinar tungkol sa mga paksa ng DEI, at



isinasaalang-alang namin kung paano nauugnay ang aming kultura sa aming mga kliyente at kung paano mababawasan ang mga tahasang pagkiling.”

“Sinisikap namin, sa abot ng aming makakaya, na matiyak na nauunawaan ng mas malalaking ahensya ang wika, kakayahang bumasa at sumulat at mga pagkakaiba ng kultura upang ma-access at matulungan silang mapaglingkuran ang ating mga komunidad (Lao, Lao Mien, Thai).”

“Hindi gumagana ang serbisyo sa pagsasalin na Language Line na natanggap namin mula sa SFHSH/DPH, kaya kailangan naming gamitin ang Google Translate.”

“Tinutulungan namin ang sinumang walang tirahan at maaari kaming mag-refer sa higit pang partikular na organisasyon upang mag-asikaso ng mga indibidwal na pangangailangan para matugunan ang medikal na kalusugan, kalusugan ng pag-uugali, paggamit ng substance, atbp. na kultural na sensitibo sa indibidwal na kliyente.”

“Napakalimitado ng mga opsyon namin upang mai-refer ang mga tao sa mga serbisyo sa komunidad at napakaliit ng tiwala ko na sapat na matutugunan ang mga pangangailangan nila kahit na makakonekta sila sa aming mga source sa referral.”

“Sa palagay ko, naging isang malaking pag-unlad sa industriya ang mas nadagdagang pagtuon sa pagkuha ng mga indibidwal mula sa mga pinaglilingkurang komunidad sa halip na pagtuon ng pagkuha sa mga may mas mataas na edukasyon.”

Mga Pakikipagtulungan

Dapat pagsamahin ng mga komunidad na tatanggap sa hamon ng pag-aayon ng mga serbisyo upang mas mahusay na matugunan ang mga pangangailangan ng mga survivor sa ligtas na pabahay, ang dalawang system (Mga Tagapagkaloob ng Serbisyo sa Biktima at Mga Tagapagkaloob ng Serbisyo para sa Kawalan ng Tirahan/Suportang Pabahay) na maaaring tumatayo nang hiwalay sa isa't isa sa nakaraan – na mukhang may katotohanan sa San Francisco. Kinakailangan sa pag-aayong ito ang pagbuo ng sumasaklaw na “magkakaugnay” na system na may matibay na koordinasyon ng mga bahagi nito, pagtukoy ng at pagtuon sa mahahalagang punto ng koneksyon, at paglinang ng iisang pagkakaunawa sa mga pangangailangan at isyu ng populasyon ng survivor – nang may layuning masulit ang kakayahan ng survivor na tumanggap ng makabuluhang tulong. Idinisenyo ang seksyong ito ng Survey upang masukat kung gaano kahusay na nakikipagtulungan at nakikipag-ugnayan ang mga ahensya sa dalawang system.


Mga Opinyon Tungkol sa Mga Pangangailangan

ng Mga Survivor Ayon sa mga respondent, nararamdaman naman nilang “medyo” may alam sila tungkol sa saklaw ng iba pang system, bagama't nararamdaman ng mga respondent mula sa H/SH na

mas pamilyar sila sa mga system sa pagresponde sa DV at sekswal na karahasan (SV) kaysa tungkol sa HT. Tinanong ang dalawang grupo tungkol sa mga pananaw nila sa pangangailangan ng mga kalahok na sineserbisyuhan nila para sa klase ng tulong na kayang maibigay ng katumbas na system.


Gaya ng makikita sa chart, tinataya ng mga respondent mula sa VSP

Insidente ng Mga Kalahok na Nangangailangan ng Mga Serbisyong Ibinibigay ng Katumbas na System



na halos tatlong-kapat ng mga survivor na tinutulungan nila ang nangangailangan ng tulong sa pabahay, habang natukoy naman ng mga respondent mula sa Kawalan ng Tirahan/Suportang Pabahay ang pangangailangan sa tulong sa mga serbisyo sa biktima ng 15- 31% ng kanilang mga kliyente.

Sa pagtingin sa mga kagawian sa referral, bagama't naniniwala ang mga respondent mula sa VSP na marami, kung hindi man karamihan sa mga survivor na sineserbisuhan nila, ang nangangailangan ng tulong sa pabahay, tinataya nilang nasa 33% lang ang naire-refer sa HRS, na nagpapakita ng malaking kakulangan. Ang mga tagapagkaloob ng serbisyo sa H/SH ay nagre-refer sa mga serbisyo sa DV/HT sa mga rate na naaayon sa kung ilan ang natukoy nilang nakaligtas sa DV o HT, ngunit mas kaunti para sa mga natukoy nilang nakaligtas sa SV.



May maraming iba't ibang kagawian sa pag-track ng referral, mula sa “walang isinasagawang pag-track” hanggang sa mga file ng kliyente o elektronikong database.

Hindi Sigurado ang Mga Tagapagkaloob ng Serbisyo sa Kung Ano ang Mangyayari Pagkatapos ng Referral

Tinanong ang mga respondent kung nauunawaan nila kung paano tutulungan ang mga survivor na ma-access ang iba pang system. Ipinahiwatig sa mga sagot ang malawak na kaalaman tungkol sa mga karaniwang punto sa paglahok, ngunit limitadong kaalaman tungkol sa “mga panloob na gawain” ng iba pang system na mahalaga kapag sinusupportahan ang pag-navigate ng survivor sa mga serbisyo. 19% ng mga respondent lang ang sumang-ayon sa pahayag na: “Oo, madaling nailalarawan ng aming mga kawani ang [iba pang] system sa mga survivor at natutulungan nila ang mga ito na mag-navigate dito.” Limampu't walang porsyento (58%) ng mga respondent mula sa VSP ang sumang-ayon na naging malinaw para sa kanilang mga kawani ang punto ng pagsisimula dahil sa pagtatakda ng Mga Access Point, ngunit hindi gaanong malinaw ang mangyayari kasunod nito. Animnapu't dalawang porsyento (62%) ng mga respondent mula sa H/SH ang nagsabing mayroon silang listahan ng mga shelter para sa DV at maaari silang magsimula roon, ngunit hindi gaanong malinaw kung ano ang susunod na gagawin, lalo na kung puno ang mga shelter.

Kaunting Pagkakataong Magpalitan ng Mga Ideya

Nang tinanong kung bahagi ng CoC ang kanilang organisasyon, lampas sa kalahati (53%) ng mga respondent mula sa VSP ang hindi sigurado, at 47% ang nagsabi ng hindi, na may pinakakaraniwang dahilan na hindi nakakatanggap ang kanilang programa ng pondo mula sa CoC. Isang respondent lang mula sa VSP ang nagsabing regular na dumadalo ang kanilang organisasyon sa mga pulong ng CoC, at may kaunti hanggang sa walang pahiwatig na nakikipagpulong ang mga tagapagkaloob ng serbisyo sa VS sa mga tagapagkaloob ng serbisyo sa HRS sa kahit saan, at nasa 83% ang nagsasabing hindi sila kailanman nakadalo sa anumang naturang pagpulong. Sinabi ng karamihan ng mga respondent na

hindi nagtakda ang kanilang mga organisasyon ng mga channel ng komunikasyon sa mga organisasyon sa iba pang system ng tagapagkaloob ng serbisyo. Ang kakulangan ng pagpapalitan ay nakakapinsala nang malaki sa paglinang ng iisang pananaw at magkatulong na pagtugon sa mga pangangailangan sa ligtas na pabahay ng mga survivor.

Ilang Kolaborasyong Ginagawa

Tinanong ang mga respondent kung nagkaroon sila ng mga aktibong pakikipagtulungan sa mga tagapagkaloob ng serbisyo sa iba pang system upang maikoordina ang probisyon ng serbisyo para sa mga kalahok na nangangailangan ng mga serbisyo sa survivor at mapagkukunan para sa pabahay. Apatnapu't tatlong porsyento (43%) ang nagkaroon ng mga pormal o hindi pormal na kasunduan, at kasama sa mga halimbawa nito ang isang MOU sa pagitan ng programa sa SV at isang shelter na hayagang mag-hold ng mga higaan para sa mga survivor ng SV, at isang pakikipagtulungan ng VSP sa mga programa sa PSH upang magbigay ng mga serbisyo ng suporta sa DV. Gayunpaman, walang kasunduan o hindi sigurado ang karamihan ng mga respondent (57%).

May Ilang Isinasagawang Cross-System na Co-Location


Ang pagpapadala ng mga kawani sa o pag-host ng mga kawani mula sa isang programa sa ibang system ay maaaring maging isang mabisang paraan para sa mga survivor na nakakatanggap ng mga serbisyo sa VSP na makakonekta sa access sa pabahay, at para makatanggap ang mga survivor na nasa isang programa sa H/SH ng mga serbisyo ng pagsusulong at suporta na partikular sa survivor.

Ang paglalagay ng mga tagapagsulong para sa VS sa mga CE point ay isa pang pamamaraang ginagawa sa ilang komunidad upang matiyak ang epektibong pagtugon sa survivor; mukhang hindi pa ginagawa ang ganitong pamamaraan sa mga Access Point sa San Francisco.

Tinanong ang mga respondent kung ginagamit ang mga ganitong pamamaraan sa kanilang mga organisasyon. Gaya ng makikita sa chart sa ibaba, ginagamit ang mga ganitong pamamaraan sa humigit-kumulang na quarter ng mga respondent na organisasyon.

Pagpasok sa Mga Serbisyo

Co-Located Staff mula sa Katumbas na System



- Available ang isang tagapagsulong mula sa katumbas na system sa mga regular na nakaiskedyul na oras
- Kumokonekta sa amin ang mga tagapagsulong mula sa katumbas na system kapag hiniling
- Hindi kumokonekta ang mga tagapagsulong mula sa katumbas na system sa mga survivor na pinaglilingkuran namin
- Hindi sigurado

Kinakailangan sa pagpapahusay ng ligtas na access sa mga serbisyo ng pabahay para sa mga survivor sa San Francisco ang pagtingin sa mga punto ng pagsisimula ng interaksyon sa system: pagtanggap at pagtatasa. Pinakamahusay na kagawian ang pag-screen para sa karahasan sa tahanan, sekswal na pag-atake, at human trafficking sa panahon ng CE at nagbibigay-daan ito para sa isang iniangkop na pagtugon, na kinabibilangan ng pagtatasa para sa agarang panganib, pagpapalano para sa kaligtasan, at pagtutugma sa mga mapagkukunang partikular sa populasyon. Kritikal at dapat ding maging pamantayang pamamaraan ang pagsasaalang-alang ng iba pang magkakaugnay na salik ng panganib na bumubuo sa kahinaan at ang pakikipagtulungan sa mga survivor upang matiyak na makakapagplano sila para sa kanilang ligtas na paglahok sa mga serbisyo. Nagbibigay-daan ang seksyong ito ng Survey na malaman ang mga kasalukuyang pamamaraan.


Mga Programa sa H/SH: Isang Mixed Bag ng Mga Pamamaraan sa Pag-screen at Pagpapalano para sa Kaligtasan
Ayon sa mga sagot, nagsama ang mga organisasyon sa H/SH ng ilang pinakamahuhusay na kagawian (maagang pagtatasa sa panganib sa isang ligtas na kapaligiran). Sinabi ng karamihan sa mga respondent mula sa H/SH (73%) na nagsasagawa ng pagtatasa sa peligro/panganib bilang bahagi ng proseso ng pagtatasa, at 91% ang nagsabi na isinasagawa ang kanilang mga pagtanggap/pagtatasa sa isang ligtas na kapaligiran (pribado, nakahiwalay sa kasama/kapareha, atbp.). Nalaman sa mga kasunod na tanong ang ilang detalye na maaaring magpaliwanag sa pagkakaiba ng sinasabi ng survivor at stakeholder. Halimbawa, humigit-kumulang 40% ang nagsabi na isinasagawa minsan ang mga pagtatasa sa mga pampublikong lugar kung saan maaaring makompromiso ang pagkapribado, at halos one fifth (18%) ang nagsabi na may mga balakid minsan na nakakasagabal sa ligtas na pagsasagawa ng mga pagtatasa, gaya ng kapag inihahayag ang mga alalahanin sa kaligtasan sa outreach sa lansangan at kapag hindi sapat ang access sa mga interpreter.

Hindi pamantayang pamamaraan ang pangkalahatang pag-screen para sa DV, SA, at HT sa mga organisasyong kinakatawan ng mga respondent sa Survey, gayundin ang pagpapalano para sa kaligtasan. Dalawampu't pitong porsyento (27%) ang nagsabi na itinatanong ang mga tanong na partikular sa DV bilang bahagi ng proseso ng kumpletong pagtatasa, at 36% ang nagsabi na itinatanong minsan ang mga ito. Wala pang kalahati (45%) ang nagsabi na itinatanong minsan ang mga tanong na partikular sa sekswal na karahasan, at 36% ang nagsabi na itinatanong ang mga tanong na partikular sa human trafficking. Kalahati (50%) ang nagsabi na kapag kalahok na ang mga survivor sa kanilang programa sa pabahay o iba pang direktang serbisyo, nagsasama ang kanilang organisasyon ng pagpapalano sa kaligtasan bilang bahagi ng kanilang pamamahala sa kaso o paghahatid ng mga serbisyo.

Pagtatasa para sa Mga Magkakaugnay na Salik ng Panganib

Maraming tao na naghahanap ng tulong sa pabahay ang nakakaranas ng marami at magkakaugnay na salik ng panganib. Para sa mga survivor, maaaring malaki ang binubuo ng mga salik na ito sa panganib na nauugnay sa pagkaligtas mula sa DV, SA, at/o HT, at mahalagang maisaalang-alang ang mga ito sa pagtatasa sa kahinaan. Itinatanong sa mga respondent sa survey kung anong iba pang salik ng panganib ang pinapayagan ng proseso ng pagtatasa na maisaalang-alang nila sa pagtatasa sa kahinaan. Ipinahihiwatig sa mga sagot na maaaring may mas mataas na posibilidad na marami sa mga salik ng panganib na ito ang maisasaalang-alang bilang bahagi ng pagtatasa sa kahinaan sa mga programa sa VS kaysa sa mga programa sa H/SH.

Mga Salik ng Panganib sa Kahinaan na Isinasaalang-alang sa Pagtatasa



Pagkakapantay-pantay sa Proseso ng Mga Admission

Tinanong ang mga respondent tungkol sa mga kapasidad ng kanilang mga organisasyon na tiyaking na-access ang proseso ng pagtanggap/mga admission sa iba't ibang pangangailangan, at pina-rank sa kanila ang mga ito sa isang four-point scale, kung saan ang isa ay “Hindi Sumasang-ayon” at ang apat ay “Lubos na Sumasang-ayon.” May maliit na pagkakaiba sa pagitan ng dalawang grupo maliban sa kapasidad na magsagawa ng mga admission sa mga survivor ng LEP, kung saan halos mas mataas ng isang puntos ang average ng VSP.

Pagkakapantay-pantay sa Mga Admission



Pagsasanay at Pagkakaroon ng Kaalaman sa Mga Legal na Proteksyon

Ang sapat na pagsasanay sa mga kawani ay mahalagang sangkap ng mahusay na tumatakbong system ng pangangalaga at mahalaga sa pagpapanday at pagpapanatili ng mga matatag na cross-system na pagtutulungan na kinakailangan sa pagbuo ng mga opsyon sa ligtas na pabahay ng mga survivor. Ang mga tagapagkaloob ng serbisyo sa parehong system ay dapat na mayroong pangunahing pagkakaunawa sa kung paano tumatakbo ang ibang system, anong mga mapagkukunan ang maibibigay nito, at paano matutulungan ang mga tao na ma-access ang mga ito. Dagdag pa rito, dahil sa realidad na posibleng humingi ng tulong sa alinmang system ang mga survivor ng karahasan sa tahanan, sekswal na pag-atake, at human trafficking na nahihirapang matugunan ang kanilang mga pangangailangan sa ligtas na pabahay, dapat maging handa ang mga tagapagkaloob ng serbisyo sa parehong system na mapaglingkuran sila.

Para sa mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima, nangangahulugan ito ng pagkakaugnay ng interpersonal na karahasan at hindi maayos na tahanan/kawalan ng tirahan, pagkakaroon ng kakayahang magsagawa ng pangunahing pagtatasa sa mga pangangailangan sa pabahay, at pagkakaroon ng kaalaman kung paano matutulungan ang mga survivor na maghanap ng mga opsyon na maaari nilang magamit sa parehong mga pangangailangan sa emergency at pangmatagalang pangangailangan sa pabahay. Para sa mga organisasyon para sa walang tirahan/pabahay, nangangahulugan ito ng pagkakaunawa na kinakatawan ng mga survivor ang malaking bahagi ng pangkalahatang populasyon ng mga walang tirahan, pagkakaroon ng mga kakayahang matalakay nang sensitibo at may kumpiyansa kung paano nakakaapekto ang dynamics ng pang-aabuso sa kasalukuyang krisis sa pabahay at plano sa kaligtasan para roon, at pagkakaroon ng kaalaman kung paano matutulungan ang mga survivor na mahanap ang ilan sa mga paraang magagamit nila para sa agarang kaligtasan at pangmatagalang kaligtasan. Para sa parehong system, dapat makatanggap ang mga tagapagkaloob ng serbisyo ng pagsasanay na naghahanda sa kanila sa paggamit ng pamamaraan na naaangkop sa trauma, at pag-alam ng tungkol sa mga pederal, pang-estado, at lokal na proteksyon sa pabahay na magagamit ng mga survivor.

Tinanong ang mga respondent sa seksyong ito ng Survey tungkol sa pagsasanay na natanggap nila mula sa at pagsasanay na ibinigay nila sa ibang system, at anong pagsasanay ang mapapakinabangan ng kanilang system at ng iba pang system upang makapagbigay ng mas epektibong tugon sa mga survivor na nangangailangan ng tulong sa pabahay.



Lubhang Madalang ang Cross- System na Pagsasanay

Sa mga Respondent mula sa VSP, 94% ang nagsabing hindi kailanman nakatanggap ang kanilang mga organisasyon o hindi sigurado ang mga ito kung nakatanggap sila ng pagsasanay mula sa mga tagapagkaloob ng serbisyo sa HRS. Ganito rin ang sagot nang tinanong tungkol sa pagsasanay na naibigay; 82% ang nagsabing hindi kailanman nagbigay ang kanilang mga organisasyon o hindi sigurado ang mga ito kung nakapagbigay sila ng pagsasanay sa mga tagapagkaloob ng serbisyo sa HRS.


Sa mga Respondent mula sa H/SH, bahagyang magkakaiba ang nakikita, kung saan 30% ang nagpahayag

na nakatanggap sila ng mga taunang pagsasanay mula sa mga tagapagkaloob ng serbisyo para sa DV, 40% mula sa mga tagapagkaloob ng serbisyo para sa SV, at 30% mula sa mga tagapagkaloob ng serbisyo para sa HT. Tungkol sa pagbibigay ng mga pagsasanay sa mga ahensya ng VSP, 80% ang nagsabing hindi kailanman nagbigay ang kanilang mga organisasyon o hindi sigurado ang mga ito kung nakapagbigay sila ng naturang pagsasanay.


Kasunduan na Kinakailangan ang Pagsasanay

Nabanggit ng lahat ng respondent na makakatulong ang higit pang pagsasanay tungkol sa iba pang system. Pinapili ang mga respondent ng mga paksang sa palagay nila ay pinakahigit na makakatulong sa kanila sa kanilang gawain para sa mga survivor na nangangailangan ng tulong sa pabahay. Makikita sa ibaba ang mga paksang napili ng bawat grupo:

Mga Paksang Napili ng Mga Respondent Mula sa VSP na Pinakahigit na Makakatulong sa Kanilang Gawain sa Mga Survivor na Nangangailangan ng Tulong sa Pabahay




Mga Paksang Napili ng Mga Respondent Mula sa H/SH na Pinakahigit na Makakatulong sa Kanilang Gawain sa Mga Survivor na Nangangailangan ng Tulong sa Pabahay



Ano ang Kailangan upang Madagdagan pa ang Cross-Training?

Tinanong ang mga respondent kung ano ang maaaring gawin upang mapaganda ang mga oportunidad sa pagsasanay. Nakitang pinakamainam na paraan ang pagbuo ng mas matibay na ugnayan sa pagitan dalawang system upang mapahusay ang cross-training, na sinusundan kaagad ng pagkakaroon ng mas malawak na iisang pagkakaunawa sa mga isyu at sa pangangailangan para sa naturang pagsasanay. Nakita ng mga respondent na bahagyang mas mahalaga ang dalawang salik na ito kaysa sa pagtuon sa mga isyu sa kapasidad (nakalaang oras ng mga kawani at mas malaking pondo sa pagsasanay).


Mga Estratehiya sa Pagdaragdag ng Cross-System na Pagsasanay



Mga Pangangailangan sa Pagsasanay na Nauugnay sa Pagkakapantay-pantay

Tinanong ang mga respondent kung anong pagsasanay na nauugnay sa pagkakapantay-pantay ang makakatulong sa mga tao sa kanilang mga organisasyon. Nasa ibaba ang mga weighted average batay sa four-point scale, kung saan ang isa ay “Lubos na Hindi Sumasang-ayon” at ang apat ay “Lubos na Sumasang-ayon.” Medyo marami ang lubos na sumasang-ayon sa pangangailangan ng pagsasanay sa lahat ng paksang nakalista.

Makikinabang ang Aming Organisasyon sa Karagdagang Pagsasanay Sa:




Pagkakaroon ng Kaalaman sa Mga Legal na Proteksyon

Upang mas matukoy ang mga pangangailangan sa pagsasanay sa mga tagapagkaloob ng serbisyo sa mga VSP at H/SH, hiniling sa mga respondent na tasahin ang pagkapamilyar nila sa mga pederal at pang-estadong batas at sa mga legal na proteksyon sa pabahay na ibinibigay nila sa mga survivor at kung nagamit ang mga ito sa kanilang pang-advokasyang gawain sa mga survivor. Nasa ibaba ang mga weighted average batay sa isang four-point scale: 1 = Hindi pamilyar; 2 = Medyo pamilyar; 3 = Pamilyar pero hindi nagamit; 4 = Pamilyar at naranasang gamitin.

Gaya ng makikita sa figure sa ibaba, ang mga respondent ay “medyo pamilyar” hanggang sa “pamilyar” sa karamihan ng mga proteksyon, at may mas mataas na antas ng pagiging pamilyar sa mga pederal na proteksyon kaysa sa mga proteksyon ng estado.

Mukhang hindi parte ng advokasyang ipinatupad ng mga respondent ang paggamit ng mga proteksyong ito sa ngalan ng mga survivor.

Pagiging Pamilyar Sa Mga Legal na Proteksyon



Karanasan ng Survivor sa Nakakoordinang Paglahok

Nahihirapan ang Proseso ng CE na Matugunan ang Mga Pangangailangan ng Survivor

Bagama't maraming respondent ang hindi sigurado at nag-opt out sa rating scale, 62% ng mga sumagot ang nagsabing “medyo hindi maayos” o “hindi maayos” na natutugunan ang mga pangangailangan ng survivor sa kasalukuyang proseso ng CE. Sumang-ayon ang mga respondent sa parehong grupo na maaaring mapahusay ng pagtuon sa mga sumusunod na estratehiya ang proseso para sa mga survivor:

“Sanayin ang mga empleyado ng lungsod sa VAWA - partikular na para sa mga empleyado na tinukoy na ‘mga eksperto’ sa karahasang dahil sa kasarian.”

- Tagapagkaloob ng Serbisyo sa VSP

- Dagdagan ang saklaw ng mga opsyon sa pabahay na magagamit ng mga survivor sa pamamagitan ng CE (76% ng grupo sa VSP 56% ng grupo sa H/SH, 64% sa pangkalahatan)
- Dagdagan ang pagkilala sa mga survivor bilang priyoridad na populasyon para sa may kakaunting madudulugan para sa abot-kayang pabahay (76% ng grupo sa VSP, 44% ng grupo sa H/SH, 61% sa pangkalahatan)
- Dagdagan ang koordinasyon at komunikasyon sa pagitan ng mga tagapagkaloob ng serbisyo sa survivor/biktima at system ng serbisyo sa mga walang tirahan (71% ng grupo sa VSP, 44% ng grupo sa H/SH, 57% sa pangkalahatan)
- Mamuhunan sa pagbuo ng higit pang madudulugan para sa abot-kayang pabahay (71% ng grupo sa VSP, 44% ng grupo sa H/SH, 57% sa pangkalahatan)
- Pahasayin ang pagtatasa at pag-screen na nakatuon sa survivor at naaangkop sa trauma (65% ng grupo sa VSP, 44% ng grupo sa H/SH, 54% sa pangkalahatan)

Mas matataas ang rate ng pagpili ng mga respondent mula sa VSP sa mga estratehiya sa ibaba kaysa sa mga respondent mula sa H/SH:

- Higit pang transparency tungkol sa proseso ng CE (59%)
- Suriin at pahasayin ang kakayahan ng system ng CE na maprotektahan ang pagkakumpidensyal ng survivor sa mga kagawian sa pagpapasok ng data at pagbabahagi ng data (47%)
- Pahasayin ang kaligtasan at privacy sa Mga Access Point (47%)
- Suriin at pahasayin ang kakayahan ng system ng CE na maprotektahan ang pagkakumpidensyal ng survivor sa mga kagawian sa pagpapasok ng data at pagbabahagi ng data (47%)
- Pagsasama ng pinakamahuhusay na kagawiang ginagamit sa iba pang komunidad (47%)

Mga Kakulangan sa Kaalaman Tungkol sa Mga Pangangailangan sa Kaligtasan at Proteksyon sa Privacy ng Survivor

Kaunti lang ang nalalaman ng mga respondent mula sa VSP tungkol sa mga panloob na gawain ng proseso ng CE, at kaunti lang ang nalalaman ng mga respondent mula sa H/SH tungkol sa mga protocol na partikular sa survivor. Nang tinanong kung maaaring hindi ibigay ng mga survivor ang pahintulot na magbahagi ng data at nagpapakilalang impormasyon sa nakabahaging database ng CE nang hindi nakokompromiso ang kanilang mga opsyon sa pabahay, 76% ng mga respondent mula sa VSP at 100% mula sa H/SH ang hindi sigurado. 50% ng mga respondent sa parehong grupo ang nagsabi na maaaring piliin ng mga survivor na pahintulutan ang pagbabahagi ng personal na impormasyon dahil sa takot na makompromiso ang kanilang mga opsyon sa pabahay. Isang respondent ang nagsabi ng: “Mukhang hindi nauunawaan ng mga kawani ng CE na karapatan iyon sa ilalim ng VAWA.”

Mas marami pang kakulangan sa kaalaman ang nalalaman nang tinanong ang mga respondent sa grupo sa H/SH ng mga karagdagang tanong tungkol sa mga patakaran at kagawiang nauugnay sa data sa CE:

- 56% ang hindi sigurado kung kumukuha ang kanilang organisasyon ng may-kabatirang pahintulot mula sa mga survivor bago ibahagi ang kanilang personal na nagpapakilalang impormasyon sa isang ikatlong partido.
- 50% ang hindi sigurado kung mayroong alternatibo sa pagpapasok ng personal na nagpapakilalang impormasyon sa ONE System. 38% ang nagsabi na isang opsyon ang alternatibo na ito na ipinapaliwanag sa lahat ng kalahok.
- 89% ang hindi sigurado kung sinasang-ayunan ng CoC ang pagbabawal sa mga VSP na magpasok ng data sa ONE System.

Wala Masyadong Indikasyon ng Pagsasama ng Pinakamahuhusay na Kagawian sa CE

Labingsiyam na natatanging organisasyon ang tumugon sa mga tanong tungkol sa mga inirerekomandang kagawian para sa mga survivor sa system ng CE. Mahigit sa kalahati (54%) ng lahat ng respondent ang hindi sigurado kung may kagamitan ang mga kawani sa Access Point upang matulungan ang mga survivor na malaman ang mga pangangailangan sa referral ng VSP at kung maigagalang ang

kanilang mga kagustuhan sa pabahay. Humigit-kumulang isang-katlo ng mga respondent ang nagsabing hindi nakakatanggap ng tulong sa tamang panahon ang mga survivor na nangangailangan ng agarang kaligtasan, at hindi sigurado ang iba pang 50%.

Mga Balakid at Hamon sa Pag-access at Pagpapanatili ng Shelter/Pabahay

Maaaring gamitin ang mga pederal na proteksyon sa pabahay, at kadalasan ang mga pang-estado at lokal na batas, upang malutas ang mga diskriminasyon sa pabahay; maaaring tugunan ang iba pang pagkakaiba sa pamamagitan ng mga pag-aangkop ng patakaran at kagawian sa programa. Sa pagtungo ng mga komunidad sa pagpapahusay ng access sa ligtas na pabahay para sa mga survivor, kritikal ang pagtukoy ng mga partikular sa komunidad na balakid sa pabahay na nararanasan ng mga survivor at pagbuo ng kapasidad ng system na matugunan ang mga ito, gayundin ang pagtiyak na maaalis ng mga tagapagkaloob ng serbisyo ang mga karahasang maaaring hindi nila batid na mayroon sa mga sarili nilang programa sa pabahay. Nagsama sa Survey ng pagtingin sa mga isyung ito sa San Francisco, at nakakategorya at nakalarawan ang mga sagot sa mga kasunod na talahanayan.

Pagkuha ng Pabahay sa HRS o Pribadong Merkado:

Mga Pinakakaraniwang Hamon na Iniulat ng Mga Respondent na Nalaman Nila

Mga Hamon sa Kabuhayan (ayon sa bilang ng mga beses na pinili ng mga respondent)
<ul style="list-style-type: none"> • Walang kita o hindi makapagtrabaho - hindi nauugnay sa kapansanan (35) • Hindi makatotohanang pagiging abot-kaya ng available na opsyon sa pabahay para sa survivor (33) • Hindi maayos na pagbabayad ng utang/hindi magandang history sa pag-upa (26)
Katangian o Nauugnay sa Background (ayon sa bilang ng mga beses na pinili ng mga respondent)
<ul style="list-style-type: none"> • Isang survivor o napagtantong survivor ng DV/may history ng DV (36) • Kriminal na rekord (24) • Limitadong Kahusayan sa Ingles (24) • Kapansanan (20) • Isang Biktima/Napagtantong Biktima ng Sex Trafficking (18) • Isang Survivor o Napagtantong Survivor ng Sekswal na Karahasan (17) • Isang Biktima/Napagtantong Biktima ng Labor Trafficking (15)
Nauugnay sa Pagkakakilanlan (ayon sa bilang ng mga beses na pinili ng mga respondent)
<ul style="list-style-type: none"> • Imigrante - walang dokumento (27) • LGBTQ+, gender non-conforming, o napagtantong ganoon (23) • Black, Indigenous, o Person of Color (15) • Imigrante - may mga dokumento (14) • Kinikilalang lalaki/masculine (13) • Lampas sa edad na 50 (10) • Miyembro ng minority na grupo sa relihiyon (7)

Nauugnay sa Kahingian sa Programa (ayon sa bilang ng mga beses na pinili ng mga respondent)

- Nag-opt out sa pagbabahagi ng kumpidensyal na impormasyon dahil sa mga alalahanin sa kaligtasan (20)
- Kabilang sa admission ang mga prerequisite na wala ang survivor (19)
- Kinakailangan sa admission ang karagdagang impormasyon na ayaw ibigay ng survivor (17)
- Komposisyon ng pamilya (17)
- Hindi gustong makibahagi sa mga serbisyong bukod sa pagtanggap ng pabahay (16)
- Mga kahingiag umalis sa shelter kapag araw (16)
- Uri ng pagiging biktima na hindi nasasaklawan ng mga pamantayan sa pagiging kwalipikado ng programa (16)

Nabanggit Din (ayon sa bilang ng mga beses na pinili ng mga respondent)

- Sarado o masyadong mahaba ang mga waitlist para sa pabahay (43)
- Animal companion/alagang hayop - hindi konektado sa isang kapansanan (29)
- Piniling manatili kasama ang nananakit sa kanila ngunit kailangan pa rin ng access sa pabahay (21)
- Nagsasagawa ng o napagtantong nagsasagawa ng komersyal na pakikipagtalik o pakikipagtalik kapalit ng isang bagay na may halaga (19)
- Pinaghihinalang nagre-recruit ng ibang tao sa human trafficking habang nasa programa sa pabahay (17)
- Gumagamit o napagtantong gumagamit ng mga droga at/o umiinom ng alak (21)

Nananatili sa Tirahan: Mga Pinakakaraniwang Hamon na Iniulat ng Mga Respondent na Nalaman Nila

(Ayon sa bilang ng mga beses na pinili ng mga respondent)

- Tumanggi ang tagapagkaloob ng serbisyo sa pabahay na magbigay ng makatuwirang suporta sa pagpapaganda o pagpapahusay ng mga hakbang sa seguridad at kaligtasan (25)
- Nararamdamang hindi ligtas sa pabahay (23)
- Hindi magawang magkaroon/magpanatili ng kitang kinakailangan upang matugunan ang mga gastos sa pabahay (23)
- Sandali lang ang tulong (22)
- Hindi nakikibahagi sa pamamahala ng kaso o iba pang serbisyo (20)
- Nang-aabuso at/o nagbabanta ang tagapagkaloob ng serbisyo sa pabahay (18)
- Mga banta ng pagpapaalis/terminasyon dahil sa mga paggambalang nauugnay sa karahasan sa tahanan (16)
- Nakabinbin pa rin ang mga aplikasyon sa imigrasyon ng mga survivor (VAWA o T/U visa); hindi makakuha/makapagpanatili ng trabaho (16)
- Hindi idinagdag ang survivor o hindi siya inalis mula sa lease ng taong nananakit (15)
- Nagsasagawa ng o napagtantong nagsasagawa ng komersyal na pakikipagtalik o pakikipagtalik kapalit ng isang bagay na may halaga habang nasa unit sa pabahay ng programa (14)
- Pagpapaalis/terminasyon o pagbabanta nito dahil sa pagtawag sa pulisya o iba pang serbisyo sa emergency (12)
- Sekswal na panliligalig/karahasan ng tagapagkaloob ng serbisyo sa pabahay (12)

Mga Pamamaraan sa Pabahay

Itinanong sa seksyong ito ng survey ang tungkol sa antas ng pag-angkop ng iba't ibang estratehiya sa pabahay sa mga programa ng VSP sa San Francisco.



Pabahay Muna sa Pabahay na Pinatatakbo ng VSP

Maraming programa (4) ang nagsaad na parte ng kanilang gawain ang mga serbisyo sa pabahay at na gumagamit sila ng pamamaraang Pabahay Muna, na inilalarawan nilang “medyo” hanggang sa “napaka” epektibo sa isang populasyon ng survivor dahil iginagalang nito ang desisyon ng survivor, pinabibilis nito ang permanenteng pabahay, at nag-aalok ito ng magandang alternatibo sa shelter. Gayunpaman, mahalaga sa pagpapatupad nito na mayroong stock ng abot-kayang pabahay sa komunidad, sapat na na-subsidize o permanenteng suportang pabahay para sa mga survivor na maraming pangangailangan, at sapat na mga serbisyo ng suporta para sa survivor kapag nasa pabahay na sila.



Rapid Rehousing sa Pabahay na Pinatatakbo ng VSP

Kinakatawan ng dalawang respondent mula sa VSP ang mga organisasyong gumagamit ng Rapid Rehousing. Tinanong ang mga hindi gumagamit nito kung bakit hindi sila gumagamit; kasama sa mga sagot ang pangangailangan para sa suporta sa pagbuo ng naturang modelo, kakulangan ng mga pakikipag-ugnayan sa mga landlord at tagapamahala ng ari-arian, kakulangan ng pagpopondo, at hindi sapat na kapasidad ng mga kawani. Limang respondent ang nagsabi na ipatutupad o baka ipatupad ng kanilang mga organisasyon ang RRH na partikular na para sa mga survivor kung may sapat na pondong magagamit.



Isang Nakikitang Estratehiya: Flexible na Pagpopondo

Tatlung walong porsyento (38%) ng mga respondent mula sa VSP ang nagsaad na nagkaroon ang kanilang mga organisasyon ng flexible na pagpopondong magagamit sa mga survivor. Kabilang sa mga pinagkukunan ng pondo ang mga donasyon, pribadong foundation, pondo ng VOCA, at lokal/pang-estadong pondo ng pamahalaan. Kabilang sa mga modelo ng flexible na pagpopondong ginagamit ng mga organisasyong ito ang opsyon para makatanggap ang mga survivor ng iba pang pang-adbokasiya o pansuportang serbisyo bilang karagdagan sa pinansyal na tulong. Nabanggit ng ilang respondent ang mga balakid na kinakaharap ng kanilang mga organisasyon kapag sinusubukang gamitin ang estratehiyang ito, kabilang ang mga limitasyon sa halaga bawat sambahayan at mga kahingian ng tagapondo para sa mga pagbabayad ng ikatlong partido:

“... hindi maaaring makuha ng survivor ang mga pondo nang direkta upang magamit na gaya ng maaaring gusto nila. Halimbawa, kung kailangan ng survivor ng suporta sa upa, dapat kaming magbigay ng tseke sa kanyang landlord.”

Mga Natatanging Pangangailangan ng Mga Survivor ng Sekswal na Karahasan at Human Trafficking

Hanggang nitong kamakailan lang, marami sa atensyong ibinibigay sa mga pangangailangan sa pabahay ng mga survivor ang nakatuon sa mga survivor ng karahasan sa tahanan. Upang magkaroon ng ideya tungkol sa ganitong kalagayan sa San Francisco, inanyayahan ang mga respondent na magbahagi ng kanilang mga opinyon sa mga pangangailangan sa pabahay na partikular sa mga survivor ng human

trafficking at sekswal na pag-atake. Bagama't ang ilan sa mga temang ito ay magkakatulad sa mga survivor bilang isang grupo, may ilang partikular sa mga survivor ng SV at HT, at maaaring maharap sila sa mga partikular na balakid dahil hindi karahasan ng romantikong kapareha ang uri ng pagiging biktima nila at tinitingnan ito na “hindi saklaw ng layunin” ng mga programa sa DV. Kinakatawan ng ilang respondent ang mga programa na partikular na nakikipagtulungan sa mga populasyong ito, nagbibigay ng suporta at nagsasagawa ng pag-navigate sa mga system upang matulungan silang makuha ang mga opsyon sa pabahay na hinahanap nila. Gayunpaman, hindi tinututukanang mga pangangailangan ng mga populasyong ito sa mga mas malalaking system ng serbisyo sa pabahay at biktima na gaya ng ginagawa sa mga survivor ng DV.

Sabihin sa Amin ang Tungkol sa Mga Pangangailangan sa Pabahay ng Mga Survivor ng SV at HT at ang Kanilang Mga Interaksyon sa System ng Pabahay

- Lubhang hindi napapansing populasyon kung saan kakaunti lang ang mga serbisyong tugma at partikular sa kanila;
- Kulang ng mga pang-emergency na higaan para sa mga survivor ng SV; partikular na mahirap para sa kanila na maka-access ng pang-emergency na pabahay para sa DV;
- Nagbibigay kami ng mga serbisyo ng pabahay sa mga survivor ng SV at HT;
- Napakahirap maghanap ng abot-kayang pabahay, mga pondo para sa relokasyon, at shelter ng survivor – lalo na para sa mga matatanda at survivor na may mga kapansanan
- Mga batang biktima ng sekswal na pag-atake na hindi makaalis at nananatili sa nananakit sa kanila
- Mahahabang listahan sa paghihintay, mga limitadong pamantayan sa pagiging kwalipikado para sa mga programa ng CE
- Hindi sapat na mga opsyon sa abot-kayang pabahay. Hindi sapat na mga pang-emergency na ligtas na higaan sa shelter. Hindi sapat na mga higaan para sa mga trans na survivor. Hindi sapat na anumang mapagkukunan para sa pabahay.
- Maraming sex worker ang walang tiwala sa mga pampublikong organisasyon sa pangkalahatan at ipinagpapalagay nilang hindi sila pinapayagang mag-access ng mga serbisyo. Dahil isang krimen ang sex work, itinuturing itong “trafficking,” at lumilikha ito ng mga karagdagang balakid.
- Kadalasang may Complex PTSD ang populasyong ito at nahihirapan silang mamuhay sa komunidad. Lubhang traumatiko para sa kanila ang system sa pabahay at CE

Pagtalakay/Pagsusuri

Mga Kalakasan/Mga Asset

Ang desisyon ng HSH na kritikal na suriin ang pagtugon nito sa mga pangangailangan sa ligtas na pabahay ng survivor ay naaayon sa iba pang progresibong komunidad sa buong bansa na nagsasagawa ng katulad na proseso ng pagsusuri ng mga limitasyon at pagtugon sa mga pangangailangan sa kaligtasan ng mga survivor sa buong pagpapatuloy ng kanilang pabahay. Sa loob ng nakalipas na dekada, naunawaan ng mga komunidad na hindi na sapat ang nag-iisang tugon na “shelter para sa mga binubugbog na kababaihan” sa mga pangangailangan sa pabahay ng survivor na naitatag sa pamamagitan ng pagsisikap ng kilusan ng mga binubugbog na kababaihan sa huling bahagi ng 1970's at

1980's. Kabilang sa mga salik na humihikayat ng bagong balangkas na ito ang:

- Malaking pagkabawas ng mga opsyon sa abot-kayang pabahay, lalo na sa mga mabilis na umuunlad na lugar na nakikitaan ng hindi pagkakapantay-pantay sa kita, na lubhang naglilimita sa mga mapagpipilian ng mga survivor ng pangmatagalang ligtas na pabahay;
- Lumalabas na pananaliksik na nagpapakita ng maraming insidente ng karahasang dahil sa kasarian sa mga taong walang tirahan, partikular na sa mga babae, at matataas na rate ng kawalan ng tirahan sa mga survivor ng DV, SA, at HT;
- Lumalalim na kamalayan sa iba't ibang karanasan at maraming pagkakakilanlan ng mga survivor, at kung paano ito nauugnay, kasama ng malaking bilang ng people of color sa system ng mga walang tirahan, sa mga natatanging balakid sa pabahay na kinakaharap ng mga survivor at sa marami at iba't ibang interbensyon sa pabahay na kinakailangan; at
- Ang pangako ng mga pamamaraang Rapid Rehousing (RRH)/Pabahay Muna (HF), na kinabibilangan ng mga modelo ng serbisyo na naaangkop sa trauma at nakatuon sa survivor, upang epektibong matugunan ang mga pangangailangan ng mga survivor sa kaligtasan at pangmatagalang pabahay.

Ginamit ang mga pederal na proteksyon sa pabahay at bagong mapagkukunan ng pondo upang matugunan ang mga pangangailangan sa pabahay ng survivor sa mga nakaraang taon. Ang 2013 at 2022 na Batas sa Karahasan Laban sa Mga Kababaihan (VAWA) ay kinabibilangan ng mga proteksyon sa pabahay para sa mga survivor ng karahasan sa tahanan, sekswal na pag-atake, karahasan sa pakikipag-date, at lihim na pagsubaybay, na nag-a-apply para sa o nakatira sa pederal na sinusuportahang pabahay. Ang Departamento ng Housing and Urban Development (HUD) ng U.S., sa Notice CPD-17-01, ay nagtakda ng mga karagdagang kahingian para sa isang System ng Sentralisado o Nakakoordinang Paglahok ng Continuum of Care (CoC), na kinabibilangan ng pagpapalano sa kaligtasan para sa mga biktima ng karahasan sa tahanan, karahasan sa pakikipag-date, sekswal na pag-atake, at lihim na pagsubaybay. Dagdag pa rito, dapat tiyakin sa mga patakaran at pamamaraan sa Nakakoordinang Paglahok (CE) na ang mga taong tumatakas o nagtatangkang tumakas sa karahasan sa tahanan, at mga biktima ng trafficking, ay may ligtas at kumpidensyal na access sa proseso ng CE gayundin sa mga serbisyo sa biktima. Sa 2018 HUD CoC NOFA, \$50 milyon ang inilaan sa pagtugon sa mga pangangailangan sa pabahay ng survivor sa pamamagitan ng DV Rapid Re-Housing Bonus; simula noon, taon-taon nang nire-renew ang oportunidad na ito sa pagpopondo at naging mapagkukunan para sa lumalaking bilang ng mga komunidad, kabilang ang San Francisco.

Hinahangad ng San Francisco na mahigitan ang minimum na kinakailangan para sa pagsunod sa HUD. Gaya ng napatunayan sa pamumuhunan sa Pagtatasa sa Mga Pangangailangan sa Ligtas na Pabahay, sinusuri ng HSH kung paano babaguhin ang konsepto ng pagtugon nito sa pabahay upang mapatibay ang pagkakanayan ng mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima at tagapagkaloob ng serbisyo sa HRS at matukoy at maipatupad ang mga patakaran at pamamaraan na makapagbibigay ng mas makabuluhang pagtugon sa mga survivor. Bagama't bago pa lang ang mga pagsisikap na ito, may ilang hakbang nang isinasagawa:

- Nagpapatupad ang HSH ng comparable database upang makasunod sa mga kahingian sa HUD at pederal na batas, na nagbabawal sa mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima na magpasok ng client level data sa database ng ONE system na ginagamit sa HRS. Nagbibigay-daan ang mga comparable database para ganap na makasunod ang mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima sa mga kahingian sa pag-uulat sa HUD nang hindi nakokompromiso ang kanilang mga kahingian sa pagkakupidensyal sa VAWA at FVPSA. Maaari nitong mabawasan ang posibleng pangamba ng mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima tungkol sa pagtanggap ng pondo ng HUD at maaari itong magbigay-daan sa pagpapalawak ng mga opsyon sa pabahay na partikular sa survivor.
- Minarkahang para sa mga survivor ang isang bahagi ng Mga Voucher para sa Pang-emergency

na Pabahay (Emergency Housing Vouchers o EHV) na inilaan sa San Francisco sa pamamagitan ng American Rescue Plan noong 2021. Ang mga survivor ang prioridad na populasyon para sa mga pondong ito, at nagbigay ang mga voucher ng napakabihirang oportunidad para maging kwalipikado ang mga survivor na makatanggap ng mga mapagkukunan para sa pangmatagalang pabahay. Kinakailangan din sa programa ang pag-uusap at kolaborasyon ng mga system ng mga serbisyo para sa biktima at serbisyo para sa pabahay, palaging nakikita ang pangangailangan para rito sa Pagtatasa sa Komunidad para sa Ligtas na Pabahay.

- Minarkahan ang mga pondo para sa Agarang Akomodasyon na para sa mga survivor na nangangailangan ng ligtas na pang-emergency na pabahay sa panahon ng COVID, na nagbibigay ng mga hotel na akomodasyon sa mga survivor na hindi maka-access o ligtas na makagamit ng mga pang-emergency na shelter sa kasagsagan ng COVID. Tulad sa distribusyon ng EHV, hiniling sa dalawang system na magtulungan upang magawa ito.
- Nakagawa ang HSH ng matagumpay na aplikasyon sa HUD para sa mga DV Bonus fund sa mga nakalipas na cycle ng gawad, kung saan para sa pagpapalawak ng RRH para sa mga survivor ang pinakahuling gawad. Ang pagsasaprioridad na makakuha ng mga resource na ito para sa komunidad ng survivor ay nagpapakita ng paninindigang dagdagan ang mga pagsisikap na matugunan ang pangangailangan.
- Dapat na bigyan ng mataas na prioridad ang makabuluhang pagsasama ng mga apektadong komunidad sa anumang pagsisikap para sa pagpapalano hinggil sa pagbabago ng mga system. Ipinakita ng HSH ang paninindigan sa pagpapahalagang iyon sa proyektong ito sa pamamagitan ng pagsisikap na buuin ang mga proseso sa pagpapalano na magbibigay-daan sa pagbibigay ng input ng survivor at sa pamamagitan ng pagbibigay ng patas na bayad at iba pang suporta para sa mga survivor na kalahok sa Working Group para sa Ligtas na Pabahay at Working Group para sa Data ng Survivor.

Madalas na nabanggit ng mga survivor at stakeholder na lumahok sa Pagtatasa sa Mga Pangangailangan ng Komunidad sa Ligtas na Pabahay ang mga kakulangan sa abot-kayang pabahay; kahit ang mga pinakamahasay na pamamaraan sa pabahay na ginagamit ng HRS at mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima ay limitado ang magagawa kung walang available na unit sa pabahay.

Kinakailangan sa pagdaragdag ng imbentaryo sa pabahay ang malawakang pagtugon ng komunidad na bukod pa sa naaabot ng dalawang system na ito. Pinaplano ng San Francisco na mas malalim pang masuri ang buong portfolio nito sa abot-kayang pabahay bilang parte ng [Elemento sa Pabahay](#), isang mandatoryo ng estado na plano sa pagpoproseso na nakatakda para sa 2023. Maghahatid ang prosesong ito ng mahalagang impormasyon sa pagpapalano para sa paglago sa hinaharap ng Lungsod. At may mga sumisilip na pag-asa na nagsisimula nang magkaroon ng epekto ang mga kamakailang panukalang-batas sa bono at bagong pagpopondo ng estado sa stock ng abot-kayang pabahay ng Lungsod, na nadagdagan sa mga kamakailang taon. Sa pagitan ng 2017 at 2021, nakapagpagawa ang Lungsod ng mahigit 5,000 abot-kayang unit, at simula Hulyo 2020, ginawang posible ng Project Homekey na makabili o makapagpaupa ang Lungsod ng 2,500 unit ng permanenteng suportang pabahay. Kung magpapatuloy ang ganitong momentum, maaaring magtagumpay ang mas maraming survivor at iba pang walang tirahan sa kanilang paghahanap ng bahay.^{xlix}

Mga Limitasyon at Hamon

Ang mga pagsisikap ng San Francisco na matiyak ang ligtas na pabahay para sa lahat ng residente nito ay hinahamon ng marami sa mga katulad na isyung kinakaharap ng mga komunidad sa buong bansa – tumataas na rate ng kawalan ng tirahan, kahirapang magpanatili ng mga sinanay na kawani, mga pangmatagalang epekto ng redlining at iba pang anyo ng diskriminasyon, at hindi sapat na abot-kayang pabahay, lalo na para sa mga taong may napakababang kita. Pinalala ng COVID ang marami sa mga kundisyon sa lipunan na nauugnay sa kawalan ng seguridad ng pabahay at kawalan ng tirahan at nakompromisong pampubliko at non-profit na pagtugon, kung saan maraming serbisyo ang nabawasan o nagsara, kahit na pansamanta.

May ilang karagdagang hamon sa San Francisco, na kinabibilangan ng pinakamahal na merkado sa pagpapauya sa bansa, kung saan ginagawa nitong lubhang hindi abot-kaya ang pabahay para sa karaniwang sambahayan sa pinakamababang 10% ng median na kita.ⁱ At bagama't ang pagkakaiba-iba ng mga tao sa Lungsod ang nagdudulot ng pagiging makulay nito, nagsasanhi rin ito ng maraming hamon sa pag-access. Ang San Francisco ay panglabindalawa sa US, sa 34%, para sa populasyon ng mga ipinanganak sa ibang bansa; mahigit 112 iba't ibang wika ang sinasalita sa Bay area, at halos 44% ng lahat ng residente sa San Francisco ang nagsasalita sa bahay ng wikang bukod sa Ingles.ⁱⁱ Ang impormasyong nakapaloob sa ulat na ito ay nakalap mula sa mga survivor, tagapagkaloob ng mga serbisyo sa parehong System ng Mga Serbisyo sa Biktima at System ng Pagtugon sa Mga Walang Tirahan, iba pang mahahalagang miyembro ng komunidad at stakeholder, at mula sa quantitative na pagsusuri ng data na isinasagawa ng Focus Strategies. Ang mga natuklasan ay nagbigay ng kaliwanagan sa mga limitasyon at hamon na pinaniniwalaan naming may malaking epekto sa pagkamit ng mga layunin ng HSH upang mapahusay ang access sa mga ligtas na serbisyo para sa mga walang tirahan at pabahay para sa mga survivor ng Karahasan sa Tahanan (DV), karahasan sa pakikipag-date, Sekswal na Pag-atake (SA), lihim na pagsubaybay, Human Trafficking (HT), at iba pang anyo ng karahasan. Kabilang sa mga hamon ang:

- Minimum na kolaborasyon sa lahat ng system ng mga serbisyo sa biktima at pagtugon sa kawalan ng tirahan;
- Mga alalahanin sa kaligtasan sa mga Access Point at sa mga programa sa pabahay (partikular na ang mga shelter);
- Hindi sapat na access sa wika; kakulangan ng pagsasanay para sa mga kawani sa parehong system; labis-labis na caseload at kultura ng mga kawani na nakakaapekto sa kakayahang magbigay ng ligtas na kapaligiran at antas ng mga serbisyong kinakailangan (lalo na para sa pag-navigate sa mga system);
- Mababang rate ng referral sa pagbibigay ng pabahay para sa mga survivor;
- Kakulangan ng malinaw na impormasyon para sa mga survivor at tagapagkaloob ng Serbisyo sa Biktima tungkol sa kung paano gumagana ang system; at
- Isang proseso ng pagtatasa na hindi palaging nagsi-screen o hindi sapat na nagsasaalang-alang ng mga natatanging kahinaan ng mga survivor.

Bagama't mukhang mahaba ang listahang ito, labis itong naaayon sa kung ano ang nalaman ng iba pang komunidad na dapat nilang harapin habang nagsisikap sila patungo sa mga katulad na layunin. Ang pagtukoy ng kinakailangan ang unang malaking hakbang patungo sa pagbuo ng plano para sa sistematikong pagbabago na maaaring lumutas sa mga hamong ito.

Mga Rekomendasyon

Ang mga sumusunod na rekomendasyon ay binuo mula sa impormasyong nakalap sa pamamagitan ng Pagtatasa sa Mga Pangangailangan ng Komunidad, Quantitative na Pagsusuri sa Data ng Focus Strategies, at mga pagpupulong ng Working Group para sa Ligtas na Pabahay. Tinukoy ng SHA, mga katuwang nito sa proyekto, at Working Group para sa Ligtas na Pabahay na sila ang mga pangunahing elemento sa pagsusulong ng proyekto sa pagpapalano at pagpapatupad.

Buong sistema

1. Sa pamamagitan ng Working Group para sa Ligtas na Pabahay bilang pundasyon at mga taong may aktwal na karanasan bilang sentro, dapat na bumuo ang HSH at DOSW ng nagpapatuloy na cross-system na komite o samahan upang gumabay at magbigay ng payo sa pagpapatupad ng sistematikong pagbabago.
Ang aktwal na karanasan ng mga survivor ang dapat na maging sentro ng mga plano para sa

pagpapahusay ng serbisyo at paghahanay ng mga system na nagreresulta mula sa Pagtatasa sa Mga Pangangailangan ng Komunidad at makapagbibigay ng mahalagang loop ng feedback habang mas malalim pang inaalam ng HSH kung paano pinakamahusay na kikilos upang matugunan ang mga natukoy na pangangailangan. Ang pag-uusap na sinimulan sa proyektong ito kasama ang mga survivor at tagapagkaloob ng serbisyo mula sa parehong system ay isang mahusay na unang hakbang patungo sa pagbuo ng mas mataas na antas ng pagkapamilyar sa mga system at pagkakaroon ng ganap na nabuong iisang mithiin at kultura ng kolaborasyon. Ang pagbuo at pagpopondo ng mga naturang samahan ay isang umuusbong na kagawiang nagpapakita ng mga ipinapangakong resulta sa iba pang hurisdiksyon. Ang isang cross-disciplinary na pangkat na may mga nakaistrukturang work group ay maaaring maging isang nakalaang paraan ng HSH upang higit pang mapahusay, maisaprioridad, at matalakay ang mga rekomendasyon sa ulat na ito.

2. Dapat na isagawa ng HSH ang paghikayat sa makabuluhang paglahok ng mga survivor at VSP sa mga pagpupulong ng HRS at proseso ng pagdedesisyon. Dapat tiyakin ng mga nagpupulong sa CoC at sa mga pulong ng HRS na parte ng mga regular na nakaiskedyul na pag-uusap at pagpapalano ang mga apektadong komunidad at ang mga tagapagkaloob ng serbisyonag naglilingkod sa kanila. Tinitiyak sa ganap na paglahok ng mga survivor na inuuna at pinagtutuunan ang mga taong nagna-navigate sa mga system na tinatalakay, at makakatulong ang mga VSP sa pagtatakda ng pare-parehong two-way na daloy ng impormasyon sa lahat ng system, kabilang ang impormasyon tungkol sa mga oportunidad sa pagpopondo, pagsasanay, epekto ng mga patakaran ng CoC, atbp., at magbibigay-daan ito sa mga VSP na maipabatid sa CoC ang mga isyung may kinalaman sa mga survivor. Dapat makatanggap ang mga survivor ng bayad para sa kanilang oras at paghahanda/suporta upang mapatibay ang kanilang kakayahang magtagumpay sa mga ganitong sitwasyon, at dapat bigyan ng pansin ang proactive na pag-recruit ng mga survivor na maaaring walang kaalaman tungkol sa mga oportunidad na bukas sa kanila.
3. Dapat na magtulungan ang HSH, DOSW, at mga VSP upang bumuo ng plano ng proyekto para sa pagsasanay na kinabibilangan ng kurikulum, iskedyul, at proseso ng pagsusuri na sumasaklaw sa mga pangangailangan sa content na tinukoy ng parehong sistema. Nangangapa sa dilim ang mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima tungkol sa kung paano gumagana ang system ng pabahay; nakadaragdag ito sa mababang rate ng referral sa system ng pabahay at nakompromisong kakayahan na mabigyan ng oryentasyon ang mga survivor tungkol sa kung ano ang dapat asahan. Kailangan ng mga tagapagkaloob ng serbisyo ng HRS ng higit pang impormasyon tungkol sa dynamics ng DV, SA, at HT at tungkol sa mga pamamaraang naaangkop sa trauma; kapag mayroon ng pundasyong ito, madaragdagan ang posibilidad ng mga survivor na makatanggap ng mga epektibo at may malasakit na serbisyo kapag pumasok sila sa proseso ng CE at lumahok sila sa mga programa ng HSR. Ang pagsasanay ay dapat na magbigay-daan sa interaktibong pakikipag-ugnayan (kabilang ang paglutas ng problema batay sa sitwasyon), may matibay na bahagi sa pagiging sensitibo sa kultura at pagtingin sa pagkakapantay-pantay ng lahi, at pana-panahong naa-update upang masaklaw ang mga pagbabago sa system sa paghahatid ng serbisyo at patakaran.
4. Dapat na makipagtulungan ang HSH at DOSW sa mga tagapagkaloob ng legal na serbisyo (gaya ng BAYLA, NHLP, atbp.) upang magbigay ng pambuonang sistemang pagsasanay sa pederal, pang-estado, at lokal na batas at mga legal na proteksyon sa pabahay. Dapat na makatanggap ng kasalukuyang impormasyon tungkol sa Batas sa Mga Karapatang Sibil, Batas

sa Patas na Pabahay, Batas sa Karahasan Laban sa Mga Kababaihan, at iba pang pederal at/o pang-estado at lokal na proteksyon sa pabahay ang mga tagapagsulong at caseworker, landlord sa pribadong merkado at mga pribado at pederal na pinopondohang tagapagkaloob ng serbisyo sa pabahay. Maraming anyo ng diskriminasyong iniulat ng mga survivor ang maaaring lutasin sa pamamagitan ng mga proteksyong ito, at magagawa ng mga tagapagkaloob ng serbisyo, na batid kung ano ang dapat pakinggan, na pangasiwaan ang pagkonekta sa mga lokal na tagapagkaloob ng mga legal na serbisyo. Dapat na partikular na bigyan ng pansin ang mga proteksyon para sa mga komunidad na hindi sapat na naseserbisyuhan at dati nang nasa laylayan.

5. Dapat na magtulungan ang HSH at DOSW upang bumuo ng mga mekanismo upang matiyak na available at naa-access ang impormasyon tungkol sa mga proseso sa ligtas na pabahay para sa mga survivor.
Palaging natutukoy ang kakulangan ng kaalaman ng mga survivor at tagapagkaloob ng serbisyo tungkol sa kung anong mga serbisyo ang magagamit ng mga survivor at paano maa-access at mana-navigate ang mga ito at ipinapaunawa nito ang pangangailangan para sa madaling mahanap na impormasyon tungkol sa mga opsyon sa pabahay ng mga survivor na available sa maraming wika. Maaaring gawin dito ang pag-set up ng link sa isang webpage na magdadala sa mga survivor at tagapagkaloob ng serbisyo sa isang page kung saan sentralisado at regular na naa-update ang impormasyon tungkol sa mga opsyon sa ligtas na pabahay sa parehong system ng VSP at HRS. Isang kampanyang komunikasyon upang matiyak na malawakang maisasapubliko ang impormasyong ito sa mga tao, hotline, at organisasyon na may gawaing nauugnay sa mga survivor (mga paaralan, employer, pangangalagang pangkalusugan, atbp.). Magandang lugar ang website ng HSH upang magsimula, dahil marami sa mga taong nakausap namin ang nagsaad na hindi matagumpay ang mga pagsisikap nilang maghanap ng impormasyong partikular sa mga survivor.
6. Dapat na bumubo ang HSH at DOSW ng mga estratehiya upang mamuhunan sa pagpapahusay ng kapasidad ng mga kawani, nang may higit na pagbibigay-pansin sa pagtanggap ng mga tao mula sa mga naapektuhang komunidad.
Kailangan ng mga kawani ng VSP, CE, at HRS ng marami pang katrabaho. Hindi sapat ang paglalagay ng mga kawani sa parehong sektor at nagreresulta ito sa maraming caseload, mahirap na pagpapanatili ng mga kawani, at mga kapaligiran na nagpaparamdam ng panghuhusga at hindi pagtanggap sa mga taong naghahanap ng tulong. Madalas na kailangang sabihin na mga kawani ng Access Point ang mensaheng: “Walang opsyon sa pabahay para sa iyo.” Ang mga kawani sa shelter ay araw-araw na nahaharap sa mas maraming pangangailangan ng tao kaysa sa mga magagamit nilang mapagkukunan upang makatulong sa pagtugon sa mga ito. Hindi pantay-pantay ang access sa wika, na nagbubukod sa marami mula sa pagtanggap ng impormasyong nauunawaan nila. Kailangan ng mga survivor ng higit pang tulong sa pag-navigate sa mga system, opsyon kapag hindi epektibo ang “paglutas ng problema”, at tulong para manatiling buhay habang pinagtitiisan ang mahahabang paghihintay para sa tulong. Dahil sa napakaraming workload at tuloy-tuloy na pagdating ng mga bagong kahilingan para sa tulong, nagkakaroon lang ng kaunting oras ang mga tagapagkaloob ng serbisyo upang malaman pa ang tungkol sa mga system at serbisyo ng isa't isa at kung paano sila posibleng makapagtulungan pa. Ang ilang stream ng pondo ay masyadong nakatutok sa pagsuporta sa mga gastos na gaya ng tulong sa upa at mas kaunti ang inilalaan sa pagsuporta sa mga kawaning kinakailangan upang mapagana ang mga resource na iyon; dapat tuklasin ng HSH ang mga opsyon para parehong magawa ang mga iyon. Kailangan ng mga miyembro ng kawani ng

sapat na sahod, mga oportunidad para sa propesyonal na pag-unlad at pangangalaga sa sarili, at makatuwirang workload; kritikal sa tumatakbong system ang pagpapanatili ng mga may kasanayang empleyado.

Ang pagdaragdag ng kapasidad ng mga kawani sa pamamagitan ng paglikha ng mga daan sa trabaho para sa pagtanggap ng mga tao mula sa mga apektadong komunidad ay maaari ring makatulong sa mga isyu sa kapasidad ng mga kawani sa pangkalahatan, magpalawak ng kapasidad sa wika, tumugon sa mga pagkakaiba sa oportunidad sa trabaho na dulot ng pangangailangan ng nakasanayang kasaysayan ng edukasyon, at tumulong sa system na lumago patungo sa pagkakaroon ng mas maraming kinatawang kawani.

7. Dapat na mamuhunan ang HSH sa pagsasakatuparan ng Mga Layunin sa Pagkakapantay-pantay nito. Sa palagay ng maraming stakeholder, malinaw na naipahayag ang paninindigan ng HSH sa pagkakapantay-pantay ngunit kulang ito sa pondo. Inilarawan ng mga survivor ang maraming balakid sa pabahay at mga serbisyo batay sa lahi, kinikilalang kasarian, sekswal na oryentasyon, status sa imigrasyon, wika, kapansanan, at iba pang pinoprotektahang kategorya. Inilarawan ng mga respondent sa survey ang mga hakbang na ginagawa ng maraming ahensya tungo sa pagkakaroon ng mas maraming kawaning kinatawan, ngunit kaunti ang ginagawa para sa mga lider ng organisasyon at system. Bagama't hindi natalakay bilang parte ng Pagtatasa sa Mga Pangangailangang ito ang plano ng HSH sa Pagkakaiba-iba, Pagkakapantay-pantay at Pagsasama, may tiyak na pangangailangan na masuri ang aming mga nalaman mula sa lente ng planong iyon.
8. Ang HSH at DOSW ay dapat na bumuo at magbigay ng mga mapagkukunan upang matulungan ang mga tagapagkaloob ng serbisyo ng VSP at HRS sa isang pagsusuri ng mga patakaran at proseso sa pamamagitan ng pagtingin sa kaligtasan ng survivor, pagkakapantay-pantay, access sa wika, at LGBTQ+. Dapat makaasa ang mga survivor at iba pang walang tirahan sa mga naa-access, sensitibo sa kultura, at nakatuon sa kalahok na serbisyo saanmang pintuan sila pumasok. Ang pagsusuri ng patakaran ay maaaring maging kapaki-pakinabang na hakbang sa pagsusuri ng mga kahingian na maaaring magkaroon ng mga hindi sinasadyang kahinatnan o hindi naaayon sa pinakamahuhusay na gawi. Nagsagawa na ng mga naturang pagsusuri ang ilang organisasyon, ngunit marami ang nakakaranas ng isyu sa kapasidad o hindi nakakatanggap ng mga suportang kinakailangan upang maisagawa ang trabahong ito. Maaaring bumuo ang HSH at DOSW ng magkasamang work group na binubuo ng mga eksperto sa paksa upang magdisenyo ng gabay para sa mga programa.
9. Dapat na magtulungan ang HSH at DOSW upang maghikayat at magtaguyod ng mga pagtutulongan, magkatulong na paglutas ng problema, at cross-referral sa pagitan ng mga tagapagbigay ng Serbisyo sa Biktima at HRS, kabilang ang sa pamamagitan ng co-advocacy at co-location. Ipinapakita sa Ulat ng Pagsusuri sa Quantitative na Data ng Focus Strategies na ang overlap sa pagitan ng mga survivor at taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan ay nagpapahiwatig ng kahalagahan ng mga bi-directional na pagtutulongan sa pagitan ng mga tagapagkaloob ng serbisyo sa dalawang system, kabilang ang pagbuo ng mga daan patungo sa referral at pag-navigate ng mga system. Ang isa pang paraan para sa dagdag na atensyon sa mga pangangailangang partikular sa survivor ay ang co-location, isang pinakamahuhusay na kagawiang ginagamit sa maraming komunidad at naiulat na napakamabisa. Bagama't may kinalaman din

dito ang pandemya at mga kakulangan sa kawani, makikitang hindi gaanong naisasagawa ang kagawiang ito sa San Francisco. Ang pagtatalaga ng kasamang tagapagsulong ng serbisyo sa biktima sa mga Access Point ng CE ay maaaring makapagbigay ng ligtas na lugar para sa mga survivor at makatulong nang malaki sa mga kawani ng CE sa pagpapalano ng kaligtasan, pagtatasa, pagbibigay ng atensyon sa mga isyu ng pagiging kumpidensyal, at konsultasyon tungkol sa kaso. Ang mga tagapagsulong ng mga serbisyo sa biktima ay maaaring magkaroon ng mga nakaiskedyul na oras sa loob ng mga programa ng HRS upang magbigay sa mga survivor ng adbokasiyang naaangkop sa trauma at nakatuon sa survivor at mga pagkakataon sa cross-training/konsultasyon para sa mga kawani. Gayundin, maaaring maging available ang mga kawani ng system para sa walang tirahan/pabahay sa loob ng mga ahensya ng VSP upang magbigay ng impormasyon sa pabahay at pagtatasa para sa mga survivor at mga pagkakataon sa cross-training/konsultasyon para sa mga kawani.

Mga Access Point

10. Dapat na suriin ng HSH ang disenyo at lokasyon ng mga Access Point nang isinasaalang-alang ang kaligtasan, privacy, at pinagtutuunan ang mga natatanging pangangailangan ng mga survivor. Karamihan sa mga natuklasan sa Pagtatasa sa Mga Pangangailangan na ito ay nagpapahiwatig na dapat na bigyan ng mataas na priyoridad ang pagbabago sa kasalukuyang modelo, gaya ng ginawa sa pagsusuri ng quantitative na data ng Focus Strategies. Madalas na nag-aalinlangan ang mga survivor na pumunta sa mga Access Point at may iba-iba silang hindi kanais-nais na karanasan kapag nagpupunta rito, mula sa hindi itinatanong ang tungkol kaligtasan nila at survivorship hanggang sa aktwal na pisikal na panganib. Dapat na isaalang-alang ang pagpapatupad ng estratehiya upang matiyak ang 24 na oras na access para sa mga tumatakas mula sa agarang panganib, kailangang gawing mas ligtas ang mga kasalukuyang Access Point at kailangang magdagdag ng mga alternatibo sa mga available na starting point para sa mga survivor na naghahanap ng tulong sa pabahay. Maraming posibilidad na dapat na tingnan: Maaaring ilagay ang mga access point para sa mga survivor sa mga lugar ng ahensya ng serbisyo sa biktima kung saan pumupunta na ang mga survivor para sa mga serbisyo; maaaring mobile ang mga tagatasa sa Access Point, kung saan bumibiyahen sila sa mga lokasyong ligtas at madaling puntahan para sa mga survivor, gaya ng mga aklatan, paaralan, o community center; maaaring magkaroon ang mga tagatasa sa Access Point ng “mga oras ng opisina” sa mga ahensya ng serbisyo sa biktima, o; maaaring magsama ng mga tagapagsulong ng biktima sa mga kawani sa mga Access Point. Sa ilang komunidad, nakakatanggap ang mga tagapagsulong ng mga serbisyo sa biktima ng pagsasanay sa pagsasagawa ng mga pagtatasa sa pabahay at nagsisilbi silang mga direktang tagapag-ugnay sa mas malaking system ng pabahay para sa mga survivor na nakakaugnayan nila.

Dapat na nakasentro sa mga survivor at tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima ang pagsasaalang-alang sa mga alternatibong ito.

11. Bilang bahagi ng komprehensibong plano sa pagsasanay na binuo sa pakikipagtulungan sa DOSW, mga VSP, at mga survivor, dapat tiyakin ng HSH na makakatanggap ang mga kawani ng CE at Access Point ng pagsasanay sa mga pamamaraang naaangkop sa trauma, pag-screen para sa DV/SA/HT, at kung paano matutulungan ang mga survivor na magplano para sa kanilang ligtas na pakikilahok sa mga serbisyo. Ang mga lokal na tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima ay maaaring magbigay ng kapaki-pakinabang na tulong sa paggawa at pagbibigay ng pagsasanay na ito at dapat silang bayaran para sa kanilang trabaho. Maaari ding makatulong ang mga online na mapagkukunan, gaya ng

Toolkit sa Pagpapalano ng Kaligtasan ng SHA .

12. Dapat na magpatupad ang HSH ng patakaran sa “pag-opt in” at mahusay na proseso ng may-kabatirang pahintulot para sa mga survivor na nag-a-access ng mga serbisyo para sa pabahay/walang tirahan at pagsasanay sa protocol para sa lahat ng tagatasa. Ang HSH ay kasalukuyang bumubuo ng naihahambing na database para sa mga ahensya ng VSP na nakakatugon sa mga kahingian ng HUD HEARTH Act at VAWA, na magbibigay-daan sa mga VSP na tumanggap ng pagpopondo mula sa CoC nang hindi nakokompromiso ang pagsunod sa mga proteksyon sa privacy na kinakailangan ng OVW at FVPSA. Sa pangongolekta ng opinyon ng survivor para sa proyektong ito, naging malinaw na hindi palagi ang nakatanggap ang mga survivor ng impormasyon tungkol sa ONE System, kung saan naka-store ang kanilang data, kung sino ang may access, at mga opsyong mayroon sila tungkol sa pagsasama sa database. Dapat na kasama sa trabaho ng Survivor Data Project ang o dapat itong magbigay ng atensyon sa mga protocol para sa mga survivor na pinaglilingkuran sa system ng CE sa halip na sa pamamagitan ng VSP.

Pag-screen

13. Dapat na magpatupad ang HSH ng pangkalahatang pag-screen para sa DV/SA/HT bilang bahagi ng pagtatasa sa CE. Maaaring maraming dahilan ang mga survivor para hindi ihayag na nakakaranas sila o dati silang nakakaranas ng DV, SA, at HT, ngunit hindi dapat dahilan dito na wala kasing nagtatanong sa kanila ng tungkol dito. Dapat ay may kasama sa proseso ng pagtatasa na imbitasyon upang magawa iyon sa pamamagitan ng pagsasama ng mga tanong tungkol dito para sa lahat ng papasok. Ang pag-screen at pagtukoy ay nagbibigay-daan sa pagtiyak na magkakaroon ng pagtatasa ng panganib, pagpapalano sa kaligtasan, at pag-refer sa mga serbisyo sa biktima, at inaalertuhan nito ang mga nagsi-screen tungkol sa pangangailangang isaalang-alang ang mga alalahanin sa kaligtasan sa pagpapasok ng data, pagbabahagi ng data, at lokasyon ng pagbibigay ng pabahay.
14. Dapat na tingnan ng HSH ang posibilidad ng paggamit ng alternatibong tool sa pagtatasa at/o prosesong gagamitin sa mga survivor na nag-a-access sa CE. Gaya ng mga beterano at kabataan, kinikilala ng HUD ang populasyon ng survivor bilang populasyon na mayroong mga natatanging kahinaan at pangangailangan at mas mahusay silang mapaglilingkuran sa pamamagitan ng paggamit ng mga alternatibong proseso ng pagtanggap at pagtatasa. Nagpatupad ang ilang hurisdiksyon ng pre-screen na tumutulong na matukoy ang mga partikular na populasyon at dalhin sila sa iniangkop na pagtatasa; may ibang gumamit ng pagtatasa na naaangkop sa trauma at nakabatay sa pag-uusap (sa halip na checklist) na tumutulong sa mga tagatasa na mas ganap na maunawaan ang konteksto ng kahilingan ng isang tao para sa tulong sa pabahay, at bumuo ang iba pang komunidad ng parallel na system ng CE para sa mga survivor.
15. Dapat na pag-isipan ng HSH ang pagtataas ng score ng DV, SA, at HT bilang mga salik sa kahinaan sa proseso ng pagsasapriyidad. Nakita ng mga survivor at tagapagkaloob ng serbiyo na maliit ang insentibo ng mga survivor sa pagpahahayag ng survivorship sa CE at maaaring hindi rin nila nakikita ang system bilang mapagkukunan nila. Sa kasalukuyang proseso ng pagsasapriyidad, malaki ang pagsasaalang-alang sa mga salik na gaya ng tagal ng panahong walang tirahan at mga hindi gumagaling na isyu sa kalusugan, na maaaring hindi bahagi ng kuwento ng survivor kaya, ayon sa iniulat ng mga survivor at stakeholder, maraming survivor na sumusubok na mag-access sa CE ang tinatasa status na “Paglutas sa Problema” na, gaya ng naunang nabanggit, ay may mababang rate ng

tagumpay sa pagtanggap ng pabahay. Ang mga kalahok sa CE na nagkaroon ng score na nangangailangan ng pabahay ay binibigyan ng mga oportunidad sa pabahay nang may mas matataas na rate, at kung babaguhin ang pagsasaprioridad upang maisama ang mga natatanging kahinaang kinakaharap ng mga survivor, maaaring magresulta iyon sa pagkakatanggap ng mas maraming survivor ng ligtas na pabahay sa pamamagitan ng CE. Dapat na pag-isipan nang mabuti kung paano matitingnan ang kasaysayan ng pang-aabuso sa paraang naaangkop sa trauma na magbibigay-daan sa survivor na matasa mismo ang kasalukuyang antas ng panganib at tuloy-tuloy na epekto sa kawalan ng maayos na tirahan.

Access sa Shelter

16. Dapat na suportahan ng DOSW ang mga VSP upang suriin kung paano sila nalilimitahan ng mga kasalukuyang kahingian ng nagpopondo sa pagpapalawak ng pagiging kwalipikado para sa pang-emergency na pabahay upang maisama ang mga survivor ng sekswal na pang-aabuso at human trafficking.
Inilarawan ng mga tagapagkaloob ng serbisyo at mga survivor ang mga pagbubukod mula sa pang-emergency na shelter para sa DV batay sa uri ng pagiging biktima. Sa pamamagitan ng paghahanap ng mga paraan upang mapalawak ang pagiging kwalipikado at mas maging inklusibo ito sa karahasan mula sa non-intimate na kapareha, maaaring makapagbukas ng mga mapagkukunan para sa mga taong nangangailangan ng mga espesyal na serbisyong puwedeng ibigay ng mga shelter ng VSP. Maaaring mangailangan ito ng pakikipag-usap sa mga tagapondo o paghahanap ng mga diskresyonaryong pondo na magbibigay ng higit pang flexibility sa mga programa. Inilarawan din ng mga survivor na batay ang pagbubukod mula sa mga shelter ng VSP sa kawalan ng kakayahang magbigay ng ilang partikular na dokumento; bagama't matagal nang binago ang mga ganitong patakaran sa San Francisco, dapat ding magsagawa ng pagsusuri kung may mga ganito pa ring kagawian.
17. Dapat na tugunan ng HSH ang mga alalahanin sa kaligtasan sa mga shelter na para sa pangkalahatang populasyon.
Gaya sa mga Access Point, naglarawan ang mga survivor at tagapagkaloob ng serbisyo ng maraming paraan kung paano maaaring hindi makaramdam ng kaligtasan ang mga survivor sa mga shelter o kung bakit maaaring iniwasan nila ang mga ito o kaagad silang umaalis. Dapat na gawing mas ligtas at naa-access ang mga shelter para sa lahat ng nangangailangan nito, at maaaring partikular na apektado rito ang mga survivor na naghahanap ng kaligtasan at nagnanais na makatakas mula sa panganib. Mahalaga ang matibay na system ng mga serbisyong pang-emergency sa pagkakaroon ng mga pagpapahusay sa mas malawak na pagtugon ng komunidad sa mga pangangailangan sa ligtas na pabahay ng mga survivor. Higit pa sa simpleng pagsasaalang-alang sa lokasyon ng mga shelter, inirerekomenda naming tingnan nang mas mabuti ang iba pang basehan ng mga takot at kawalan ng access ng mga survivor: may mga sapat bang maayos ng pattern ng paglalagay ng kawani upang matiyak na mapagkakatiwalaan ng mga survivor ang mga interbensyon para mapigilan ang marahas na pag-uugali? Sapat ba ang laki ng sahod upang makahikayat at makapagpanatili ng mga kawaning may karanasan at kinakailangang hanay ng kasanayan? Makakatulong ang pagsusuri sa mga elementong ito na matukoy ang mga pagsasaprioridad sa nagpopondo sa hinaharap, habang may iba naman na maaaring nangangailangan ng mga pagbabago sa kagawian.
18. Dapat na tugunan ng HSH at DOSW ang mga alalahanin sa access sa wika sa mga shelter.
Binanggit ng mga survivor at tagapagkaloob ng serbisyo ang limitadong kakayahang magbigay ng access sa wika sa mga shelter; ang mga survivor na hindi nakakaunawa, hindi nakakabasa, at hindi nakakatugon sa mga wikang available ay maaaring hindi makatanggap ng sapat na tugon,

at may ilan na ganap na tinatanghian. Dapat na maging bahagi ng malawak na sistemikong pagbabago ang pagsusuri ng mga hakbang na kinakailangan upang matiyak na ang mga programa ay mayroong pondo at mga pagsasanay sa hiring upang masuportahan ang interpretation, pagsasalin, at pagpapaliwanag sa mga kawani ng mga kultural na pangangailangan (gaya ng pagkain, pagdarasal, atbp.).

Access sa Pabahay

19. Bilang bahagi ng estratehiya nito sa pagpopondo para sa maraming taon, dapat na patuloy na tukuyin ng HSH ang mga pondo ng CoC na makakapagpalawak sa pagiging available ng pabahay na partikular sa survivor.

Maaaring kabilang sa pagpapalawak na ito ang mga voucher at PSH unit na inilaan para sa mga survivor pati na mga HUD DV Bonus fund na direktang mapupunta sa mga ahensya ng VSP para gamitin sa mga survivor na makikinabang sa mga espesyal na serbisyong puwedeng ibigay ng system ng mga serbisyo sa biktima. Bagama't hindi pa malawakang ginagamit ng mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima ang RRH, ipinapahiwatig ng mga natuklasan na kung may suporta at pondo, mas maraming ahensya ang magiging interesado sa pagpapalawak upang maisama ito. Maaaring makatulong ang DV “Joint Component” funds (TH/RRH model) sa mga survivor na umaalis sa shelter – o hindi nakakahanap nito – na magkaroon ng alternatibo sa ligtas na pabahay habang naghihintay nang ilang taon sa mga listahan para sa pampublikong pabahay.
20. Bilang bahagi ng estratehiya nito sa pagpopondo para sa maraming taon at sa pakikipagtulungan sa mga tagapagkaloob ng serbisyo ng VS, dapat na patuloy na mangalap ng mga pondo ang mga departamento ng lungsod (kabilang ang HSH, MOHCD, at SFHA) upang madagdagan ang pangkalahatang halaga ng pondong nakalaan sa pabahay na partikular sa survivor.

Sa nakalipas na dekada, mas maraming programa ng mga serbisyo sa biktima ang nagsimulang mangalap ng mga pondo na nagpalawak sa kapasidad ng mga ito na magbigay ng Rapid Rehousing at mga serbisyo para mapigilan ang pagpapaalis. Ang pagkakaroon ng mga ganitong in-house na serbisyo ay nagbibigay-daan sa mga tagapagkaloob ng serbisyo na maayos na maitugma ang mga suportang serbisyo sa biktima sa tulong sa pabahay. Ang pagpapalawak sa kasalukuyang programming upang magsama ng epektibong programa sa pabahay ay nagbibigay din ng insentibo sa pagbuo ng mga gumaganang ugnayan at epektibong pakikipagtulungan sa walang tirahan/system ng pabahat, mga landlords, at mga tagapamahala ng pag-aari. Nadaragdagan ang mga kakayahan at kaalaman ng mga tagapagsulong sa pamamagitan ng mga pakikipagtulungan, na nagbibigay-daan sa kanila na maging handang madudulugan ng mga survivor tungkol sa kung paano nila matutukoy ang kanilang mga opsyon sa pabahay pagkatapos manatili sa shelter. Ang pagbabahagi ng pagbibigay ng mga serbisyo sa pabahay ay nagbibigay-daan din sa parehong system ng pabahay at system ng serbisyo sa biktima na maayos na mairuta ang mga survivor na nangangailangan ng proteksyon sa privacy at probisyong pangkaligtasan na tanging ang mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima lang ang makapagbibigay.
21. Dapat na suriin ng mga departamento ng lungsod (HSH, OEWD, OFE) ang mga pamantayan sa tagal ng subsidiya para sa pag-upa sa mga programa ng RRH sa mga system ng VSP at HRS at dapat na humanap ito ng mga paraan upang magbigay ng mga suporta para sa pagpapalaki ng kita.

Inilalarawan ng mga survivor at tagapagkaloob ng serbisyo ang tagal ng subsidiya sa pag-upa bilang masyadong maikli para makapagbigay ng sapat na oras sa mga survivor na makakuha ng sapat na kita upang matugunan ang gastos sa kanilang pabahay. Kapag naibigay na ang pabahay,

madalas na hindi na available ang mga serbisyong makakatulong na tumugon sa mga isyung kritikal sa pagpapanatili ng pabahay. Ang mas mahahabang subsidiya para sa pag-renta kasama ng mga serbisyo pagkatapos ng pagkaloob at pang-ekonomikong pagtataguyod ay maaaring makapigil sa maraming survivor na mawalan ulit ng tirahan.

22. Habang patuloy na bumibili, nagde-develop, at nagli-lease ang mga ahensya ng Lungsod (HSH, MOHCD, at SFHA) ng mas maraming abot-kayang unit ng pabahay, dapat na bigyang-pansin ang kaligtasan ng kapitbahayan, pag-diversify sa mga kapitbahayan kung saan naroon ang PSH, pamumuhunan sa kalat-kalat na pabahay sa site, at pagdaragdag sa stock ng mga unit na nakakasunod sa ADA.

Humiling ang mga survivor ng pinaigting na kaligtasan sa mga kapitbahayan ng abot-kayang pabahay, at mas maraming abot-kayang pabahay sa mga ligtas na kapitbahayan. Bagama't mas madaling sabihin kaysa gawin, batay sa kung saan kasalukuyang naroroon ang pinakaabot-kayang pabahay at ang pagkontra ng mga kapitbahayan na sang-ayon sa abot-kayang pabahay, maaaring palakasin ang kasalukuyang pagtataguyod nito sa pamamagitan ng pagtuon sa mga boses ng mga taong may personal na karanasan.

23. Dapat na magsagawa ang HSH, DOSW, at mga VSP ng pagsusuri ng mga patakaran sa pagwawakas upang paigtingin ang transparency at pag-unawa para sa mga kalahok at kawani ng pabahay.

Humigit-kumulang kalahati ng mga respondent sa survey ang walang malinaw na pagkaunawa sa mga patakaran sa pagwawakas para sa transisyonal na pabahay, Rapid Rehousing, at Permanenteng Suportang Pabahay. Ang mga mahirap solusyunang pagwawakas, gaya ng dahil sa hindi pagsunod sa mga plano ng kaso at mga hindi pinapahintulatang bisita, ay nagpapakita ng kawalan ng pag-unawa sa mga boluntaryong serbisyo na ligtas at nakatuon sa survivor na nagpapahusay sa kakayahan ng kalahok at kumontra sa epekto ng trauma. Ang pagsusuri ng mga patakaran at mga epekto nito ang unang hakbang sa pagtukoy sa mga pagbabago sa patakaran na makakatulong sa mga kalahok na mapanatili ang pabahay kapag nakakuha na sila nito at maaari nitong mabawasan sa huli ang pagbalik sa kawalan ng tirahan at/o mga mapanganib na sitwasyon sa pamumuhay. Ang pagsusuring ito ay magbibigay din ng mga oportunidad para sa pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan sa pagitan ng mga tagapagkaloob ng serbisyo ng VSP at H/SH upang matiyak na ipinapatupad ang mga kahingian sa pagpopondo, pati na ang mga legal na proteksyon.

24. Dapat na gumamit ang HSH ng data mula sa pinahusay na proseso ng CE upang mas detalyadong matasa ang mga limitasyon sa pabahay. Dahil maraming dahilan kung bakit maaaring hindi ihayag ng mga survivor ang kanilang DV, SA, o HT sa pagpasok sa kasalukuyang system ng CE, o maaaring piliin nilang hindi mag-access ng CE para sa mga dahilang tinukoy sa kabuuan ng ulat na ito, mayroong mga limitasyon sa available na data na nagpapahirap sa pagsukat sa mga limitasyon. Gaya ng binanggit sa ulat sa quantitative na data na inilabas ng Focus Strategies, ang disenyo at pagpapatupad ng proseso ng CE na partikular para sa mga survivor ay magpapahusay sa kakayahan ng HSH na tasahin ang mga limitasyon sa kapasidad nang may higit pang detalye. "Inirerekomenda namin ang pagpapalawak at pag-standardize sa pangongolekta ng data sa ONE system upang isama ang maraming uri ng karahasan at mas tumpak na maipakita ang bilang ng mga survivor sa System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan. Bukod pa rito, maaaring gamitin ang ONE system upang mangalap ng detalyadong impormasyon tungkol sa mga pangangailangan ng survivor at upang subaybayan ang mga referral sa mga pangunahing serbisyo. Makakatulong ang pagdaragdag ng mga kakayahang ito na mapunan ang mga kakulangan sa kaalaman at mabigyang-daan ang mas detalyadong pagsusuri sa mga hindi natutugunang pangangailangan

ng mga survivor, na maaaring magbigay ng impormasyon sa pagpapalano ng system.”ⁱⁱⁱ

Pag-iiba

25. Dapat na mamuhunan ang HSH sa pagdaragdag sa availability ng mga serbisyo sa pag-navigate sa system at pagsusulong para sa mga survivor na hindi nabigyan ng pabahay. Ang mas malaking kapasidad para sa pag-navigate ng pabahay ay isang pangangailangan ng buong sistema, at ang ilan sa mga paraan upang maibigay ang higit pa nito ay tinalakay sa itaas (mga pakikipagtulungan, co-location, mas malinaw na impormasyon, access sa wika, atbp.). Ang labis na mabababang rate ng tagumpay ng mga taong nairanggo sa status na Paglutas sa Problema ay nagpapahiwatig na marami pang dapat gawin upang matiyak na mayroon silang gabay, mga opsyon, at mga ideya tungkol sa mga susunod na hakbang. Ang mga pagsasanay na mas tumitiyak sa paglutas sa problemang nakatuon sa kaligtasan at mga daan sa referral sa mga ahensya ng VSP ay maaaring maging mga panimulang hakbang, ngunit kailangan ng mga organisasyong iyon na magkaroon ng mga mapagkukunan, kapasidad ng kawani, at malinaw na impormasyon upang makatulong.
26. Dapat na tingnan ng DOSW at mga VSP ang mga opsyon sa pagpopondo upang madagdagan ang availability ng flexible na pinansyal na tulong para makatulong na punan ang mga limitasyong idinulot ng mga paghihigpit sa pondo at kahingian sa pagiging kwalipikado. Para sa maraming survivor, hindi nagreresulta ang CE sa pagbibigay ng pabahay o tulong sa mga susunod na hakbang. Humihingi ng tulong ang ibang survivor mula sa mga alternatibong organisasyon sa komunidad o mula sa mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima na hindi nakakatulong sa pagbibigay ng pabahay. Ang mabilis na tulong na pera ay makakatulong sa mga survivor na maiwasan na mapalayas sila, matulungan ang kaibigan o miyembro ng pamilya sa pagbabayad nito ng renta kapalit ng pagpapahiram sa kanila ng couch o kuwarto, o makipag-usap upang mapigilan na bumalik sa mapanganib na relasyon o sa kalye. Mapapabuti ng mga flexible na pondo ang mga resulta para sa mga survivor sa panahon ng Paglutas ng Problema sa CE. Kung posible, ang mga gawad na magbibigay-daan sa mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima na direktang maibigay ang mga pondong ito ay makakatulong sa mga survivor na hindi na maghintay pa ng tulong para sa mga agarang pangangailangan habang pinoproseso ang pag-apruba sa mas mataas na antas. Maraming patunay, at mga halimbawa sa komunidad ng mga matagumpay na disenyo at pagpapatupad ng mga programa sa flex funding na nakatuon sa survivor.

Mga Susunod na Hakbang

Karahasan sa Komunidad

Bilang bahagi ng patuloy nitong proseso ng Pagtatasa ng Mga Pangangailangan ng Komunidad sa Ligtas na Pabahay, pinag-isipan ng HSH kung paano tugunan ang mga pangangailangan ng mga survivor ng mararahas na krimeng ginawa sa labas ng konteksto ng mga ugnayang pampamilya at/o sa pagitan ng mga hindi magkaugnay na indibidwal at sa pangkalahatan ay sa labas ng tahanan. Kabilang sa mga halimbawa ang mga pag-atake, pagpatay, pag-aaway ng mga grupo, at pamamaril sa mga pampublikong lugar, gaya ng mga paaralan at sa mga kalye.ⁱⁱⁱⁱ Mahigit 1.9 milyong tao sa U.S. at 4,720 tao sa San Francisco ang naapektuhan ng karahasan sa komunidad noong 2020.

Higit na mas maraming naapektuhang people of color, partikular na ang mga residenteng Black at Latinx, sa karahasan sa komunidad.^{iv} Limitadong hanay ng mga serbisyo lang ang available upang matulungan ang mga survivor ng karahasan sa komunidad, at mas maraming programa sa komunidad ang inilalaan upang paglingkuran ang mga survivor ng mga ganitong uri ng krimen. Sa mahigit 7,000

bagong kasong tinugunan ng San Francisco District Attorney's Office Victim Services Division noong 2020, 41% ng mga biktima ang survivor ng karahasan sa tahanan at pamilya, lihim na pagsubaybay, sekswal na pang-aabuso, o human trafficking, ngunit ang karamihan ay mga biktima ng iba't ibang mararahas na krimen sa komunidad.^{iv} Batay sa isang survey na isinagawa ng parehong tanggapan sa 528 biktima ng krimen noong 2021, 11% ng mga biktima (59) ang nag-ulat na nawalan sila ng tirahan dahil sa krimeng naranasan nila, at 26% (137) ang nag-ulat na kinailangan nilang lumipat dahil sa krimen.^{ivi} Bagama't hindi partikular na tinutukoy ng ulat ang mga uri ng krimen na pinakamadalas na nagdudulot ng kawalan ng tirahan ng mga biktima ito, malinaw na ang ligtas na pabahay ay isang agarang kinakailangan ng lahat ng biktima ng krimen.

Noong kinonsulta tungkol sa kung paano maisasama ang mga bagay na ito sa layunin ng HSH na pahasayin ang mga opsyon sa ligtas na pabahay para sa mga survivor ng karahasan sa tahanan, sekswal na pang-aabuso, at human trafficking, pinag-ugnay ng SHA ang HSH at Ujima – ang Pambansang Network sa Karahasan sa Kababaihan sa Black Community. Isang tagapagkaloob ng pambansang pagsasanay na partikular sa kultura at TA sa ilalim ng Ahensya sa Pag-iwas at Mga Serbisyo sa Karahasan sa Pamilya ng Departamento ng Kalusugan at Mga Serbisyo sa Tao ng U.S. (Family Violence Prevention and Services Agency o FVPSA), tinutugunan ng Ujima ang pagsasama ng karahasan sa kababaihan – kabilang ang karahasan sa komunidad, karahasan sa tahanan, sekswal na pang-aabuso, at human trafficking – at ang hindi pantay na epekto nito sa communities of color, at partikular na sa women of color. Nakipagtulungan ang Ujima sa mga komunidad sa buong U.S. upang palalimin ang pag-unawa nito sa at ang pagtugon nito sa mga survivor ng karahasan sa komunidad sa pamamagitan ng mga sesyon ng pakikinig, outreach sa mga programa sa komunidad, pagtataguyod sa mga gumagawa ng patakaran, at pinaigting na kaalaman sa kultura. Sa pakikipagtulungan sa HSH at SHA, magsasagawa ang Ujima ng climate survey, magpapangasiwa ng mga sesyon ng pakikinig sa komunidad, at maghahatid ng mga pagsasanay at workshop tungkol sa karahasan sa komunidad at racial equity. Kakasangkutan ng mga aktibidad na ito ang mga aktibista sa komunidad, survivor, at mga system ng lungsod at county, upang mas maunawaan ang mga pangangailangan sa ligtas na pabahay ng mga survivor ng karahasan sa komunidad sa San Francisco. Magsisimula ang trabaho ng Ujima sa Enero 2022 at ilalathala ang mga resulta ng mga ito bilang addendum sa ulat na ito.

Pagbuo ng Plano sa Pagpapatupad

Sa pamamagitan ng nagpapatuloy na pakikipag-usap sa Working Group, kawani ng HSH, mga katuwang sa proyekto, mga masinsinang pakikipag-usap sa mga pangunahing stakeholder; pagsusuri ng mga sagot sa survey; at Ulat sa Quantitative Data ng Focus Strategies, nagkaroon kami ng detalyadong larawan ng komunidad na may mga asset na magagamit upang buuin at palakasin ang mga tugon ng sistema sa mga pangangailangan sa ligtas na pabahay ng mga survivor. Narito ang susunod na mangyayari:

- Ipapamahagi ang ulat na ito sa HSH at iba pang kawani ng Lungsod, mga katuwang sa proyekto, mga survivor na lumahok sa mga sesyon ng pakikinig, at mga miyembro ng Working Group.
- Makikipagtulungan ang mga kawani ng HSH sa mga miyembro ng Working Group para sa Ligtas na Pabahay upang mag-present ng mataas na antas ng pangkalahatang ideya ng ulat na ito sa iba pang grupo ng stakeholder at tumanggap ng komento at maghikayat ng pamumuhunan sa pagsusulong ng plano.
- Ilimbitahan ang mga miyembro ng Working Group para sa Ligtas na Pabahay na ipagpatuloy ang kanilang serbisyo sa implantation phase (Enero – Hunyo 2023). Magre-recruit ng mga bagong miyembro upang tiyakin ang balanseng representasyon ng mga survivor, tagapagkaloob ng serbisyo, at kawani ng departamento ng Lungsod, kung saan bibigyan ng orientation at pagsasanay ang mga bagong miyembro sa Enero.
- Ipagpapatuloy ang mga pagpupulong ng Working Group para sa Ligtas na Pabahay sa Pebrero

2023. Makikibahagi ang mga miyembro ng Working Group, kasama ng mga kinatawan ng HSH, mga pangunahing katuwang ng Lungsod* at ng Departamento ng Kalagayan ng Kababaihan, sa pagpapalano ng pagpapatupad sa pamamagitan ng paglahok nsa isa sa aming apat na subcommittee, kung saan ang bawat isa ay kumikilos sa isang subset ng 26 na rekomendasyon.

- Bubuo ang gawa ng subcommittee ng mga plano ng pagkilos na kinabibilangan ng mga layunin, gawain, timeline, at kung paano susubaybayan ang pag-usad at susukatin ang mga resulta.

* Kabilang sa mga halimbawa ang Tanggapan ng Alkalde para sa Pabahay at Pagpapaunlad ng Komunidad (Mayor’s Office of Housing and Community Development o MOHCD), Ahensya sa Pabahay ng San Francisco (San Francisco Housing Authority o SFHA), Pederal na Pangasiwaan ng Pabahat (Federal Housing Administration o FHA), Ahensya ng Mga Serbisyo sa Tao (Human Services Agency o HSA), at Tanggapan ng Pag-iwas sa Sekswal na Panliligalig at Pagtugon sa Pang-aabuso (Office of Sexual Harassment and Assault Response Prevention o SHARP)

Kongklusyon

Ipinapahiwatig ng mga natuklasan mula sa Pagtatasa sa Mga Pangangailangan ng Komunidad ng Ligtas na Pabahay na maraming hamong kakaharapin ang HSH sa pagkamit sa mga layunin nitong matiyak na ang mga survivor ay makakatanggap ng mga serbisyo mula sa System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan (Homelessness Response System o HRS) na naa-access, ligtas, pumuprotekta sa privacy at nagtataguyod ng kalayaang pumili, at na pahusayin ang pakikipagkoordinang Mga Tagapagkaloob ng Serbisyo sa Biktima at System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan. Kasabay nito, may sigla, mga ideya, at ilang positibong pananaw ang mga tao na maaari pang maging mas mahusay ang mga bagay. Ayon nga sa isang stakeholder sa VSP:

“Naniniwala akong malulutas natin ito...mayroong batis ng kaalaman sa komunidad. Nakakatakot sa mga kalye ngayon, at nahaharap tayo sa isang madilim na panahon. Ngunit mahal ng mga tao ang San Francisco at manunumbalik ang ating sigla - ngunit kailangang maging buhay at masigla ang Lungsod para sa LAHAT.”

Mga Sanggunian

- i Family and Youth Services Bureau, Administration on Children, Youth, and Families, U.S. Department of Health and Human Services. <https://www.acf.hhs.gov/fysb/fact-sheet/domestic-violence-and-homelessness-statistics-2016>
- ii Pavao J, Alvarez J, Baumrind N, Induni M, Kimerling R. Intimate partner violence and housing instability. *Am J Prev Med.* 2007 Feb;32(2):143-6. doi: 10.1016/j.amepre.2006.10.008. PMID: 17234488.
- iii National Center for Homelessness & Health Care for the Homeless Clinicians' Network (2003). Social Supports for Homeless Mothers, 14, 26; Inst. for Children & Poverty (2004). The Hidden Migration: Why New York City Shelters are Overflowing with Families; Homes for the Homeless and Inst. for Children & Poverty (1998). Ten Cities 1997-1998: A Snapshot of Family Homelessness Across America, 3.
- iv Polaris (2018). Human Trafficking and Housing & Homelessness. Sa: <https://polarisproject.org/human-trafficking-and-housing-homelessness/>
- v Focus Strategies. (2022) San Francisco Department of Homeless and Supportive Housing Community needs Assessment for Survivors of Violence: Quantitative Analysis.
- vi *ibid*
- vii *ibid*
- viii Focus Strategies. (2022) San Francisco Department of Homeless and Supportive Housing Community needs Assessment for Survivors of Violence: Quantitative Analysis.
- ix *ibid*
- x Conversation with Department on the Status of Women (2021).
- xi City and County of San Francisco Department on the Status of Women (2020). Family Violence Council Report. Sa: <https://sfgov.org/dosw/sites/default/files/FY%202020%20Family%20Violence%20Council%20Report%20FINAL.pdf>
- xii Focus Strategies. (2022) San Francisco Department of Homeless and Supportive Housing Community needs Assessment for Survivors of Violence: Quantitative Analysis.
- xiii *ibid*
- xiv San Francisco Department of Homelessness and Supportive Housing Presentation (2022). Introduction to Coordinated Entry Safe Housing Working Group PowerPoint presentation.
- xv Gena Castro Rodriguez, San Francisco District Attorney's Office Victim Services Division, *2020 Victim Impact Survey Report* (San Francisco, 2021). Sa: <https://sfdistrictattorney.org/wp-content/uploads/2021/04/4.19.21-Victim-Impact-Survey-Report.pdf>
- xvi Family and Youth Services Bureau, Administration on Children, Youth, and Families, U.S. Department of Health and Human Services. <https://www.acf.hhs.gov/fysb/fact-sheet/domestic-violence-and-homelessness-statistics-2016>
- xvii Pavao J, Alvarez J, Baumrind N, Induni M, Kimerling R. Intimate partner violence and housing instability. *Am J Prev Med.* 2007 Feb;32(2):143-6. doi: 10.1016/j.amepre.2006.10.008. PMID: 17234488.
- xviii Aratani, Y., 2009. Homeless Children and Youth, Causes and Consequences. New York, NY: National Center for Children in Poverty.
- xix *Ibid*
- xx National Sexual Violence Resource Center. (2020). Sexual Violence and Housing Infographics. <https://www.nsvrc.org/resource/2595/sexual-violence-housing-infographic>
- xxi Estes. R & Weiner, N. (2011). The Commercial Sexual Exploitation of Children In the U. S., Canada and Mexico. Philadelphia, PA: University of Pennsylvania.
- xxii Polaris (2018). Human Trafficking and Housing & Homelessness. Sa: <https://polarisproject.org/human-trafficking-and-housing-homelessness/>
- xxiii Kushel, MB, Evans JL, Perry S, Robertson MJ, Moss AR. No door to lock: victimization among homeless and marginally housed persons. *Arch Intern Med.* 2003 Nov 10;163(20):2492-9. doi: 10.1001/archinte.163.20.2492. PMID: 14609786.
- xxiv Clough, A., Draughon, J. E., Njie-Carr, V., Rollins, C., & Glass, N. (2014). "Having housing made everything else possible": Affordable, safe and stable housing for women survivors of violence. *Qualitative Social Work*, 13(5), 671-688.
- xxv Joint Center for Housing Studies, Harvard University 2013; National Alliance to End Homelessness, 2015.
- xxvi Olivet, J., Dones, M., Richard, M., Wilkey, C., Yampolskaya, S., Beit-Arie, M. & Joseph, L. (2018). Phase I Study Findings: Supporting Partnerships for Anti-Racist Communities. Center for Social Innovations. <http://center4si.com/wp-content/uploads/2018/03/SPARC-Phase-1-Findings-March-20181.pdf>.
- xxvii Focus Strategies. (2022) San Francisco Department of Homeless and Supportive Housing Community needs Assessment for Survivors of Violence: Quantitative Analysis.

xxviii *ibid*

xxix City and County of San Francisco Department on the Status of Women (2019). Human Trafficking in San Francisco 2017 Data. Sa: https://sfgov.org/dosw/sites/default/files/Human%20Trafficking%20in%20San%20Francisco%20-%202017%20Data%20Report_3.pdf

xxx *ibid*

xxxi City and County of San Francisco Department on the Status of Women (2020). Family Violence Council Report. Sa: <https://sfgov.org/dosw/sites/default/files/FY%202020%20Family%20Violence%20Council%20Report%20FINAL.pdf>

xxxii *ibid*

xxxiii *ibid*

xxxiv Batay sa data mula sa Department on the Status of Women (2020). Family Violence Council Report. Sa: <https://sfgov.org/dosw/sites/default/files/FY%202020%20Family%20Violence%20Council%20Report%20FINAL.pdf>

xxxv *ibid*

xxxvi Focus Strategies. (2022) San Francisco Department of Homeless and Supportive Housing Community needs Assessment for Survivors of Violence: Quantitative Analysis.

xxxvii *ibid*

xxxviii Conversation with Department on the Status of Women (2021).

xxxix Focus Strategies. (2022) San Francisco Department of Homeless and Supportive Housing Community needs Assessment for Survivors of Violence: Quantitative Analysis.

xl City and County of San Francisco Department on the Status of Women (2020). Family Violence Council Report. Sa: <https://sfgov.org/dosw/sites/default/files/FY%202020%20Family%20Violence%20Council%20Report%20FINAL.pdf>

xli Focus Strategies. (2022) San Francisco Department of Homeless and Supportive Housing Community needs Assessment for Survivors of Violence: Quantitative Analysis.

xlii (2022). San Francisco Housing Inventory Count (HIC) [Review of San Francisco Housing Inventory Count (HIC)].

xliiii San Francisco Department of Homelessness and Supportive Housing Presentation (2022). Introduction to Coordinated Entry Safe Housing Working Group PowerPoint presentation.

xliv *ibid*

xlv "San Francisco Coordinated Entry for Homeless Adults: Overview of the Primary Assessment." *San Francisco Department of Homelessness and Supportive Housing*, 2018. <https://hsh.sfgov.org/wp-content/uploads/2018/08/Overview-of-SF-Primary-Assessment-for-Adults-080318.pdf>.

xlvi "San Francisco Coordinated Entry for Homeless Adults: Overview of the Primary Assessment." San Francisco Department of Homelessness and Supportive Housing, 2018. <https://hsh.sfgov.org/wp-content/uploads/2018/08/Overview-of-SF-Primary-Assessment-for-Adults-080318.pdf>.

xlvii "Other Services." *San Francisco Department of Homelessness and Supportive Housing*, 2022, <https://hsh.sfgov.org/services/other-services/>.

xlviii "A New Coordinated Entry: Shifting from a System of Scarcity to Assessing Real Needs." *Coalition on Homelessness*, 2022. <https://www.cohsf.org/a-new-coordinated-entry-shifting-from-a-system-of-scarcity-to-assessing-real-needs/>.

xlix https://www.sfexaminer.com/news/housing/how-much-affordable-housing-does-san-francisco-have-and-is-it/article_17adb582-fd7b-11ec-8d10-1f5a9bc0f2ad.html

i http://www.bayareaconomy.org/wp-content/uploads/2021/03/Income-Inequality_3.10.21.pdf.

ii [https://teleguano.com/blog/language-translation-san-francisco-u-s-cities-spotlight-infographic/#:~:text=Language%20Access%20and%20Language%20Translation%20San%20Francisco&text=34.1%25%20of%20San%20Francisco's%20population,Francisco%20Bay%20Area%20\(2014\).](https://teleguano.com/blog/language-translation-san-francisco-u-s-cities-spotlight-infographic/#:~:text=Language%20Access%20and%20Language%20Translation%20San%20Francisco&text=34.1%25%20of%20San%20Francisco's%20population,Francisco%20Bay%20Area%20(2014).)

iii Focus Strategies. (2022) San Francisco Department of Homeless and Supportive Housing Community needs Assessment for Survivors of Violence: Quantitative Analysis.


iiii U.S. Centers for Disease Control and Prevention, Department of Health and Human Services. (2022). Sa: <https://www.cdc.gov/violenceprevention/communityviolence/index.html#:~:text=Community%20violence%20happens%20between%20unrelated,schools%20and%20on%20the%20streets.>

ilv *ibid*

iv Gena Castro Rodrigues, San Francisco District Attorney's Office Victim Services Division, *End of Year Report 2020*, (San Francisco, 2021). Sa: <https://www.sfdistrictattorney.org/wp-content/uploads/2021/02/End-of-Year-Report-2020-FINAL.pdf> ^{lvi}
Gena Castro Rodriguez, San Francisco District Attorney's Office Victim Services Division, *2020 Victim Impact Survey Report* (San Francisco, 2021). Sa: <https://sfdistrictattorney.org/wp-content/uploads/2021/04/4.19.21-Victim-Impact-Survey-Report.pdf>

Mga Apendise

Apendise A: Proseso ng Mga System sa Nakakoordinang Paglahok (ibinigay ng HSH)



Daloy ng Proseso ng Nakakoordinang Paglahok

ACCESS AT PAUNANG SCREENING	PAGLUTAS SA PROBLEMA	MGA PAGTATASA	PAGSASAPRIYORIDAD	REFERRAL
Pagkonekta sa System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan (Homelessness Response System o HRS)	Resolusyon sa labas ng HRS	Pagiging Kwalipikado para sa Mga Programa	Status ng Referral sa Pabahay Status sa Paglutas sa Problema	Nahanapan ng/Ni-refer sa Oportunidad sa Pabahay
<ul style="list-style-type: none"> • Triage • Paghahanap ng kliyente • Paggawa ng profile, kabilang ang mga miyembro ng sambahayan • Paglalabas ng Impormasyon • Paghahayag sa privacy ng data • Impormasyon sa pakikipag-ugnayan • Impormasyon ng lokasyon • Mga referral sa mapagkukunan 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagtatasa sa Pag-screen para sa Paglutas sa Problema • Mga Serbisyo sa Paglutas sa Problema • Plano sa Resolusyon sa Pabahay • Paglabas sa Programa sa Nakakoordinang Paglahok kapag matagumpay ang paglutas sa problema 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagpapatala sa Programa • Pagtatasa sa Kasalukuyang Sitwasyon sa Pamumuhay (HUD) • Pangunahing Pagtatasa (Pagsasapriyoridad sa Pabahay) <p style="font-size: x-small; background-color: #eee; padding: 5px;">Itinatala ng Mga Access Point ang mga kwalipikadong sambahayar sa Programa sa Nakakoordinang Paglahok. Ang mga hindi kwalipikadong sambahayan ay nire-refer sa mga mapagkukunan sa county kung saan sila nakatira.</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Kumpletuhin ang Pangunahing Pagtatasa (Pagsasapriyoridad sa Pabahay) • Status ng Referral sa Pabahay: ni-refer sa oportunidad sa pabahay • Status sa Paglutas sa Problema: ni-refer sa Paglutas sa Problema • May Itinalagang Navigator sa Pabahay 	<ul style="list-style-type: none"> • Paghahanap ng/referral sa Rapid Rehousing (RRH) o Permanent Supportive Housing (PSH) • Programang RRH o PSH Pagpapatala • Pag-navigate sa Pabahay: aplikasyon, nakahanda na ang dokumento • Panayam para sa Pabahay • Paglipat ng bahay • Paglabas sa Programang Nakakoordinang Paglahok
Maaaring idirekta o tulongan ng iba't ibang madudulugan sa komunidad—HSOC, SFHOT, mga tagapagsulong sa komunidad, mga ahensya ng mga serbisyong panlipunan, kawani ng pulisya at departamento ng sunog—ang mga sambahayan sa pagkonekta sa HRS.	Ang resolusyon sa Paglutas sa Problema ay kapag maaaring manatili ang isang sambahayan sa isang ligtas na indoor na lugar na nakuha mula sa labas ng HRS. Para sa mga detalye, tingnan ang Gabay sa Paglutas sa Problema.			

Appendix B: Mga Tanong para sa Panayam sa Stakeholder

- 1) Panimula: Una, maaari ba ninyong sabihin sa akin ang tungkol sa inyong trabaho/organisasyon at kung paano ito nauugnay sa mga survivor ng Karahasan sa tahanan, sekswal na pang-aabuso, at human trafficking (Domestic violence, sexual assault, and human trafficking o DV/SA/HT) at kanilang mga pangangailangan sa pabahay?
- 2) Mga Pangkalahatang Hamon at Pangangailangang Partikular sa Survivor: Ano sa paniniwala ninyo ang pinakamalalaking hamon para sa mga survivor sa pag-access ng pabahay o shelter sa San Francisco?
 - Kapag nabibigyan ng mga tagapagkaloob ng serbisyo sa Sistema ng Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan ng San Francisco ng shelter o pabahay ang mga survivor (kumpara sa mga tagapagkaloob ng serbisyong partikular sa biktima), sa palagay ba ninyo ay sapat na natutugunan ang kanilang kaligtasan mga pangangailangan sa kaligtasan? (Hal. Nagagawa ba ng mga survivor na maghayag sa isang kumpidensyal na setting, mayroon bang mga ipinapatupad na protocol sa kaligtasan, nagbibigay ba ng mga referral sa mga tagapagkaloob ng serbisyo sa DV/SA/HT, atbp.)
 - Kapag nakikipag-ugnayan sa o nakakatanggap ng mga serbisyo mula sa mga programa sa DV/SA/HT ang mga survivor, sa palagay ba ninyo ay sapat na natutugunan ang kanilang mga pangangailangan sa pabahay? (Bakit o bakit hindi?)
- 3) Mga Marginalized na Komunidad: Pinag-uusapan ngayon sa buong bansa ang tungkol sa mga hindi pagkakapantay-pantay na nararanasan ng mga Black, Indigenous, iba pang people of color, at iba pang komunidad na matagal nang nasa laylayan— kabilang ang sa pabahay.
 - Sa palagay ba ninyo ay tinitingnan ng San Francisco kung paano lumalabas ang mga pagkakaibang ito sa Sistema ng Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan at sa system ng mga serbisyo sa biktima? Ano pa ang dapat gawin?
 - Nakikita ba ninyong naapektuhan ng dati na at kasalukuyang nangyayaring diskriminasyon ang pag-access ng mga survivor na matagal nang nasa laylayan sa ligtas na pabahay at mga mapagkukunan? Sa anong mga paraan?
- 4) Komunikasyon sa System/Programa: Gaano kahusay ang mga pakikipagtulungan at channel sa pakikipag-ugnayan sa pagitan ng system sa pagtugon sa kawalan ng tirahan at mga programa/system ng DV/SA/HT? (Alam ba ng mga ito ang trabaho ng isa't isa? Nagbibigay ba ng mga referral? Nagkakaroon ba ng cross-training? Lumahahok ba sa Pagpapatuloy ng Pangangalaga (Continuum of Care) ang mga programa sa DV/SA/HT?
 - Ano ang mga balakid sa pakikipagtulungan at pakikipag-ugnayan sa iba't ibang system/ahensya? (mga pagsasanay? mga pagpapahalaga? kapasidad? iba pa?)
 - Gaano kayo kakumpiyansang magagawa ng dalawang system na ito na magtulungan upang mas maiangkop ang mga serbisyo upang madagdagan ang mga opsyon ng mga survivor sa ligtas na pabahay sa San Francisco?
- 5) Mga rekomendasyon para sa Pagbabago: Nilalayan ang proyektong ito na tukuyin ang mga balakid sa pag-access sa ligtas at patas sa bawat lahi na serbisyo sa pabahay para sa mga survivor at gumawa ng plano upang tugunan ang mga ito.

- Ano ang pinakagusto ninyong makitang resulta ng prosesong ito? Anong mga pagbabago ang pinakakinakailangan?
 - Ayon sa nalalaman ninyo tungkol sa San Francisco (kabilang ang “katangian” nito, ang pulitika rito, ang kasaysayan nito, atbp.) anong mga potensyal na hadlang o hamon ang dapat nating bantayan sa pagtatangka nating bumuo ng momentum para sa proyektong ito?
- 6) Mga Rekomendasyon para sa Pagkakapantay-pantay: Paano sa palagay ninyo matitiyak ang solusyong pantay-pantay at nakabatay sa komunidad? Paano masasali sa usapan ang mga survivor at hindi mainstream na organisasyon?
- 7) Mga Nagpapatuloy na Kaugnayan: Sa inyong palagay, sino pa ang kailangan naming kausapin?
- 8) Pagwawakas: May iba pa bang bagay na gusto ninyong ipaalam sa amin?

Apendise C: Mga Tanong para sa Session ng Pakikinig sa Survivor

Konteksto: Buod ng kung bakit kami narito at kung bakit

pinapahalagahan namin ang inyong opinyon Panimula: Sino kami at ano

ang ginagawa namin (hindi isang system)

- 1) Isang salitang Pahayag: Maaari ba kayong magbahagi ng isang salitang naglalarawan sa nararamdaman ninyo ngayon at kailan kayo naghahanap ng pabahay o kasalukuyan ba kayong naghahanap pa rin ng pabahay?
- 2) Mga Pangkalahatang Hamon: Anong mga hamon ang nararanasan ninyo kapag naghahanap ng pabahay?
 - Mga pisikal na hamon
 - Mga hamon sa Kalusugan ng Pag-iisip
 - Mga legal na hamon
 - Mga hamon sa pananalapi
 - Mga hamon sa transportasyon
 - Pandidiskrimina
 - Kakulangan ng impormasyon
 - Anupamang hindi nakalista
- 3) Mga Pinagkukunan ng Impormasyon: Sino ang taong una ninyong nilalapitan kapag kailangan ninyo ng pabahay o ng impormasyon tungkol sa mga opsyon sa pabahay?
 - Available ba ang impormasyon sa inyong katutubong wika?
- 4) Mga Balakid sa Pag-access: Kung hindi kayo pumunta sa system para sa tulong, ano ang pumigil sa inyo?
- 5) Mga Kolaborasyon sa Pagitan ng Mga System/Organisasyon
 - 5a) System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan: Nakatanggap ba kayo ng mga serbisyo sa pamamagitan ng system sa pagtugon sa kawalan ng tirahan (mga programa sa tulong sa renta, mga shelter para sa walang tirahan, tagapagkaloob ng serbisyo sa abot-kayang pabahay, pampublikong pabahay, atbp)? Kung oo, kumusta ito? Kung hindi, bakit hindi?
 - 5b) Mga Serbisyo sa Biktima: Nakatanggap ba kayo ng mga serbisyo sa pamamagitan ng Mga Serbisyo sa Biktima (shelter para sa biktima ng karahasan sa tahanan, programa para sa biktima ng sekswal na pang-aabuso, programa para sa biktima ng human trafficking, atbp.)? Kung oo, kumusta ito? Kung hindi, bakit hindi?
- 6) Mga rekomendasyon para sa Pagbabago: Ano ang gusto ninyong baguhin dito? Paano mapapadali para sa mga survivor na mag-access ng ligtas na pabahay; paano dapat gumana ang mga bagay?
- 7) Mga Rekomendasyon para sa Kaligtasan/Pagbibigay-Kakayahan: Ano ang makakapagparamdam sa inyo na mas ligtas at mas may kakayahan kayo sa pagkamit ninyo sa inyong mga layunin sa pabahay?
- 8) Mga Nagpapatuloy na Kaugnayan: Paano namin makakaugnayan ang mga survivor na maaaring hindi nauugnay sa mga organisasyon para sa mga Sesyon sa Pakikinig?
- 9) Pagwawakas: May iba pa bang bagay na gusto ninyong ipaalam sa amin?

Apendise D: Ulat sa Quantitative Data ng Focus Strategies



SAN FRANCISCO DEPARTMENT OF
HOMELESSNESS AND SUPPORTIVE HOUSING

PAGTATASA NG MGA PANGANGAILANGAN NG KOMUNIDAD PARA SA
MGA SURVIVOR NG KARAHASAN: QUANTITATIVE NA PAGSUSURI

03 • 29 • 2022

 (916) 436-1836

 FocusStrategies.net

 340 S Lemon Ave, STE 1815, Walnut, CA 91789



Tinutulungan ng Focus Strategies ang mga komunidad na bawasan ang kawalan ng tirahan sa pamamagitan ng paggamit ng kakayahan ng analytics at pamamaraan sa mga system na naaangkop sa pagkakapantay-pantay upang maghatid ng mga epektibong pagtugon sa mga krisis at palawakin ang mga solusyon sa pabahay. Kasama ng team ng mga ekspertong propesyonal sa iba't ibang larangan, tinutulungan namin ang mga komunidad na itanong ang mga dapat na itanong, bumuo ng mga estratehikong tugon, at magpatupad ng mahuhusay na solusyon.

TALAAN NG MGA NILALAMAN

I.	PANIMULA	1
II.	METODOLOHIYA.....	1
A.	Mga Pinagkunan ng Data at Mga Pamamaraan	1
B.	Terminolohiya.....	3
III.	MGA NATUKLASAN SA PAGSUSURI	4
A.	Mga Survivor ng Karahasan sa San Francisco.....	4
B.	Karahasang Dahil sa Kasarian	7
C.	Human Trafficking	9
D.	Karahasan sa Komunidad	10
E.	Kawalan ng Tirahan at Mga Survivor ng Karahasan	12
F.	Kapasidad ng Mga Mapagkukunang System	14
G.	Hindi Natugunang Pangangailangan	15
IV.	KONGKLUSYON.....	16
	APENDISE A: LISTAHAN NG MGA PINAGKUNAN NG DATA.....	18
A.	Mga Lokal na Pinagkunan ng Data	18
B.	Mga Pambansang Pinagkunan ng Data	19
	APPENDISE B: MGA SERBISYONG IPINAGKALOOB NG SYSTEM SA PAGRESPONDE SA KAWALAN NG TIRAHAN AT MGA TAGAPAGKALOOB NG SERBISYO SA BIKTIMA.....	20



TALAHANAYAN NG MGA TALAHANAYAN

TALAHANAYAN 1. Mga demograpikong katangian ng mga survivor ng karahasan kumpara sa pangkalahatang populasyon sa San Francisco	5
TALAHANAYAN 2. Pagpopondo ng Programa sa Mga Gawad para sa Pagpigil at Interbensyon sa Karahasang Dahil sa Kasarian ayon sa uri ng serbisyo, piskal na taon 2019-20	9
TALAHANAYAN 3. Mararahas na Krimen sa San Francisco, 2019 at 2020.....	10
TALAHANAYAN 4. Mga survivor ng karahasan na nakatala sa mga programa sa pagtugon sa kawalan ng tirahan, piskal na taon 2020-21	13
TALAHANAYAN 5. Porsyento ng mga pagtatasang binigyang-prioridad para sa pabahay ayon sa populasyon at uri ng sambahayan, piskal na taon 2020-21	14



I. PANIMULA

Kinatuwang ng Department of Homelessness and Supportive Housing (HSH) ng San Francisco ang Focus Strategies upang bumuo ng quantitative na pagsusuri ng mga pangangailangan ng mga survivor ng karahasan para sa mga serbisyo at interbensyon sa System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan. Ang ginamit sa quantitative na pagsusuri ay pinagsama-sama at anonymous na data mula sa iba't ibang system at pinagkunan. Ang pagsusuri ay nagsisilbing “pagsasaad ng problema,” na naglalatag sa kung ano ang alam na tungkol sa populasyon at mga pangangailangan ng mga ito batay sa available na data. Pangunahing elemento ito ng Pagtatasa sa Mga Pangangailangan ng Komunidad para sa populasyong ito.

Ang ligtas na pabahay ay isang napakahalagang mapagkukunan para sa mga survivor ng karahasan na umaalis sa mga mapanganib na sitwasyon. Tinutulungan ng pang-emergency na shelter at transisyunal na pabahay ang mga survivor na makaramdam ng kaligtasan sa kabila ng krisis at nagbibigay ang permanenteng pabahay ng pangmatagalang kaligtasan at katiyakan. Noong taglagas ng 2021, nagpasimula ang HSH ng Pagtatasa sa Mga Pangangailangan ng Komunidad para sa mga survivor ng karahasan upang makapangalap ng impormasyon para sa pagbuo ng system ng Nakakoordinang Paglahok na nagbibigay sa mga survivor ng access sa ligtas na pabahay. Pinagtutuunan ng proseso ng pagpapalano ng Nakakoordinang Paglahok ang mga karapatan, boses, at pananaw ng mga survivor sa isang proseso ng pagdisenyong may-pagtutulungan. Ang mga layunin ng Pagtatasa sa Mga Pangangailangan ng Komunidad ay:

- Pahasayin ang access ng mga survivor sa pabahay;
- Paigtingin ang kaligtasan, pagpili, at privacy ng mga survivor sa pagtanggap ng mga serbisyo mula sa System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan; at
- Pahasayin ang koordinasyon sa pagitan ng mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima at ng System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan

Pagsasama-samahin ng Pagtatasa sa Mga Pangangailangan ng Komunidad mula sa mga panayam sa mga pangunahing stakeholder, sesyon ng pakikinig sa survivor, workgroup ng ligtas na pabahay, survey ng tagapagkaloob ng serbisyo, at quantitative na pagsusuri. Ang mga rekomendasyon mula sa Pagtatasa sa Mga Pangangailangan ng Komunidad ang gagabay sa mga susunod na hakbang sa pag-update ng mga pamantayan ng Nakakoordinang Paglahok, pagbuo ng mga protocol sa privacy ng data ng information system sa pamamahala ng mga walang tirahan (Homeless Management Information System o HMIS) para sa mga survivor, at pagdisento ng mga proseso ng referral para sa mga survivor sa System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan.

II. METODOLOHIYA

A. Mga Pinagkunan ng Data at Mga Pamamaraan

Pinagsama-sama at sinuri ng Focus Strategies ang mga available na dokumento, ulat, at dataset upang kunin ang data tungkol sa karahasang batay sa kasarian, human trafficking, at karanasan sa komunidad. Pinagbatayan namin ang lokal na data hangga't maaari, at gumamit kami ng data ng estado at ng bansa sa pagsusuri kapag naaangkop. Ang lahat ng data ay pauna nang pinagsama-sama at ginawang anonymous upang to protektahan ang privacy at kaligtasan ng mga survivor.

Kasama sa mga lokal na pinagkunan ng data ang mga ulat na inilathala ng Departamento ng Kalagayan ng Kababaihan ng San Francisco, data na inilathala ng Departamento ng Pulisya ng San Francisco at ng Departamento ng Hustisya ng California, mga ulat na inilathala ng HSH, data mula sa 3-1-1 customer service center ng San Francisco, pati na tin data na ibinigay ng mga lokal na tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima. Kasama sa mga pambansang pinagkunan ng data ang data at mga ulat mula sa National Criminal Victimization Survey, mga ulat mula sa Mga Sentro ng Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit, mga ulat mula sa Pambansang Hotline para sa Human Trafficking, at data mula sa American Community Survey.

Dagdag pa rito, nagbigay ang HSH ng pauna nang pinagsama-samang data mula sa ONE system (ang information system sa pamamahala ng mga walang tirahan ng San Francisco) upang bigyang-daan ang pagsusuri ng bilang ng mga survivor sa System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan. Itinuon ang custom na kahilingan sa data sa sinumang nag-ulat na nakakaranas sila ng karahasan sa tahanan, na isang kinakailangang elemento ng data na kinokolekta sa proseso ng pagpapatala sa programa.¹ Malawak ang pagpapakahulugan ng Departamento ng Pabahay at Kalunsurang Pag-unlad ng U.S. sa elemento ng data na ito kung saan kabilang ang “karahasan sa tahanan, karahasan sa dating, sekswal na pang-aabuso, lihim na pagsubaybay o iba pang mapanganib o nakamamatay na kundisyong nauugnay sa karahasan sa indibidwal o miyembro ng pamilya.”² Gayunpaman, sa ONE system ng San Francisco, ang kinakailangang tanong na ito ay binabanggit bilang “biktima/survivor ng karahasan sa tahanan.” Ang makitid na pagtawag dito ay maaaring magresulta sa hindi pag-uulat ng tamang bilang ng mga survivor sa System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan. Para sa karagdagang pagsusuri, nagsama rin kami ng mga taong nag-ulat na ipinagpalit nila ang pakikipagtalik para sa lugar na matutuluyan sa nakalipas na 12 buwan, na tinatanong sa pagtatasa sa Nakakoordinang Paglahok.

Dahil paunang pinagsama-sama ang lahat ng data na ginamit sa ulat na ito, hindi na maaalis ang umuulit na data kung nag-access ng maraming serbisyo ang mga survivor. Nakabatay ang aming mga pagsusuri sa maraming pinagkunan ng data upang makabuo ng pagtantya ng mga pangangailangan sa serbisyo at kapasidad ng mga tagapagkaloob ng serbisyo.

¹ Malaking populasyon ang sinasaklaw ng elemento ng data na ito, kabilang dito ang mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan dahil tumatakas sila sa karahasan sa tahanan pati na ang mga survivor ng karahasan sa tahanan na nakakaranas ng kawalan ng tirahan dahil sa iba pang dahilan.

² U.S. Department of Housing and Urban Development, *FY 2022 HMIS Data Standards (Manual), Development Version 1.3*, (Washington, D.C., December 2021), 144, <https://files.hudexchange.info/resources/documents/FY-2022-HMIS-Data-Standards-Manual.pdf>



B. Terminolohiya

Kabilang sa saklaw ng pagsusuring ito ang mga survivor ng maraming uri ng karahasan. Nag-o-verlap ang karahasang batay sa kasarian, human trafficking, at karahasan sa komunidad, at maaaring makaranas ang mga survivor ng maraming uri ng karahasan. Inilalarawan namin sa ibaba ang terminolohiyang ginamit sa kabuuan ng ulat na ito. Sa ilang sitwasyon, data tungkol sa mga partikular na uri ng karahasan lang ang kinolekta, kaya gumagamit kami ng mas partikular na wika kapag naaangkop.

- Ginagamit namin ang salitang *karahasang dahil sa kasarian* upang tukuyin ang karahasan sa tahanan, karahasan ng kapareha, karahasan sa pamilya, sekswal na karahasan, sekswal na pang-aabuso, at lihim na pagsubaybay.
- Ginagamit namin ang salitang *human trafficking* upang ilarawan ang “pamumuwersa, panloloko, o pamimilit na magtrabaho o magsagawa ng mga pangkomersyong pakikipagtalik”³ o pangkomersyong pakikipagtalik ng mga taong wala pang 18 taon.
- Ginagamit namin ang salitang *karahasan sa komunidad* upang tukuyin ang “exposure sa mga sinasadyang interpersonal na karahasang isinagawa sa mga pampublikong lugar ng mga taong hindi malapit na nauugnay sa biktima.”⁴
- Ginagamit namin ang terminong *mga survivor* para tukuyin ang mga taong nakaranas ng alinman sa mga ganitong uri ng karahasan.

Makaka-access ang mga survivor ng karahasan ng iba't ibang serbisyo mula sa maraming system. Tinutukoy namin sa ibaba ang ilang mahalagang terminong nauugnay sa serbisyo na ginamit sa kabuuan ng ulat na ito.

- Inilalarawan ng *System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan* ang system ng pangangalaga at pagtataguyod na ibinigay ng HSH at mga nonprofit na katuwang nito para sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan o nanganganib na mawalan ng tirahan. Kabilang sa mga serbisyong ito ang Outreach, Paglutas sa Problema, Nakakoordinang Paglahok, Pansamantalang Shelter, Pabahay, at Housing Ladder.⁵
- *Ang Nakakoordinang Paglahok* ay ang pangunahing entry point sa System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan. Nagbibigay ito ng pagtatasang may iisang pamantayan na nagtutugma sa mga sambahayang nangangailangan sa

³ “What Is Human Trafficking?” Blue Campaign, Department of Homeland Security, na-access noong Enero 18, 2022, <https://www.dhs.gov/blue-campaign/what-human-trafficking>.

⁴ “What Is Community Violence?” Ujima: The National Center on Violence Against Women in the Black Community, na-access noong Enero 18, 2022, <https://ujimacommunity.org/community-violence/>.

⁵ “Homelessness Response System,” Department of Homelessness and Supportive Housing, City, and County of San Francisco, na-access noong 3/21/2022, <https://hsh.sfgov.org/homelessness-response-system/>.



mga pinakanaaangkop na available na mapagkukunan. Ang proseso ng Nakakoordinang Paglahok ay binubuo ng apat na bahagi: access, pagtatasa, pagbibigay-prioridad, at referral.⁶

- Ang mga terminong *mga serbisyo sa biktima* at *mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima* ay karaniwang ginagamit sa mga system para sa karahasan sa tahanan at mga legal na system upang tukuyin ang mga serbisyo para sa mga survivor at ang mga organisasyong nagbibigay ng mga serbisyong iyon, ayon sa pagkakasunod-sunod. Ginagamit namin ang terminong ito upang ilarawan ang mga serbisyong idinisenyo para sa at partikular na nakatuon sa mga survivor ng karahasan.

III. MGA NATUKLASAN SA PAGSUSURI

A. Mga Survivor ng Karahasan sa San Francisco

Libo-libong tao ang nakakaranas ng karahasan sa San Francisco taon-taon, na nakakaapekto sa mga tao sa lahat ng demograpiko at pagkakakilanlan. Gayunpaman, ang mga tao mula sa ilang demograpikong grupo ay mas malamang na nakakaranas ng karahasan kumpara sa iba. Sa Talahanayan 1 ipinapakita namin ang mga demograpiko ng mga survivor ng karahasang batay sa kasarian na nag-access ng mga serbisyo sa biktima,⁷ survivor ng human trafficking,⁸ survivor ng karahasan sa komunidad,⁹ at survivor ng karahasan sa tahanan sa System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan¹⁰ kumpara sa pangkalahatang populasyon ng San Francisco.¹¹ Napakaraming babae sa mga survivor ng karahasang batay sa kasarian at human trafficking kumpara sa pangkalahatang populasyon ng San Francisco. Dagdag pa rito, napakarami sa mga survivor ng karahasang batay sa kasarian at human trafficking ang transgender.¹²

⁶ "Department of Homelessness and Supportive Housing, City and County of San Francisco, *Five-Year Strategic Framework*, (San Francisco, October 2017), <https://hsh.sfgov.org/about/research-and-reports/strategic-planning/>.

⁷ Department on the Status of Women, City and County of San Francisco, *Gender-Based Violence Prevention and Intervention Grants Program FY 2019-2020 Program Highlights* (San Francisco, 2020), 2, <https://sfgov.org/dosw/sites/default/files/FY%2019-20%20GBV%20Report%20-%20Updated%202.18.21%20%281%29.pdf>.

⁸ Department on the Status of Women, City and County of San Francisco, *Human Trafficking in San Francisco 2017 Data* (San Francisco, 2019), https://sfgov.org/dosw/sites/default/files/Human%20Trafficking%20in%20San%20Francisco%20-%202017%20Data%20Report_3.pdf.

⁹ San Francisco Police Department, *SFPD Quarterly Activity & Data Report, 2020 Quarter 4 Report, Crime Victim Data Reporting* (San Francisco, 2021), <https://www.sanfranciscopolice.org/sites/default/files/2021-02/SFPD.QADRQ4VictimData.20210217.pdf>

¹⁰ Pagsusuri ng may-akda sa custom na kahilingan sa data mula sa ONE system ng San Francisco

¹¹ U.S. Census Bureau, *2019 American Community Survey 1-Year Estimates, San Francisco city, California*, <https://data.census.gov/cedsci>

¹² Ang mga pagtatantya ng populasyon ng transgender ay hindi available mula sa U.S. Census Bureau. Gayunpaman, tinatantya sa mga kamakailang pag-aaral na mayroong humigit-kumulang 800 transmen at 1,000 transwomen sa San Francisco, na kumakatawan sa 0.2% ng kabuuang populasyon. Tingnan ang mga sumusunod na pag-aaral para sa higit pang detalye: McFarland, Willi, Erin Wilson, and H. Fisher Raymond, "How many transgender men are there in San Francisco?" *Journal of Urban Health* 95, no. 1 (2018), 129-133; Wesson, Paul, Redha F. Qabazard, Erin C. Wilson, Willi McFarland, and H. Fisher Raymond, "Estimating the population size of transgender women in San Francisco using multiple methods, 2013," *International Journal of Transgenderism* 19, no. 1 (2018), 107-112.



TALAHANAYAN 1: Mga demograpikong katangian ng mga survivor ng karahasan kumpara sa pangkalahatang populasyon sa San Francisco

Katangian	Mga Survivor ng Karahasan Dahil sa Kasarian		Mga Survivor ng Human Trafficking		Mga Survivor ng Karahasan sa Komunidad		Mga Survivor sa System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan		Pangkalahatang Populasyon ng San Francisco	
	Pagtantya	Porsyento	Bilang	Porsyento	Bilang	Porsyento	Bilang	Porsyento	Pagtantya	Porsyento
Kabuuan	19,600	100%	673	100%	8,151	100%	4,966	100%	881,549	100%
Kasarian										
Babae	13,900	71%	460	68%	2,765	34%	2,728	55%	434,133	49%
Lalaki	3,900	20%	136	20%	4,295	53%	2,026	41%	447,416	51%
Transgender	1,800	9%	21	3%	-	-	131	3%	-	-
Iba Pang Kasarian	-	-	14	2%	1,042	13%	55	1%	-	-
Hindi iniulat	-	-	42	6%	49	1%	26	1%	-	-
Sekswal na oryentasyon										
LGBQQ+	3,700	19%	84	12%	-	-	853	17%	-	-
Lahi at etnisidad										
Asian o Pacific Islander	3,700	19%	72	11%	1,256	15%	277	6%	307,649	35%
Black	2,900	15%	214	34%	1,442	18%	1,948	39%	48,225	6%
Latina/o/x	3,900	20%	127	20%	1,979	24%	1,209	24%	134,309	15%
Middle Eastern	200	1%	12	2%	-	-	-	-	-	-
Native American	200	1%	10	2%	55	1%	239	5%	3,568	<1%
White	2,200	11%	119	19%	1,987	24%	1,869	38%	398,662	45%
Iba Pang Lahi	4,300	22%	30	5%	1,095	13%	285	6%	50,124	6%
Hindi iniulat	2,200	11%	45	7%	337	4%	408	8%	-	-
Edad										
0-17	3,900	20%	155	23%	529	6%	19	<1%	118,246	13%
18-24	2,400	12%	316	47%	6,474	79%	726	15%	62,024	7%
25-64	12,500	64%	202	30%			4,051	82%	559,815	64%
65+	800	4%					223	4%	141,464	16%



Katangian	Mga Survivor ng Karahasan Dahil sa Kasarian		Mga Survivor ng Human Trafficking		Mga Survivor ng Karahasan sa Komunidad		Mga Survivor sa System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan		Pangkalahatang Populasyon ng San Francisco	
	Pagtantya	Porsyento	Bilang	Porsyento	Bilang	Porsyento	Bilang	Porsyento	Pagtantya	Porsyento
Hindi iniulat	-	-	3	<1%	1,148	14%	-	-	-	-
Wika										
Ingles	16,700	85%	505	75%	-	-	-	-	-	89%
Espanyol	1,500	8%	66	10%	-	-	-	-	-	2%
Mga wika sa Asia at Pacific Islands	1,100	5%	44	7%	-	-	-	-	-	8%
Iba pang wika	400	2%	9	1%	-	-	-	-	-	1%

Tandaan: Hindi available ang data para sa mga parehong hanay ng petsa, kung kaya ang pinakamakailang data na available ang ginamit. Ang mga sumusunod ang mga hanay ng petsa para sa bawat populasyon: Mga Survivor ng Karahasan Dahil sa Kasarian – piskal na taon 2019-20

Mga Survivor ng Human Trafficking – taon sa kalendaryo 2017

Mga Survivor ng Karahasan sa Komunidad – taon sa kalendaryo

2020 Mga Survivor sa System sa Pagtugon sa Mga Walang

Tirahan – piskal na taon 2020-21

Pangkalahatang Populasyon ng San Francisco – tinatayang populasyon sa 2019



Sa pangkalahatan, ang mga Black, Indigenous, at iba pang people of color ay mas malamang na makaranas ng karahasan kaysa sa mga white. Napakarami ng mga Black at Latina/o/x sa mga survivor ng karahasan, habang proporsiyonal naman na bihirang makaranas ng karahasan ang mga Asian. Nakakaranas ng karahasan ang mga tao mula sa kahit na anong edad, kung saan napakarami ng bilang ng mga menor de edad na wala pang 18 at mga kabataang 18 hanggang 24 na taong gulang na nakakaranas ng karahasang batay sa kasarian at human trafficking. Mas detalyado nating tatalakayin ang mga populasyong ito sa ibaba.

B. Karahasan Dahil sa Kasarian

Noong 2020, nagkaroon ng tinatayang 860,000 insidente ng karahasan ng romantikong kapareha o karahasan sa pamilya at tinatayang 320,000 sekswal na pag-atake sa United States.¹³ Sa California, tinatayang 35% ng mga babae at 31% ng mga lalaki ang makakaranas ng karahasang batay sa kasarian sa kanilang buong buhay.¹⁴ Para sa buong bansa, ipinahiwatig ng data na 41% ng mga survivor ang nag-ulat sa pulisya ng karahasan ng romantikong kapareha o karahasan sa pamilya habang 23% naman ang nag-ulat ng mga sekswal na pag-atake sa pulisya.¹⁵ Dagdag pa rito, hindi nakakatanggap ang karamihan sa mga survivor ng tulong mula sa mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima, at 18% lang ng mga survivor ng karahasan ng romantikong kapareha o karahasan sa pamilya at 23% lang ng mga survivor ng sekswal na pag-atake ang nag-ulat na nakatanggap sila ng tulong.¹⁶

Sa piskal na taon na 2019-20, ipinahiwatig ng data na mahigit 19,000 survivor ng karahasang nakabatay sa kasarian ang naka-access ng mga serbisyo sa biktima sa San Francisco.¹⁷ Ang karamihan sa mga survivor na nag-a-access ng mga serbisyo sa biktima ay babae (71%). Napakarami ng mga Black, Latina/o/x, at taong natukoy na may mahigit sa isang lahi sa mga survivor kumpara sa pangkalahatang populasyon ng San Francisco.¹⁸ Labinlimang porsyento ng mga survivor na nag-a-access ng mga serbisyo ay mga Black kumpara sa 6% sa pangkalahatang populasyon, at 20% ng mga survivor ay Latina/o/x kumpara sa 15% sa pangkalahatang populasyon. Binubuo ng mga taong natukoy na may mahigit sa isang lahi ang 22% ng mga survivor kumpara sa 6% sa pangkalahatang populasyon (bagama't ang pagkakaibang ito ay maaaring resulta ng magkakaibang pamantayan sa data).

¹³ Rachel E. Morgan and Alexandra Thompson, *Criminal Victimization, 2020*, (2021), 2, <https://bjs.ojp.gov/library/publications/criminal-victimization-2020>.

¹⁴ Sharon G. Smith, Kathleen C. Basile, Leah K. Gilbert, Melissa T. Merrick, Nimesh Patel, Margie Walling, and Anurag Jain, "National intimate partner and sexual violence survey (NISVS): 2010-2012 state report," (2017), <https://www.cdc.gov/violenceprevention/pdf/nisvs-staterreportbook.pdf>.

¹⁵ U.S. Department of Justice, *Criminal Victimization, 2020*, 7.

¹⁶ U.S. Department of Justice, *National Crime Victimization Survey, Personal Victimization 2019*, distributed by the Bureau of Justice Statistics, <https://bjs.ojp.gov/data-collection/ncvs> [pagsusuri ng may-akda]

¹⁷ Department on the Status of Women, *GBV Grants Program Highlights*, 2.

¹⁸ U.S. Census Bureau, *American Community Survey*



Sa San Francisco, kabilang sa maraming serbisyo na available sa mga survivor ng karahasang batay sa kasarian ang mga linya para sa krisis, pang-emergency na shelter, pabahay, mga serbisyo sa interbensyon at adbokasiya, at mga legal na serbisyo. Sa piskal na taon 2019-20, nakatanggap ang mga linya para sa krisis ng mahigit sa 150,000 pagtatanong at nakapagserbisyo ito sa mahigit 18,000 survivor at iba pang indibidwal na humihiling ng impormasyon at mga referral.¹⁹ Sa mga iyon, nagbigay ang mga linya sa krisis ng suporta sa tinatayang 1,600 survivor na may krisis.²⁰ Sa parehong yugto ng panahon, nakatanggap ang Department of Emergency Management²¹ ng 7,241 tawag sa 9-1-1 na nauugnay sa karahasan sa tahanan.²² Rumesponde ang Departamento ng Pulisya sa 3,379 na insidente, na nagresulta sa 1,840 pag-aresto at 2,255 kaso na inimestigahan ng espesyal na unit para sa mga biktima.²³ Dagdag pa rito, nagkaroon ang 3-1-1 ng halos 500 hit sa website na nauugnay sa mga madudulugan para sa karahasan sa tahanan.²⁴ Ang mga linya para sa krisis, Departamento ng Pulisya, at 3-1-1 ay nagsilbing mahahalagang entry point sa mga serbisyo para sa mga survivor ng karahasang batay sa kasarian. Sa piskal na taon 2019-20, tinatayang 900 survivor at kanilang mga anak ang naserbisuhan ng mga programa sa pang-emergency na shelter at pabahay para sa mga survivor, kung saan 60% ang namalagi sa mga pang-emergency na shelter at 40% ang namalagi sa mga programa sa transisyonal o permanenteng pabahay.²⁵ Labis na paiba-iba ang mga haba ng pamamalagi sa mga programa sa pang-emergency na shelter at pabahay at nakabatay ito sa parehong mga modelo ng programa at pangangailangan ng mga survivor. Magkakaiba ang mga haba ng pamamalagi sa pang-emergency na shelter mula sa ilang araw hanggang sa maraming buwan habang sinisikap ng shelter na maikonekta ang mga survivor sa mga karagdagang opsyon sa ligtas na pabahay. Magkakaiba ang mga haba ng pamamalagi sa transisyonal na pabahay mula sa ilang buwan hanggang sa maraming taon. Ang mga survivor na hindi kwalipikado para sa iba pang opsyon sa pabahay, gaya ng mga imigranteng walang dokumento, ay maaaring mamalagi sa ilang programa sa transisyonal na pabahay sa loob ng walang tiyak na panahon. Ang isang programa sa permanenteng pabahay na nakalaan sa pagseserbisyo sa mga survivor ng karahasang batay sa kasarian, ay may average na haba ng pamamalagi na halos 10 taon.²⁶

Mahigit sa 17,000 survivor ang nakatanggap ng mga suportang serbisyo mula sa mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima sa piskal na taon 2019-20.²⁷ Nakatanggap ang mga survivor ng mga serbisyo sa interbensyon at adbokasiya, na bumuo sa mahigit 20,000

¹⁹ Department on the Status of Women, *GBV Grants Program Highlights*, 1.

²⁰ Department on the Status of Women, *GBV Grants Program Highlights*, 1 at Department on the Status of Women, Lungsod at County ng San Francisco, *Gender-Based Violence Intervention and Prevention Grants Program 3-Year Review* (San Francisco, 2021), 6, https://sfgov.org/dosw/sites/default/files/GBV%203-Year%20Report_Final_0.pdf.

²¹ Kumuha ang Department of Emergency Management ng mga dispatcher para sa pang-emergency na linya ng telepono na 9-1-1 bukod sa iba pang aktibidad sa pamamahala at pagpapalano ng emergency.

²² Department on the Status of Women, Lungsod at County ng San Francisco, *Family Violence Council Report, Hulyo 01, 2019 – Hunyo 30, 2020* (San Francisco, 2021), 67.

²³ Department on the Status of Women, *Family Violence*, 72.

²⁴ Pagsusuri ng may-akda sa custom na kahilingan sa data mula sa system ng 311 ng San Francisco.

²⁵ Pagsusuri ng may-akda sa data na ibinigay ng mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima at mula sa Department on the Status of Women, *Family Violence*, 83.

²⁶ Pagsusuri ng mga may-akda sa data na ibinigay ng tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima.

²⁷ Pagsusuri ng mga may-akda sa data na mula sa Department on the Status of Women, *GBV Grants Program Highlights* at Department on the Status of Women, *GBV 3-Year Review*.



oras ng pamamahala sa kaso at 12,000 oras ng pagpapayo. Dagdag pa rito, nakatanggap ang mga survivor ng 13,000 oras ng mga legal na serbisyo upang tulungan silang malaman ang mga kumplikadong legal na isyu.

Ang Programa sa Mga Gawad para sa Pagpigil at Interbensyon sa Karahasang Batay sa Kasarian ang pangunahing tagapagpondo ng mga serbisyo sa biktima para sa mga survivor ng karahasang batay sa kasarian sa San Francisco. Ang pinakamalaking bahagi ng pondong ito ay napupunta sa pang-emergency na shelter at pabahay para sa mga survivor (29%), at 17% ang inilaan sa pang-emergency na shelter at 12% ang inilaan sa transisyonal at permanenteng pabahay.²⁸ Nagbibigay ang Talahanayan 2 ng buod ng mga serbisyong pinondohan sa piskal na taon 2019-20.

TALAHANAYAN 2: Pagpopondo ng Programa sa Mga Gawad para sa Pagpigil at Interbensyon sa Karahasang Dahil sa Kasarian ayon sa uri ng serbisyo, piskal na taon 2019-20

Uri ng Serbisyo	Halaga ng Pagpopondo	Porsyento
Linya para sa krisis	\$ 642,500	7%
Pang-emergency na shelter	\$ 1,473,303	17%
Transisyonal at permanenteng pabahay	\$ 989,728	12%
Interbensyon at adbokasiya	\$ 2,252,884	26%
Mga legal na serbisyo	\$ 1,555,909	18%
Pagpigil, edukasyon at pagsasanay	\$ 1,670,444	19%
Kabuuan	\$ 8,584,767	100%

c. Human Trafficking

Ayon sa data mula sa Pambansang Hotline ng Human Trafficking ng U.S., mahigit 16,000 survivor ng human trafficking ang tumawag sa hotline sa buong bansa noong 2020.²⁹ Hindi alam ang kabuuang bilang ng mga taong nabiktima ng trafficking. Sa mga sitwasyon ng trafficking kung saan batid ang ugnayan sa recruitment, 31% ng mga survivor ang ni-recruit ng kapamilya o tagapag-alaga. Halos 70% ng trafficking ang para sa pakikipagtalik. Ang pagkakaroon ng hindi maayos na tahanan ang pangunahing salik ng panganib para sa parehong sex trafficking at labor trafficking.

Sa San Francisco, isinaad ng data na inilathala ng Task Force sa Anti-Human Trafficking ng Alkalde na 673 survivor ng human trafficking ang naserbisyuhan noong 2017.³⁰ Sa mga naserbisyuhang iyon, 70% ng mga survivor ang wala pang 25 taong gulang, 71% ang mga babae (cisgender man o transgender),

²⁸ Department on the Status of Women, *GBV Grants Program Highlights*, 1.

²⁹ "Human Trafficking Trends in 2020," Pagsusuri ng 2020 National Human Trafficking Hotline Data, Polaris, na-access noong Enero 18, 2022, <https://polarisproject.org/2020-us-national-human-trafficking-hotline-statistics/>. ³⁰ Department on the Status of Women, *Human Trafficking*, 3.



at 70% ang people of color.³¹ Napakaraming woman of color sa mga survivor ng human trafficking, na bumubuo sa mayorya ng mga survivor sa 51%.³²

Noong 2017, na-access ng mga survivor ng human trafficking ang iba't ibang serbisyo mula sa 18 iba't ibang ahensya. Nakatanggap ang mga menor de edad na wala pang 18 taong gulang ng mga serbisyong halos dalawang beses ang dami na gaya sa mga nasa hustong gulang (4.6 serbisyo sa bawat menor de edad kumpara sa 2.8 para sa mga kabataang 18 hanggang 24 na taong gulang at 2.6 para sa mga nasa hustong gulang na lampas 25 taong gulang).³³ Ang pamamahala sa kaso ang pinakakaraniwang serbisyong ibinigay sa mga survivor, na sinusundan ng edukasyon at pagsasanay, mga grupo ng suporta, legal na tulong, at tulong sa pagkain.³⁴

D. Karahasan sa Komunidad

Naaapektuhan ng karahasan sa komunidad ang milyon-milyong tao sa United States bawat taon.³⁵ Noong 2020, may tinatayang 1.9 milyong insidente ng karahasan ang isinagawa ng mga estranghero sa United States.³⁶ Sa mga insidenteng ito, 44% lang ang naiulat sa pulisya.³⁷ Ayon sa mga istatistika ng uniform crime reporting, may 4,922 marahasa na krimen sa San Francisco noong 2020, na bumaba nang 19% mula sa nakaraang taon.³⁸ Naaayon ito sa mas malawak na trend: bumaba ang naiulat na marahas na krimen sa San Francisco bawat taon simula noong 2014 maliban sa bahagyang pagtaas noong 2017. Ipinapakita namin ang buod ng mararahas na krimen noong 2019 at 2020 sa Talahanayan 3. Isinasaad ng data na inilathala sa Mga Scorecard ng Performance ng Lungsod ng San Francisco na bumabang muli ang marahas na krimen noong 2021 sa 4,384 na krimen.³⁹

Bagama't nakitaan ang San Francisco ng tuloy-tuloy na pagbaba sa mga naiulat na marahas na krimen, nakatuon ang karahasan sa mga lugar kung saan mas maraming Black at Latina/o/x na residente ang apektado. Ang apat na distrito ng pulisya na may pinakamalaking bilang ng mga naiulat na marahas na krimen — Bayview, Ingleside, Mission, at Tenderloin — ay nagkaroon din ng pinakamatataas na proporsyon ng

³¹ Department on the Status of Women, *Human Trafficking*, 24-28.

³² Department on the Status of Women, *Human Trafficking*, 27.

³³ Department on the Status of Women, *Human Trafficking*, 71.

³⁴ Department on the Status of Women, *Human Trafficking*, 71.

³⁵ "Community Violence Prevention," National Center for Injury Prevention and Control, Centers for Disease Control and Prevention, huling binago noong Oktubre 18, 2021, <https://www.cdc.gov/violenceprevention/communityviolence/index.html>.

³⁶ U.S. Department of Justice, *Criminal Victimization*, 2020, 2.

³⁷ U.S. Department of Justice, *Criminal Victimization*, 2020, 7.

³⁸ "Crimes & Clearances," Open Justice, California Department of Justice, na-access noong Enero 18, 2022, <https://openjustice.doj.ca.gov/exploration/crime-statistics/crimes-clearances> [custom query for San Francisco County, 2020]. Tandaang hindi iniulat bilang mararahas na krimen sa mga istatistika ng Uniform Crime Reporting ang mga (simpleng) pag-atake kung saan walang armas na ginamit o hindi nagresulta sa seryosong pinsala.

³⁹ "Violent Crime Rate and Property Crime Rate," Mga Scorecard ng Performance ng Lungsod, Lungsod at County ng San Francisco, na-access noong Enero 18, 2022, <https://sfgov.org/scorecards/public-safety/violent-crime-rate-and-property-crime-rate>.



mga Black o Latina/o/x na biktima noong 2020. Sa mga distrito ng Bayview at Tenderloin, 34% at 25% ng mga biktima, ayon sa pagkakasunod-sunod, ang Black kumpara sa 18% sa buong lungsod. Gayundin, sa mga distrito ng Mission at Ingleside, 43% at 33% ng mga biktima, ayon sa pagkakasunod-sunod, ang Latina/o/x kumpara sa 24% sa buong lungsod.⁴⁰

TALAHANAYAN 3: Mararahas na Krimen sa San Francisco, 2019 at 2020⁴¹

Marahas na Krimen	2019	2020	Porsyen to ng Pagbabago
Pagpatay	40	49	23%
Panggagahasa	330	202	-39%
Pagnanakaw	3,173	2,490	-22%
Aggravated Assault	2,549	2,181	-14%
Kabuuan	6,092	4,922	-19%

Maraming iba't ibang serbisyong available sa mga survivor ng karahasan sa komunidad, at mahalagang tungkulin ang ginagampanan ng Dibisyon ng Mga Serbisyo sa Biktima ng Tanggapan ng Abogado ng Distrito ng San Francisco sa pagsuporta sa mga survivor. Ang Tanggapan ng Abogado ng Distrito ay nagbibigay ng suporta sa krisis sa mga survivor, tumutulong sa kanilang malaman ang mga legal na proseso ng system para sa krimen, tumutulong sa kanila sa pag-apply para sa mga karapatan sa pagbabayad-pinsala at pinansyal na karapatan, at nagbibigay sa kanila ng mga referral sa iba pang serbisyo.⁴² Noong 2020, nagbigay din ang Tanggapan ng Abogado ng Distrito ng \$333,693 na gawad na nagpopondo sa mga organisasyon sa komunidad upang maserbisuhan ang mga survivor.⁴³ Kabilang sa mga pinopondohang serbisyo ang suporta sa krisis, mga klinikal na serbisyo sa kalusugan ng isip, mga grupo ng suporta, peer counseling, pamamahala ng kaso, at suporta sa paghahanap ng permanenteng pabahay.

May malawakang magkakaibang epekto ang karahasan sa komunidad. Sa kamakailang survey na isinagawa ng Tanggapan ng Abogado ng Distrito tungkol sa mga epekto ng krimen sa mga survivor, 68% ang nag-ulat ng lumubhang kalusugan sa isip at 32% ang nag-ulat ng mga pangmatagalang problema sa kalusugan ng katawan. Dagdag pa rito, 11% ang nawalan ng kanilang tirahan at 26% ang napilitang lumipat dahil sa mga krimen.⁴⁴ Ang mga miyembro ng komunidad

⁴⁰ Pagsusuri ng may-akda sa data mula sa San Francisco Police Department, *Crime Victim Data*, 44-74.

⁴¹ California Department of Justice, "Crimes & Clearances."

⁴² Gena Castro Rodriguez, San Francisco District Attorney's Office Victim Services Division, *2020 Victim Impact Survey Report* (San Francisco, Abril 2021), 7, <https://sfdistrictattorney.org/wp-content/uploads/2021/04/4.19.21-Victim-Impact-Survey-Report.pdf>.

⁴³ Gena Castro Rodriguez, San Francisco District Attorney's Office Victim Services Division, *End of Year Report 2020*, (San Francisco, Pebrero 2021), 21, <https://www.sfdistrictattorney.org/wp-content/uploads/2021/02/End-of-Year-Report-2020-FINAL.pdf>.

⁴⁴ Castro Rodriguez, *Victim Impact*, 17.



na hindi mga direktang biktima ng marahas na krimen ay nagdurusa rin sa mga epekto ng karahasan sa kanilang mga komunidad. Ang karahasan sa komunidad ay maaaring magdulot ng mga problema sa kalusugan ng isip, nauugnay sa mas mataas na panganib ng pagkakaroon ng hindi gumagaling na sakit, at pumipigil sa mga tao na lumahok sa mga aktibidad sa komunidad.⁴⁵

E. Kawalan ng Tirahan at Mga Survivor ng Karahasan⁴⁶

Ang system sa pagtugon sa kawalan ng tirahan ng San Francisco ang pangunahing madudulugan para sa ligtas na pabahay para sa maraming survivor ng karahasan. Sa piskal na taon 2020-21, halos 5,000 tao sa system sa pagtugon sa kawalan ng tirahan ang na naiulat na mga survivor ng karahasan.⁴⁷

Kumpara sa lahat ng taong walang tirahan sa San Francisco, mas lamang na mga babae (55% kumpara sa 35%) at mas lamang na mga Latino/a/x (24% kumpara sa 18%) ang mga survivor sa System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan.⁴⁸ O kaya naman, sinasalaming ng demograpiko ng mga survivor ang mga nasa mas malawak na populasyon ng mga taong walang tirahan. Halimbawa, mas marami ang mga Black at transgender sa mga survivor sa System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan kumpara sa pangkalahatang populasyon ng San Francisco.⁴⁹ Napakarami rin ng mga kabataang 18 hanggang 24 na taong gulang.

Nagbibigay ang System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan ng iba't ibang serbisyo sa mga survivor, na kinabibilangan ng pagpigil sa kawalan ng tirahan, pag-abot, pang-emergency shelter, at pabahay. Halos 30% ng mga survivor na nakipag-ugnayan sa System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan ang nakatira sa permanenteng pabahay, at ang karagdagang 10% ay namamalagi sa pang-emergency na shelter o transisyonal na pabahay. Ang natitirang 60% ng mga survivor ay nakipag-ugnayan sa kahit isang serbisyo man lang sa System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan — na nagsasaad na wala silang tirahan o nasa napipintong panganib sila na mawalan ng tirahan — ngunit wala sila sa shelter o pabahay. Bagama't hindi partikular na idinisenyo ang mga programa sa shelter at pabahay sa System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan nang nasa isip ang mga survivor ng karahasan, sila ang bumubuo sa mayorya ng abot-kayang pabahay na available sa mga survivor. Nakabuod sa Talahanayan 4 ang bilang ng mga survivor na sineserbisuhan ng mga programa sa pagtugon sa kawalan ng tirahan.

⁴⁵ National Center for Injury Prevention and Control, "Community Violence Prevention."

⁴⁶ Ang lahat ng data sa System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan ay mula sa pagsusuri ng mga may-akda sa isang custom na kahilingan sa data mula sa ONE system ng San Francisco maliban na lang kung iba ang nakasaad.

⁴⁷ Tinatanong ang mga taong pumapasok sa System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan ng San Francisco tungkol sa mga karanasan ng karahasan sa panahon ng paglahok sa programa. Nilalayan ang tanong na ito upang malawakang tukuyin ang maraming uri ng karahasan, ngunit sa pagsasagawa nito, maaaring bigyang-kahulugan ang tanong na mas partikular na tumutukoy sa karahasan sa tahanan. Basahin ang "Mga Pinagkunan ng Data at Mga Pamamaraan" sa itaas para sa higit pang detalye.

⁴⁸ Pagsusuri ng mga may-akda sa custom na kahilingan sa data mula sa ONE system ng San Francisco at data mula sa 2019 Point in Time Count: Applied Survey Research, *San Francisco Homeless Count & Survey Comprehensive Report 2019* (San Francisco, 2020), 15-16, https://hsh.sfgov.org/wp-content/uploads/2020/01/2019HIRDReport_SanFrancisco_FinalDraft-1.pdf.

⁴⁹ Pagsusuri ng mga may-akda sa custom na kahilingan sa data mula sa ONE system ng San Francisco at Census Bureau ng U.S., *American Community Survey*.



Ang Nakakoordinang Paglahok ang pangunahing entry point sa System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan sa San Francisco. Nagsisimula ang proseso sa inisyal na pag-screen at nagpapatuloy ito sa paglutas ng problema sa pabahay at, kung naaangkop, sa hanggang sa proseso ng pagtatasa at pagsasaprioridad. Sa piskal na taon 2020-21, mahigit 3,600 survivor ng karahasan ang naipatala sa Nakakoordinang Paglahok, na nagsasaad na dumaan sila sa isang access point upang humiling ng tulong sa pabahay at nasa isang yugto ng proseso ng Nakakoordinang Paglahok. Dagdag pa sa mga nag-uulat na mga survivor ng karahasan, mahigit 3,000 tao na natasa sa Nakakoordinang Paglahok ang naiulat na nakikipagtalik bilang kapalit ng lugar na matutuluyan.

TALAHANAYAN 4: Mga survivor ng karahasan na nakatala sa mga programa sa pagtugon sa kawalan ng tirahan, piskal na taon 2020-21⁵⁰

Uri ng Programa	Bilang	Porsyento
Nakakoordinang paglahok	3,629	73%
Pagpigil na mawalan ng tirahan	23	<1%
Pang-emergency na shelter	479	10%
Transisyonal na pabahay	63	1%
Permanenteng pabahay	1,466	30%
Pabahay na may mga serbisyo	533	11%
Permanenteng suportang pabahay	520	10%
Rapid Re-Housing	413	8%
Outreach sa lansangan	100	2%
Kabuuan	4,966	100%

Hindi hayagang isinasaprioridad sa Nakakoordinang Paglahok ang mga survivor ng karahasan. Sa pagtatasang ginagamit para sa pagsasaprioridad, ang mga pamilya lang na may mga partikular na sitwasyon sa pamumuhay ang makakatanggap ng mga karagdagang puntos para sa pagdanas ng karahasan sa tahanan. Hindi makakatanggap ang lahat ng iba pang pamilya at nasa hustong gulang. Sa mga kabataang 18 hanggang 24 na taong gulang, nakakatanggap ng mga karagdagang puntos ang nakikipagtalik para sa lugar na matutuluyan. Ang mga survivor ng karahasan sa lahat ng uri ng sambahayan ay may 1.15 beses na posibilidad na mailagay sa status ng referral sa pabahay (48% para sa mga survivor kumpara sa 42% para sa iba pang sambahayan). Ang mga taong nakikipagtalik kapalit ng lugar na matutuluyan ay may 1.44 beses na posibilidad na maisaprioridad (54% kumpara sa 38%). Bagama't mga kabataang 18 hanggang 24 na taong gulang lang ang makakatanggap ng mga karagdagang puntos, makakakuha ng mas mataas na score ang lahat ng populasyong kukumpirma sa mga tanong na ito. Para sa karamihan ng mga uri ng sambahayan, ang pagkakaroon ng mas mataas na score ay hindi dahil sa pag-uulat ng karahasan sa tahanan o pakikipagtalik kapalit ng lugar na matutuluyan.

⁵⁰Pagsusuri ng mga may-akda sa custom na kahilingan sa data mula sa ONE system ng San Francisco. Nagpapakita sa talahanayan ng mga natatanging bilang ng mga survivor na nakatala sa mga pangunahing kategorya ng serbisyo na ibinibigay ng System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan.



Sa halip, isinasaad nito na nauugnay ang mga karanasan sa karahasan sa iba pang uri ng mga balakid o kahinaan na nakakatanggap ng mga puntos sa pagtatasa. Ipinapakita namin ang mga porsyento ng mga pagtatasang isinasapriyordad para sa pabahay ayon sa uri ng sambahayan kasama ang mas mataas na tsansang maisapriyordad (ibig sabihin, mga ratio ng probabilidad) sa Talahanayan 5.

TALAHANAYAN 5: Porsyento ng mga pagtatasang isinasapriyordad para sa pabahay ayon sa populasyon at uri ng sambahayan, piskal na taon 2020-21⁵¹

Populasyon	Porsyento ng Isinasapriyordad		Ratio ng Probabilidad
Mga Survivor ng Karahasan			
	Mga Survivor ng Karahasan	Mga Hindi Survivor	
Pangkalahatan	48%	42%	1.15
Mga nasa hustong gulang	39%	37%	1.07
Mga Pamilya	68%	68%	1.00
Kabataan	67%	62%	1.08
Nakikipagtalik Kapalit ng Lugar na Matutuluyan			
	Nakikipagtalik Nang May Kapalit	Hindi Nakikipagtali k Nang May Kapalit	
Pangkalahatan	54%	38%	1.44
Mga nasa hustong gulang	50%	29%	1.69
Mga Pamilya	-	-	-
Kabataan	81%	36%	2.21

F. Kapasidad ng Mga Resource ng System

Nabawasan ang kapasidad ng mga shelter ng San Francisco gayundin ng maraming tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima dahil sa mga pag-iingat sa kalusugan ng publiko na ginawa bilang tugon sa COVID-19. Naapektuhan sa maraming paraan ang mga programa sa ligtas na pabahay. Nagpapatakbo ang ilang programa nang may kalahati lang na kapasidad upang mabawasan ang mga potensyal na pagkakalantad sa COVID-19, tumigil din ang iba pang programa sa pagtanggap ng mga bagong referral, at nakahanap naman ang iba pa ng mga bagong oportunidad sa pagpopondo upang mapalawak ang mga serbisyo. Dagdag pa rito, dahil sa mas pinahusay na protokol sa paglilinis, humana ang oras para sa paghahanda ng mga kama sa shelter at unit ng pabahay para sa mga bagong residente, na naglilimita sa kanilang pangkalahatang kapasidad. Binawasan ng mga serbisyo sa interbensyon at adbokasiya ang kanilang mga in-person na serbisyo at sa halip ay pinalawak nito ang mga serbisyo sa telepono. Sa pangkalahatan, nagresulta ang COVID-19 sa mas mababang kapasidad upang

⁵¹ Sinuri ng Focus Strategies ang data na nakuha mula sa ONE system ng San Francisco. Maaaring tasahin ang mga sambahayan nang mahigit sa isang beses. Kasama sa pagsusuring ito ang lahat ng pagtatasa sa piskal na taon 2020-21.



maserbisyuhan ang mga survivor sa mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima at sa System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan.

Sa kabila ng mga hamong hatid ng COVID-19, naninindigan pa rin ang mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima sa pagsisilbi sa maraming survivor ng karahasan hangga't maaari. Bago ang mga limitasyon sa kapasidad na dulot ng COVID-19, may mahigit 100 kama sa pang-emergency na shelter at mahigit 300 unit ng transisyonal at permanenteng pabahay na nakalaan sa mga survivor ng karahasang batay sa kasarian.⁵² Sa kabila ng mga kamakailang pagbawas sa kapasidad, nakakapagserbisyo pa rin ang mga programa sa pang-emergency na shelter at programa sa pabahay para sa mga survivor ng karahasang batay sa kasarian sa humigit-kumulang 900 survivor at kanilang mga anak kada taon.

G. Hindi Natugunang Pangangailangan

Hindi nagkaroon ng kapasidad ang mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima na maserbisyuhan ang lahat ng survivor bago ang pandemyang COVID-19, at may mga indikasyon na nadagdagan ang pangangailangan para sa mga serbisyo sa biktima simula noon.

Tinanggihan ng mga shelter para sa karahasan sa tahanan ang 2,150 tao sa piskal na taon 2019-20, na tumaas nang mahigit 500% mula sa nakaraang taon.⁵³ Bagama't tinanggihan ang ilang tao para sa mga dahilang bukod sa mga limitasyon sa kapasidad (halimbawa, hindi nakakaranas ng karahasan sa tahanan), ang isang shelter pa lang ay wala nang kakayahang maserbisyuhan ang 400 survivor at kanilang mga anak sa piskal na taon 2020-21 dahil sa pagiging puno ng shelter.⁵⁴ Dagdag pa rito, ang information referral center para sa karahasan sa tahanan ng W.O.M.A.N., Inc., na isang online na network na nagbibigay-daan sa mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima na magbahagi ng mga mapagkukunan at referral, ay nakakita ng mga pagtaas sa mga hit ng website mula 31,000 noong 2019⁵⁵ hanggang sa lampas sa 125,000 noong 2020.⁵⁶

Bago pa ang pandemya, nakakaranas na ang mga survivor ng human trafficking ng iba't ibang limitasyon sa serbisyo, kung saan pinakakaraniwan ang tulong sa ligtas na pabahay at pinansyal na tulong. Iniulat ng mga tagapagkaloob ng serbisyo ang pang-emergency na shelter bilang pinakakaraniwang serbisyon hindi natutugunan sa mga kabataang 18 hanggang 24 na taong gulang at ang pabahay bilang pinakakaraniwang serbisyon hindi natutugunan sa mga nasa hustong gulang na lampas 25 taong gulang.⁵⁷ Hindi available ang data sa mga hindi natutugunang pangangailangan ng mga survivor ng karahasan sa komunidad.

⁵² Bagama't limitado sa pisikal na espasyo, hindi fixed ang kapasidad ng pang-emergency na shelter at pabahay. Regular na isinasabay ng mga programa ang kanilang mga espasyo upang mapagkasya ang mga pamilya ng mga survivor, kung kaya pagtatantya lang ang mga binabanggit na kapasidad.

⁵³ Department on the Status of Women, *GBV 3-Year Review*, 7.

⁵⁴ Pagsusuri ng mga may-akda sa data na ibinigay ng tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima.

⁵⁵ W.O.M.A.N., Inc., 2019 Annual Report, 2, <https://womaninc.wordpress.com/2019/12/03/2019-w-o-m-a-n-inc-annual-report/>.

⁵⁶ W.O.M.A.N., Inc., 2020 Annual Report, 3, <https://womaninc.wordpress.com/2020/12/02/womaninc2020/>.

⁵⁷ Department on the Status of Women, *Human Trafficking*, 77-78.



Dahil limitado ang data sa mga survivor ng karahasan at kanilang mga pangangailangan, mahirap bilangin ang kabuuang pangangailangan para sa mga serbisyo at tantyahin ang mga limitasyon sa serbisyo. Dahil sa pagdami ng mga kahilingan para sa mga serbisyo sa biktima at pagkabawas ng kapasidad sa ilang tagapagkaloob ng serbisyo, malamang na nadagdagan ang mga limitasyon sa serbisyo simulan noong nagsimula ang pandemyang COVID-19.

Gayundin, sa System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan, wala pang 1,200 tao sa kabuuan na walang tirahan — hindi lang mga survivor — ang nakatanggap ng rapid re-housing, permanenteng suportang pabahay, o iba pang subsidiya sa upa sa piskal na taon 2020-21 mula sa mahigit 2,600 na naisaprioridad.⁵⁸ Kung ipagpapalagay na nailagay sa pabahay ang mga survivor at non-survivor sa parehong rate, tinataya namin na humigit-kumulang 750 sa 3,600 survivor (21%) sa Nakakoordinang Paglahok ang nailagay sa mga permanenteng pabahay. Bagama't hindi lahat ng survivor ng karahasan sa Nakakoordinang Paglahok ay nangangailangan ng pabahay na may permanenteng subsidiya, malinaw na nahihigitan ng demand para sa pabahay kung ano ang available sa pamamagitan ng System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan.

IV. KONGKLUSYON

Nagsasalubong ang mga populasyon ng mga survivor ng karahasan at taong walang tirahan.

Magkakahiwalay ang mga system na nagseserbisyo sa mga tao sa interseksyong ito, na nagpapakumplikado sa pag-access at pagtungo sa mga serbisyo. Ang mga programa sa ligtas na pabahay — kabilang ang pang-emergency na shelter, transisyonal na pabahay, at permanenteng pabahay — ay may mahalagang tungkuling ginagampanan para sa mga survivor ng karahasan na nangangailangan ng mga ligtas na lugar upang maging matatag at makapagsimulang muli sa kanilang mga buhay. Maraming residente ng San Francisco na nakaranas ng karahasan ang naghahanap ng mga serbisyo bawat taon, ngunit limitado ang kapasidad na makapagbigay ng mga serbisyo, lalo na ng ligtas na pabahay.

Matindi ang kakulangan ng mga oportunidad sa pabahay para sa mga survivor ng karahasan, gaya ng para sa mga taong walang tirahan. Bagama't hindi kumpleto ang kasalukuyang system sa lahat ng kinakailangang mapagkukunan para sa pabahay, maaaring makatulong ang mga pagpapahusay sa system upang mas mabilis na maka-access ang mga survivor ng ligtas na pabahay. Batay sa available na data, inirerekomenda ng Focus Strategies ang sumusunod:

Alamin ang Mga Access Point sa Nakakoordinang Paglahok para sa Mga Survivor

Napakamahalagang mapagkukunan ang ligtas na pabahay para sa mga survivor ng karahasan. Upang matiyak na may access ang mga survivor sa mga oportunidad sa pabahay sa pamamagitan ng Nakakoordinang Paglahok, inirerekomenda naming alamin

⁵⁸ Department of Homelessness and Supportive Housing, City and County of San Francisco, *Director's Report, Local Homelessness Coordinating Board, August 2, 2021*, (San Francisco, 2021), <https://hsh.sfgov.org/wp-content/uploads/2021/08/LHCB-August-2021-FINAL-003.pdf>.



ang naka-target na access point para sa mga survivor. Dapat idisenyo ang mga access point para sa mga survivor nang may pagtuon sa kaligtasan, privacy, at mga natatanging karanasan at pangangailangan ng mga survivor. Depende sa mga pangangailangan at priyoridad ng mga survivor, ang mga naka-target na access point ay maaaring i-embed sa mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima, idisenyo bilang mga nakalaang espasyo sa mga kasalukuyang access point, o buuin bilang mga bagong stand-alone na espasyo sa mga partikular na piniling heograpikong lokasyon. Ang pag-alam sa mga ito at sa iba pang posibilidad ang dapat na pangunahin sa mga tinig ng mga survivor at nagsasama ng kahusayan ng mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima.

Paunlarin ang Mga Pakikipagtulungan sa Mga Tagapagkaloob ng Serbisyo sa Biktima

Ipinapahiwatig ng maraming pagsasalubong sa pagitan ng mga survivor ng karahasan at taong walang tirahan ang kahalagahan ng pagpapaunlad ng mga pagtutulungan sa pagitan ng mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima at System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan. Dapat na bi-directional ang mga pagtutulungan sa pagitan ng mga system na ito. Halimbawa, maaaring makipagtulungan ang System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan sa mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima upang matukoy ang mga estratehiya para mapahusay ang access sa Nakakoordinang Paglahok o matulungan ang mga survivor na malaman ang proseso sa referral sa pabahay. Gayundin, maaaring magtakda ang mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima ng mga pathway sa referral para sa mga survivor sa System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan o maaari silang magbahagi ng kahusayan sa pagbuo ng mga serbisyong naaangkop sa trauma at karahasan.

Makakatulong ang paglikha ng mga oportunidad para sa kolaborasyon sa pagitan ng mga system sa parehong disenyo at paghahatid ng serbisyo

upang matiyak na matutugunan ang mga pangangailangan ng mga survivor sa alinmang system sila unang pumasok.

Punan ang Mga Kakulangan sa Kaalaman upang Mapahusay ang Pagpapalano sa System

Dahil sa mga limitasyon sa data, nagiging mahirap ang pagsukat sa mga limitasyon sa kapasidad upang maipabatid sa pagpapalano ng system. Gayunpaman, lumilikha ang pagdisenyo at pagpapatupad ng proseso ng Nakakoordinang Paglahok para sa mga survivor ng karahasan ng oportunidad na matasa nang mas detalyado ang mga limitasyon sa kapasidad. Inirerekomenda namin ang pagpapalawak at pag-standardize ng pangongolekta ng data sa ONE system upang maisama ang maraming uri ng karahasan para mas mahusay na maipakita ang bilang ng mga survivor sa System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan. Bukod pa rito, maaaring gamitin ang ONE system upang mangalap ng detalyadong impormasyon tungkol sa mga pangangailangan ng survivor at upang subaybayan ang mga referral sa mga pangunahing serbisyo. Makakatulong ang pagdaragdag ng mga kakayahang ito na mapunan ang mga kakulangan sa kaalaman at mabigyang-daan ang mas detalyadong pagsusuri sa mga hindi natutugunang pangangailangan ng mga survivor, na maaaring magbigay ng impormasyon sa pagpapalano ng system.



APENDISE A: LISTAHAN NG MGA PINAGKUNAN NG DATA

A. Mga Lokal na Pinagkunan ng Data

Publisher	Pinagkunan ng Data	Uri ng Pinagkunan ng Data
Applied Survey Research	Kumprehensibong Ulat sa Bilang ng Mga Walang Tirahan at Survey sa San Francisco 2019	Ulat
Kagawaran ng Hustisya ng California	Mga Krimen at Clearance	Custom na query sa data mula sa website
Lungsod at County ng San Francisco	Rate ng Marahas na Krimen at Rate ng Krimen sa Ari-arian	Website
Departamento ng Kawalan ng Tirahan at Suportang Pabahay	Custom na kahilingan sa data mula sa ONE system	Custom na query sa data
Departamento ng Kawalan ng Tirahan at Suportang Pabahay	Ulat ng Direktor, Lokal na Nagkokoordinang Lupon para sa Kawalan ng Tirahan, Agosto 2, 2021	Ulat
Departamento sa Kalagayan ng Kababaihan	Ulat ng Konseho sa Karahasan sa Pamilya, Hulyo 01, 2019 - Hunyo 30, 2020	Ulat
Departamento sa Kalagayan ng Kababaihan	Pagsusuri para sa 3 Taon ng Programa sa Mga Gawad Para sa Interbensyon at Pagpigil sa Karahasang Batay sa Kasarian	Ulat
Departamento sa Kalagayan ng Kababaihan	Mga Highlight ng Programa sa FY 2019-2020 ng Programa sa Mga Gawan Para sa Pagpigil at Interbensyon sa Karahasang Batay sa Kasarian	Ulat
Departamento sa Kalagayan ng Kababaihan	Data ng Human Trafficking sa San Francisco 2017	Ulat
San Francisco 311	Custom na kahilingan sa data mula sa 311	Custom na query sa data
Tanggapan ng Abogado ng Distrito ng San Francisco	2020 Ulat ng Survey Tungkol sa Epekto sa Biktima	Ulat
Tanggapan ng Abogado ng Distrito ng San Francisco	Ulat sa Pagtatapos ng Taon 2020	Ulat
Departamento ng Pulisya ng San Francisco	Kada Quarter na Ulat sa Aktibidad at Data ng SFPD 2020 Ulat sa Quarter 4	Ulat
W.O.M.A.N., Inc.	2019 Taunang Ulat	Ulat
W.O.M.A.N., Inc.	2020 Taunang Ulat	Ulat



B. Mga Pinagkunan ng Data sa Bansa

Publisher	Pinagkunan ng Data	Uri ng Pinagkunan ng Data
Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit	Pagpigil sa Karahasan sa Komunidad	Website
Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit	Survey sa Karahasan ng Romantikong Kapareha at Sekswal na Karahasan: 2010-2012 Ulat ng Estado	Ulat
Polaris	Mga Trend ng Human Trafficking sa 2020	Ulat
Kagawaran ng Senso ng U.S.	2019 Mga Pagtataya sa 1 Taon sa Survey sa Komunidad ng Amerikano	Custom na query sa data mula sa website
Kagawaran ng Hustisya ng U.S.	Pagiging Biktima ng Krimen, 2020	Ulat
Kagawaran ng Hustisya ng U.S.	Survey sa Pagiging Biktima ng Krimen sa Bansa	Dataset



APPENDISE B: MGA SERBISYONG IBINIBIGAY NG SYSTEM SA PAGTUGON SA KAWALAN NG TIRAHAN AT TAGAPAGKALOOB NG SERBISYO SA BIKTIMA

Mga Serbisyo	System sa Pagtugon sa Mga Walang Tirahan (simula noong Enero 2019)	Mga Tagapagkaloob ng Serbisyo sa Biktima
Mga Entry Point	Nakakoordinang Paglahok sa pamamagitan ng iba't ibang mapagkukunan sa komunidad, kabilang ang: Mga access point Access mga partner Mga tagapagsulong sa komunidad Mga ahensya ng mga serbisyong panlipunan Mga kawani ng pulisya at departamento ng sunog	Mga linya para sa krisis Sentro ng impormasyon at referral para sa karahasan sa tahanan 311 Pulisya
Paglutas sa Problema	700 Slot para sa pagpigil sa pagpapaalis at tulong sa paglipat 850 Homeward Bound slot	
Outreach sa Lansangan	193 Upuan sa mga resource center, HSOC, SFHOT	St James Infirmary
Pansamantalang Shelter	1,400 Kama sa shelter 500 Navigation center bed 100 Stabilization unit 450 Kama sa transisyonal na pabahay	35 kama sa La Casa 10 kama sa AWS 23 kama sa Riley Center
Tirahan	440 Slot para sa rapid rehousing 300 Subsidiya sa Moving On initiative 7,770 Unit sa permanenteng suportang pabahay	Rapid rehousing Transisyonal na pabahay: 28 unit sa Gum Moon 10 unit sa Safe House 35 unit sa Brennen House Permanenteng pabahay: 91 unit sa Mary Elizabeth Inn
Iba Pang Serbisyo		Interbensyon at adbokasiya Pagpapayo Mga legal na serbisyo Pagpigil sa karahasan, edukasyon, at pagsasanay



Apendise E: Mga Pagpapahalaga ng Working Group para sa Ligtas na Pabahay at Mga Kasunduan sa Grupo

Ang Working Group para sa Ligtas na Pabahay ay Ginagabayan ng Mga Sumusunod na Pagpapahalaga:

- Pagsesentro ng Mga Survivor
- Intersectionality
- Radikal na Pakikinig

Sama-samang Nagpapatakbo ang Mga Miyembro ng Working Group para sa Ligtas na Pabahay nang Isinasaisip ang Mga Kasunduang Ito:

- Hindi kinakailangan o hindi pinipigilan ang paghahayag ng survivorship/mga aktwal na karanasan.
- Hindi kami humihingi ng mga detalye tungkol sa dating trauma.
- Nakikibahagi kami sa matapang na pag-uusap.
- Gumagamit kami ng aktibong pakikinig.
- Iginagalang at kinikilala namin ang kahusayan ng bawat isa.
- Maingat naming iniwasan ang mga acronym at ipinapaliwanag namin ito kung ginagamit namin.
- Iginagalang namin ang privacy at pagiging kumpidensyal ng mga tao at hindi namin ibinabahagi ang mga detalye ng mga personal na karanasan na maaaring ibahagi. Kinikilala namin na kalahok sa grupo ang mga mandatoryong tagaulat.
- Iginagalang namin ang mga karapatan ng mga tao na panatilihin naka-on o naka-off ang kanilang mga camera at na makipag-ayos kung kinakailangan.
- Isinasaisip namin na may ilang miyembro na maaaring may dual na ugnayan sa iba pang miyembro (kliyente/provider; tagapagpondo/grantee) at na maaaring may presensya ng power dynamics.



Apendise F: Buod ng Pagmamapa ng Mga System


Bumuo ang Working Group para sa Ligtas na Pabahay ng mga biswal na paglalarawan ng dalawang potensyal na karanasan ng mga hypothetical na survivor na sumusubok na pumunta sa system ng Nakakoordinang Paglahok (CE). Ginagawa ang mga sitwasyong binuo para magamit sa aktibidad ng pagmamapa nang sa gayon ay malaman ng Working Group ang mga daan at potensyal na balakid na kinakaharap ng mga survivor habang sinusubukang mag-access ng ligtas na pabahay, hindi lamang dahil sa kanilang karanasan bilang survivor, ngunit dahil din sa mga isyung maaaring magmula sa access sa wika, pagkakakilanlan bilang LGBTQ+, paggamit ng substance, bumubuo ng pamilya, at dating trauma.

Sitwasyon 1

Si Chantin ay isang imigranteng Nepali na may limitadong kahusayan sa Ingles na tumakas sa nananakit sa kanya ngunit maingat at hindi sigurado tungkol sa mga mainstream na serbisyong panlipunan. Mayroon siyang isang anak. Wala sa kanyang kustodiya ang anak niya dahil sa mga alalahanin tungkol sa paggamit ng substance ngunit sinisikap niyang mabawi ang anak niya. Kailangan niya ng pabahay para sa kanya at sa kanyang anak na lalaki.

- Kabilang sa mga balakid na natalakay ang access sa wika para sa *anumang* serbisyo, mga serbisyong partikular sa kultura, pagiging kwalipikado para sa pabahay batay sa status sa imigrasyon, mga interaksyon sa kapakanan ng bata, mga mandatoryong serbisyo, at pagkakaiba sa pagitan ng lumalala o dating pag-abuso sa substance.
- Sa pangkalahatan, napag-alaman ng grupo na may ilang posibleng pathway ang survivor; gayunpaman, may ilang entry point na ginawang pormal ang mga ugnayan sa System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan (HRS) habang may iba na hindi gumawa nito. Samakatuwid, maaaring hindi maging kasama sa matatanggap ng mga survivor ang pagkonekta sa mga mapagkukunan para sa pabahay.
- Siniyasat ng grupo kung may kagamitan ang mga nagre-refer na ahensya upang makapagbigay ng mga follow up na serbisyo at matulungan ang mga survivor na magpatuloy sa mga susunod na hakbang.

Sitwasyon 1 Mapa



Kongklusyon
 May ilang posibleng pathway ang survivor, ngunit may ilang entry point na ginawang pormal ang mga ugnayan sa System sa Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan habang may ibang hindi gumawa nito. Maaaring hindi maging kasama sa matatanggap ng survivor ang pagkonekta sa mga mapagkukunan para sa pabahay.


Kapag ni-refer ang survivor, gaano kasapat ang kagamitan ng nagre-refer ng ahensya upang masubaybayan ang survivor at matulungan siyang magpatuloy sa mga susunod na hakbang?

Sitwasyon 2

Si Alex ay isang BIPOC non-binary na indibidwal na walang tirahan sa loob ng apat na taon. Survivor siya ng tuloy-tuloy na trauma at maraming mang-aabuso ang nanakit sa kanya ngunit bihira siyang makatugon sa mga kahingian sa pagiging kwalipikado para sa anupaman bukod sa pansamantalang pabahay. Naghahanap siya ng paraang makaalis sa kalye at magkaroon ng permanenteng pabahay.

- Ang mga balakid na natukoy sa pag-navigate sa system ng CE ay kinabibilangan ng pagkakaroon ng mga mang-aabuso ng access sa mga survivor sa mga navigation center; mga navigation center na maaaring puno, nakakatuliro, nakakatakot, at nakaka-trigger; mga kahingian sa pakikipag-ugnayan sa tagapagpatupad ng batas; at kung nakikita bilang mga potensyal na mapagkukunan ng referral sa pabahay ang mga organisasyon ng LGBTQ+.

Sitwasyon 2 Mapa



Pagbabago sa Pagsasalarawan ng Nakakoordinang Paglahok

Hinati-hati ang mga miyembro ng Working Group sa mas maliliit na breakout group upang talakayin ang tatlong paksa, sa pamamagitan ng mga nauugnay na tanong.

1. Paksa ng Unang Grupo: *Pagtugon sa Malawak na Hanay ng Mga Pangangailangang Partikular sa Survivor.*
 - a. Nakatuon ang mga tanong sa kung ano ang hinahanap ng mga survivor sa Nakakoordinang Paglahok (CE), mga balakid na dapat matugunan para sa mas epektibong pagtugon, at ano ang hitsura ng CE na nakasentro sa survivor.
 - b. Kabilang sa mga lumitaw na tema ang hindi kumportable ang mga survivor o hindi nila nararamdamang ligtas sila sa pag-access ng mga serbisyo; nagtatrabaho ang mga salarin sa system at nasusubaybayan nila ang mga survivor sa pamamagitan ng mga database; hindi ligtas ang mga opsyon sa pabahay; kasing halaga ng pisikal na kaligtasan ang kaligtasan ng isip; dapat magkaroon ng hiwalay na CE para sa mga survivor na may mga karagdagang hakbang sa pagiging kumpidensyal; at kailangan ng mga tagapagkaloob ng serbisyo ng tuloy-tuloy na pagsasanay sa mga serbisyong partikular sa kultura at naaangkop sa trauma at komunikasyon (lalo na sa mga pagtanggap).
2. Paksa ng Pangalawang Grupo: *Ligtas na Access.*
 - a. Nakatuon ang mga tanong sa accessibility, mga protocol, at privacy sa mga Access Point.
 - b. Kabilang sa mga temang lumitaw mula sa grupong ito ang pagpapalawak ng mga Access Point at mobile na serbisyo; 24/7 na access sa mga hotline at pang-emergency na shelter; mga co-located na serbisyo; naka-encrypt na data; pagsasanay at pananagutan sa pagkakumpidensyal; at access sa wika.
3. Paksa ng Pangatlong Grupo: *Pagsasaprioridad.*
 - a. Nakatuon ang mga tanong sa mga prioridad na populasyon para sa status ng referral sa pabahay, mga salik na dapat isaalang-alang para sa proseso ng pagtutugma para sa mga bukas na unit, at anong pagsasanay ang dapat na maibigay sa mga kawani ng HRS.
 - b. Kabilang sa mga tema ang pag-iwas sa mga “checkbox” na disenyo/anyo na hindi tumitiyak sa pagbibigay ng konteksto; pagtutugma ng mga survivor sa pabahay na ligtas at hindi umuulit sa pagdudulot ng trauma; mga balakid sa pagsasaprioridad ng “patuloy” na walang tirahan; pagpapalawak ng kaalaman sa mga natatanging isyu ng survivor; pagiging kumplikado ng paghahayag kapag hindi kumportable; at pagbibigay ng bayad sa mga taong may aktwal na karanasan upang masuri, kasamang magawa, at maikonteksto ang buong proseso (kabilang ang kapaligiran).

Apendise G: Memo tungkol sa Portfolio sa Pabahay Kaugnay ng Karahasang May Kinalaman sa Kasarian para sa FY22-23 ng Departamento sa Kalagayan ng Mga Kababaihan



Lungsod at County ng San Francisco

London N. Breed
Mayor

Department on the Status of Women



Petsa: Setyembre 29, 2022

Para Kay: Joseph Macaluso, Deputy Director / Chief of Staff Mula Kay:

Elise Hansell, Program Manager, Economic Security

Paksa: Portfolio sa Pabahay Kaugnay ng Karahasang May Kinalaman sa Kasarian para sa FY22-23 ng Departamento sa Kalagayan ng Mga Kababaihan

Ang sumusunod na walang kontrata ay may kabuuang \$3,159,955. Tatlo (3) ang mga pang-emergency na shelter, at ang limang

(5) iba pa ay nagbibigay ng mga serbisyo sa transisyonal na pabahay at pamamahala ng kaso. Sinimulan ang mga kontratang ito sa pamamagitan ng kumpetitibong proseso ng RFP. Mag-e-expire ang mga opsyon sa pag-renew sa FY 24-25 sa Hunyo 30, 2025.

Pangalan ng Pinagkaloobang Organisasyon	Pamagat ng Gawad	Area ng Programa	FY 22-23 Base Contract
Asian Women's Shelter	Programa sa Pang-emergency na Shelter para sa Biktima ng Karahasan sa Tahanan	Shelter Para sa Biktima ng Karahasan sa Tahanan	\$305,948

Paglalarawan ng Programa: Ang Programa sa Pang-emergency na Shelter para sa Biktima ng Karahasan sa Tahanan ng Asian Women Shelter (AWS) ay nagbibigay ng shelter, pagkain, damit, at iba pang kinakailangan para sa mga survivor ng karahasan at kanilang mga anak. Sa ilalim ng probisyon ng gawad na ito, magbibigay ang AWS sa 11 nasa hustong gulang ng 512 bed night at sa 10 bata ng 512 bed night sa pamamagitan ng Programa sa Shelter. Nagbibigay din ang AWS ng kumprehensibong pamamahala sa kaso, indibidwal at panggrupong pagpapayo para sa mga survivor at kanilang mga anak.

Pangalan ng Pinagkaloobang Organisasyon	Pamagat ng Gawad	Area ng Programa	FY 22-23 Base Contract
La Casa de las Madres	Programa sa Pang-emergency na Shelter para sa Biktima ng Karahasan sa Tahanan	Shelter para sa Biktima ng Karahasan sa Tahanan	\$635,068

Paglalarawan ng Programa: Ang Programa sa Pang-emergency na Shelter para sa Biktima ng Karahasan sa Tahanan sa La Casa de las Madres (La Casa) ay nagbibigay ng may kumpidensyal na lokasyon, na panandaliang shelter sa mga survivor ng karahasan sa tahanan at kanilang mga anak. Sa ilalim ng probisyon ng gawad ng DOSW, magbibigay ang La Casa sa 28 survivor sa loob ng 12 buwan, ng hindi bababa sa 1,112 bed night sa isang ligtas na kapaligiran.

Ang bawat bed night ay may kasamang access sa tatlong (3) balanseng meal kada araw at mga probisyon ng pangunahing pangangailangan para sa pagkain, damit, mga personal na item, at emosyonal na suporta. Iniuugnay din ng La Casa ang mga residente sa mga epektibo, nauugnay sa kultura, at may naa-access na wika na serbisyo ng suporta – pagpapayo at mga therapeutic na serbisyo gayundin sa mga serbisyong nauugnay sa pamamahala ng kaso.

Pangalan ng Pinagkaloobang Organisasyon	Pamagat ng Gawad	Area ng Programa	FY 22-23 Base Contract
La Casa de las Madres	Proyekto sa Ligtas na Pabahay sa Awtoridad sa Pabahay ng San Francisco	Shelter para sa Biktima ng Karahasan sa Tahanan	\$155,691

Paglalarawan ng Programa: Ang Proyekto sa Ligtas na Pabahay sa Awtoridad sa Pabahay ng San Francisco (Safe Housing Project at San Francisco Housing Authority o SFHA) ay nagbibigay ng access, kaalaman, at kapasidad sa mga residente, kawani, at katuwan ng SFHA. Gagawin ang probisyon ng proyekto at serbisyo sa mga tanggapan ng Awtoridad sa Pabahay ng San Francisco mula 8:30 am hanggang 5 pm, Lunes hanggang Biyernes, nang may mga paunang isinaayos na oras sa gabi at weekend upang mapangasiwaan ang mga event na gaya ng napagpasyahan.

Magbibigay din ng mga serbisyo sa Drop In Center ng La Casa. Sa pamamagitan ng outreach, edukasyon, pagsasanay at teknikal na tulong, mga serbisyo ng suporta sa mga survivor at adbokasiya ng mga system, nabibigyang-lakas ng proyekto ang mga survivor ng karahasan sa tahanan, naisasaprioridad nito ang kanilang kaligtasan, at nalilintang nito ang mga pamantayan sa komunidad na naglalagay sa sentro ng pananagutan para sa mga epekto ng karahasan sa tahanan mula sa mga mapang-abusong salarin at sumusuporta sa mga ugnayang malusog at hindi nagdudulot ng karahasan sa tahanan.

Pangalan ng Pinagkaloobang Organisasyon	Pamagat ng Gawad	Area ng Programa	FY 22-23 Base Contract
Gum Moon Women's Residence	Transisyonal na Pabahay para sa Mga Imigranteng Survivor ng Karahasan sa Tahanan	Transisyonal na Pabahay	\$117,599

Paglalarawan ng Programa: Ang Transisyonal na Pabahay para sa Mga Imigranteng Survivor ng Karahasan sa Tahanan ng Gum Moon ay nagre-reserba ng 15 naka-subsidize na transisyonal na kama sa Gum Moon Women's Residence para sa mga imigranteng survivor ng karahasan sa tahanan. Magbibigay ang Gum Moon ng pamamahala sa kaso upang matulungan ang mga monolingual na imigranteng survivor na mag-navigate sa mga mapagkukunan at magbigay din ng mga bilingual na serbisyo ng suporta, hindi pormal na pagpapayo, mga grupo ng suporta, referral sa trabaho/vocational na pagsasanay, at pagpapatala para sa mga klase sa English as a Second Language (ESL).

Pangalan ng Pinagkaloobang Organisasyon	Pamagat ng Gawad	Area ng Programa	FY 22-23 Base Contract
San Francisco Safe House	Programa sa Transisyonal na Pabahay Ng Safe House	Transisyonal na Pabahay	\$293,234
<p><u>Paglalarawan ng Programa:</u> Ang Programa sa Transisyonal na Pabahay ng Safe House ay nagbibigay ng ligtas at kumpidensyal na pabahay sa 10 kababaihan sa bawat pagkakataon. Ang team sa pamamahala ng kaso ay nagbibigay ng mga indibidwal na pulong gayundin ng kasama at mobile na adbokasiya para sa mga residente ng programa. Sinusuportahan ng Mga Tagapamahala ng Kaso ang mga residente sa pagtukoy at pagsisikap patungo sa mga layuning nauugnay sa pagsuporta sa sarili, pagbangon mula sa trauma, pagkakaroon ng sariling hanapbuhay at permanenteng pabahay.</p>			

Pangalan ng Pinagkaloobang Organisasyon	Pamagat ng Gawad	Area ng Programa	FY 22-23 Base Contract
Mary Elizabeth Inn	Pamamahala ng INN Roads + 58 Unit na Property, Pangangasiwa ng Programa at Permanenteng Pansuportang Pabahay	Transisyonal na Pabahay	\$1,077,328
<p><u>Paglalarawan ng Programa:</u> Ang Mary Elizabeth Inn ay nagbibigay ng Mga Serbisyo ng Suporta sa mga tenant na nakatira sa 58 unit sa Mary Elizabeth Inn. Pinangangasiwaan din ng grantee ang Programang InnRoads, isang post- shelter empowerment program na nagbibigay ng 18 unit para sa mga survivor ng karahasan sa tahanan na may napakababang kita.</p> <p>Ang Mga Serbisyo ng Suporta ay boluntaryo at available sa lahat ng tenant ng gusali. Kabilang sa Mga Serbisyo ng Suporta ang, ngunit hindi limitado sa sumusunod: outreach, pamamahala sa kaso ng pagtanggap at pagtatasa, adbokasiya ng mga benepisyo, at tulong, mga referral at pagkoordinang mga serbisyo, mga grupo ng suporta at social event.</p>			

Pangalan ng Pinagkaloobang Organisasyon	Pamagat ng Gawad	Area ng Programa	FY 22-23 Base Contract
St. Vincent de Paul (Riley Center) - Rosalie House	Programa sa Pang-emergency na Shelter para sa Biktima ng Karahasan sa Tahanan - Rosalie House	Shelter para sa Biktima ng Karahasan sa Tahanan	\$309,123
<p><u>Paglalarawan ng Programa:</u> Ang Rosalie House ay isang 12 linggong pang-emergency na shelter na may 22 kama para sa mga survivor ng karahasan sa tahanan at kanilang mga anak na nakaranas ng pisikal, sekswal o emosyonal na pang-aabuso, nang may priyoridad sa mga nasa agarang panganib. Bilang karagdagan sa pagbibigay ng shelter, pagkain, at damit, nag-aalok ang Rosalie House ng pagpapalano sa kaligtasan, indibidwal na pagpapayo, mga grupo ng suporta, pamamahala sa kaso, mga grupo sa parenting, legal na tulong, mga referral sa trabaho/edukasyon at tulong sa paghahanap ng pabahay.</p>			

Pangalan ng Pinagkaloobang Organisasyon	Pamagat ng Gawad	Area ng Programa	FY 22-23 Base Contract
St. Vincent de Paul (Riley Center) - Brennan House	Programa sa Transisyonal na Pabahay -Brennan House	Transisyonal na Pabahay	\$265,964
<p><u>Paglalarawan ng Programa:</u> Ang Brennan House ay isang 12 buwang programa sa transisyonal na pabahay na may 32 kama para sa mga survivor at kanilang mga anak. Ang bawat pamilya ay may pribadong silid na may naaangkop na bilang ng mga kama at access sa pangkalahatang kusina at espasyo sa pagtitipon. Tinutulungan ng mga kawani ang mga survivor at kanilang mga anak na makayanan ang mga pangmatagalang epekto ng pang-aabuso sa pamamagitan ng mga lingguhang session ng indibidwal na pagpapayo, grupo ng suporta at pulong tungkol sa parenting. Maaari ding samahan ng mga tagapamahala ng kaso ang mga survivor sa mga appointment, maaari silang magsilbing mga tagapagsulong sa mga legal na pagdinig, maaari silang magbigay ng lingguhang tulong sa paghahanap ng trabaho, kabilang ang transportasyon papunta sa mga panayam.</p>			

-
- i. Komunikasyon sa email kay Sarah Locher; 8/28/2022.
 - ii. Focus Strategies. (2022) Departamento ng Mga Walang Tirahan at Suportang Pabahay ng San Francisco Nangangailangan ang Komunidad ng Pagtatasa para sa Mga Survivor ng Karahasan: Quantitative na Pagsusuri.

Mga Pasasalamat

Nais pasalamatan ng Safe Housing Alliance (SHA) ang mga miyembro ng team sa proyekto (Sharlena Powell mula sa SHA, Hope Lyzette Newton mula sa VOW, Cristian Eduardo at Brittany Pearson, na nagkokonsulta sa pamamagitan ng SPC) na naging daan sa pagbuo at pagsasagawa ng marami sa mga aktibidad na nauugnay sa proyektong ito. Nais din naming pasalamatan ang mga interpreter (Félix E. Gardón Rivera at Anaís Velázquez-Garay) at mga tagapagsaling-wika ((Aidee Lomeli at Jingyu (Yuki) Chen, na nagkokonsulta sa pamamagitan ng SPC, at Taryk Rouchdy ng International Effectiveness Centers)) na tumulong sa pagtiyak na naisagawa ang mga aktibidad nang naaayon sa mga prinsipyo sa pagbibigay ng hustisya sa wika. Nagpapasalamat kami sa mga facilitator ng session sa pakikinig at pagsisiyasat na tumiyak ng karanasang naaangkop sa trauma para sa mga kalahok (Hazell Imbert at Yvonne Chen, nagkokonsulta sa pamamagitan ng SPC, at Jessamy Klapper at Michaia Walker, mga naka-standby na independent consultant).

Pasasalamat din kay Elisabet Avalos mula sa Departamento ng Kawalan ng Tirahan at Suportang Pabahay (HSH) ng San Francisco, at sa mga katuwang sa proyekto na Focus Strategies at Home Base. Maraming stakeholder ng komunidad ang nagbigay sa amin ng kanilang oras at pinag-isipang opinyon upang matulungan kaming magkaroon ng malinaw na larawan kung paano gumagana ang mga kasalukuyang system. Pasasalamat din sa mga nagserbisyo sa Working Group para sa Ligtas na Pabahay (Denny Machuca-Grebe, Jessica Lindquist, at Kaitlyn Motley ng HSH, Dulce Garcia ng Office of Sexual Harrassment and Assault Response and Prevention, Elise Hansell ng Department on the Status of Women, Janelle White ng SF Women Against Rape, Kasie Lee ng SF District Attorney’s Office, Pau Crego ng Office of Transgender Initiatives, Sabrina Woon ng Woman Inc, Tina Robinson ng Owing My Own Truth, Ursula Hill ng Bay Area Legal Aid, at Valeria Monroy ng Tahirah Justice Center), lalo na sa mga co-chair bng survivor na sina Shelby L. Bergeron, Bailey Briner, at Netsui Gosney at Kiku; mga co-chair ng organisasyon sa komunidad na sina Mei Hung at Orchid Pusey ng Asian Women’s Shelter; at sa tatlong karagdagang tao na may aktwal na karanasan at piniling hindi maipakilala sa publikasyong ito.

Higit sa lahat, lubos na nagpapasalamat ang Safe Housing Alliance sa mga survivor ng karahasan sa tahanan, sekswal na pag-atake at human trafficking sa San Francisco na nag-ambag ng kanilang oras, kaalaman, pananaw, at puso sa proyektong ito.

Copyright © 2022 Safe Housing Alliance

@SafeHousingTA

#KarapatangPantaoAngLigtasNaPabahay



safehousingta.org 712
H Street NE, #726
Washington, DC 20002